
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • AGOSTO 2011

# Liahona



## Mga Tradisyon ng Balanseng Pamumuhay, p. 30

**Paglago ng Ebanghelyo sa Galápagos, p. 22**

**Pinalakas ng mga Kabataan ang Patotoo sa Pamamagitan ng Musika, mga pahina 52, 54**

**Pagninilay sa Plano ng Diyos para sa Akin, p. 60**



*Ang Pagtitipon,* ni Joshua Wallace Jensen

*Noong 1997, para gunitain ang ika-150 anibersaryo ng pagdating ng mga pioneer noong Hulyo 24, 1847, muling nilakad ng mga makabagong "pioneer" na Banal sa mga Huling Araw ang nilakad ng mga pioneer mula Winter Quarters, Nebraska, hanggang Salt Lake Valley. Ang larawang ito ay batay sa ginawang paglakad na iyon. Ang himnong "Mga Banal, Halina," na isinulat ni William Clayton noong 1846, ay angkop sa dalawang grupong ito ng mga pioneer:*

Mga Banal, halina't gumawa;
Maglakbay sa tuwa.
Mahirap man ang 'yong kalagayan,
Biyaya'y kakamtan.
Makabubuting magsikap
Nang pighati'y 'di malasap.
Ligaya ay madarama—Kay inam ng buhay!
(*Mga Himno,* blg. 23.)


22

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pagmamahalan sa Tahanan—Payo mula sa Ating Propeta**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Isang Samahan ng Banal na Kababaihan**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


20 **Dalawang Pioneer sa Magkaibang Siglo**
Ni Allison Ji-Jen Merrill

22 **Mga Pulo ng Apoy at Pananampalataya: Ang Galápagos**
Ni Joshua J. Perkey
*Ang Simbahan ay umuunlad sa pambihirang mga pulong ito.*

30 **Ang Tradisyon ng Balanse at Matwid na Pamumuhay**
Ni Elder L. Tom Perry
*Apat na susi sa pagkakaroon ng balanseng pamumuhay.*




## MGA BAHAGI


8 **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

11 **Paglilingkod sa Simbahan: Maaari Mo Ba Akong Basbasan?**
Ni Jennifer Rose Maddy

12 **Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: Pagtataglay ng Kanyang Pangalan sa Aking Sarili**
Ni Jacob F. Frandsen

14 **Ang Ating Paniniwala: Ipinadala Tayo ng Diyos sa Lupa Bilang Miyembro ng Isang Pamilya**

16 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Isang Matatag na Pioneer, Maraming Pinagpalang Henerasyon**

18 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Tumulong Upang Sumagip**
Ni Pangulong Gordon B. Hinckley

38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

74 **Mga Balita sa Simbahan**

79 **Mga Ideya para sa Family Home Evening**


80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Talinghaga ng Puno ng Saging**
Ni Anton T. Kumarasamy ayon sa pagkalahad kay Linda J. Later


**SA PABALAT**
Harap: paglalarawan ni Jerry Garns.
Likod: paglalarawan ni © iStockphoto


## MGA YOUNG ADULT




42 **Itinanong Nga Ba Niya sa Akin *Iyan?***
Ni Joelyn Hansen
*Magagampanan ba ng bata pang katulad ko ang tungkuling ito?*



## MGA KABATAAN




46 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Paano ako sasagot kapag sinabi ng mga kaibigan ko na walang taong maaaring makakita sa Diyos?*

48 **Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan**
Ni Elder Dallin H. Oaks
*Ano ang ibig sabihin ng ang ating simbahan ang tanging tunay na Simbahan?*

52 **Isang Awitin at Isang Panalangin**
Ni Adam C. Olson
*Alam ni Dillon kung kanino magpapatulong para maabot ang mataas na nota.*

54 **Pag-awit sa Singapore**
Nina Michelle Hsieh at Cerys Ong

57 **Pagiging mga Makabagong Pioneer**

58 **Poster: May Daan Palabas**

## MGA BATA




59 **Natatanging Saksi: Ano ang Matututuhan Ko mula sa mga Banal na Kasulatan?**
Ni Elder D. Todd Christofferson

60 **Mga Larawan**
Ni Sheila Kindred
*Ano ang kinabukasang naghihintay sa akin?*

62 **Ang Ating Pahina**


64 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Ang Aking Katawan ay Templo ng Diyos**
Ni Vicki F. Matsumori

66 **Mga Kuwento Tungkol kay Jesus: Binasbasan ni Jesus ang mga Bata**
Ni Diane L. Mangum

68 **Paghahanap ng mga Taong Tuturuan**
*Tulungan ang mga misyonero na makarating sa kanilang tuturuan.*

69 **Napakagandang Ideya**

70 **Para sa Maliliit na Bata**



*Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: katuwaan sa tag-init.*

**AGOSTO 2011 TOMO 14 BLG. 8**
**LIAHONA 09688 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Kieth R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Thomas S. Child, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
August 2011 Vol. 14 No. 8. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.


# Marami Pang Iba Online
Liahona.lds.org

## PARA SA MATATANDA



Ang Simbahan ay inorganisa kamakailan sa Galápagos Islands (tingnan sa pahina 22). **Tingnan ang iba pang mga larawan ng** mga miyembro ng Simbahan sa Galápagos sa www.liahona.lds.org.

## PARA SA MGA KABATAAN



Bisitahin ang www.liahona.lds.org **para mapakinggan ang pagkanta ni Dillon** (tingnan sa pahina 52) ng isang awitin mula sa seminary soundtrack ng Lumang Tipan sa Tongan.

## PARA SA MGA BATA





Alam ba ninyo na may humigit-kumulang isang milyong bata sa Primary sa iba't ibang panig ng mundo? **Kilalanin ang ilan sa kanila** sa www.liahona.lds.org.

## SA INYONG WIKA
Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa www.languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO
*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Ama sa Langit,*** *46*
***Balanse,*** *30*
***Basbas ng priesthood, mga,*** *11*
***Gawaing misyonero,*** *22, 68*
***Gawain sa templo,*** *22, 39*
***Ikapu,*** *70, 72*
***Jesucristo,*** *12, 66*
***Kaalaman,*** *30*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *8, 16, 18*
***Katawang pisikal, mga,*** *64, 73*
***Mga tungkulin,*** *42*
***Musika,*** *52, 54*
***Pag-aaral ng mga banal na kasulatan,*** *30, 46, 59*
***Pagbabalik-loob,*** *16, 20, 22, 39*
***Pagkakaisa,*** *22*
***Pagkatao,*** *30*
***Paglilingkod,*** *18, 22, 40, 42*
***Pagpapagaling,*** *66*
***Pagsisisi,*** *58*
***Pamana,*** *60*
***Pamilya,*** *4, 14*
***Panalangin,*** *38, 52*
***Pananalapi,*** *41*
***Patotoo,*** *46, 48*
***Pioneer, mga,*** *18, 57*
***Priesthood,*** *48*
***Relief Society,*** *7*
***Sagipin,*** *18, 80*
***Sakrament,*** *12*
***Word of Wisdom,*** *30, 64, 73*

Ni Pangulong
Thomas S. Monson



# Pagmamahalan sa Tahanan

## PAYO MULA SA ATING PROPETA

### Pinagpalang Buhay-Pamilya

"Ngunit kung marami na tayong naging karanasan at nakita natin na maraming bagay sa mundo ang panandalian at mababaw lamang, ang ating pasasalamat ay nadaragdagan sa pagkakataon na maging bahagi ng isang bagay na maaasahan natin—tahanan at mag-anak at ang katapatan ng mga mahal sa buhay. Nauunawaan natin ang kahulugan ng [mabuklod] sa pamamagitan ng tungkulin, paggalang, at [pagiging kabilang]. Natutunan natin na walang lubos na makakapalit sa pinagpapalang relasyon ng isang mag-anak."[1]

### Pagbabahagi ng Ating Pagmamahal

"Purihin ang inyong anak at yakapin siya; sabihing, 'Mahal kita' nang mas madalas; laging magpasalamat. Huwag gawing mas mahalaga kailanman ang problemang lulutasin kaysa taong kailangang mahalin. Lumalayo ang mga kaibigan, lumalaki ang mga bata, pumapanaw ang mga mahal sa buhay. Napakadaling balewalain ang iba, hanggang sa mawala sila sa ating buhay at madama nating 'paano kung' at 'sana kung.' . . .

"Maging masaya tayo sa buhay, magalak sa paglalakbay at bahaginan ng pagmamahal ang ating mga kaibigan at pamilya. Balang-araw, mawawalan ng bukas ang bawat isa sa atin. Huwag nating ipagpabukas ang pinakamahalaga."[2]

### Pagpapakita ng Ating Pagmamahal

"Mga kalalakihan, tratuhin natin ang ating asawa nang may dangal at paggalang. Sila ang ating makakasama sa walang-hanggan. Mga kababaihan, igalang ang inyong asawa. Kailangan nilang makarinig ng papuri. Kailangan nila ng magandang ngiti. Kailangan nilang madama ang init ng tunay na pagmamahal. . . .

"Sa inyo na mga magulang, sinasabi ko, mahalin ninyo ang inyong mga anak. Alam ninyong mahal ninyo sila, pero tiyaking alam din nila ito. Napakahalaga nila. Ipaalam ito sa kanila. Humingi ng tulong sa ating Ama sa Langit sa pag-aasikaso ninyo sa mga pangangailangan nila bawat araw at sa pagharap ninyo sa likas na mga hamon ng pagiging magulang. Higit pa sa sarili ninyong karunungan ang kailangan sa pagpapalaki sa kanila."[3]

### Pagpapadama ng Ating Pagmamahal

"Sa inyo na mga magulang, ipadama ang inyong pagmamahal sa inyong mga anak. Ipagdasal sila na malabanan nila ang mga kasamaan ng daigdig. Ipagdasal na lumago sila sa pananampalataya at patotoo. Ipagdasal na hangarin nila ang buhay ng kabutihan at paglilingkod sa iba.

"Mga bata, ipaalam sa inyong mga magulang na mahal ninyo sila. Ipaalam sa kanila kung gaano ang pasasalamat ninyo sa lahat ng ginawa nila at patuloy na ginagawa para sa inyo."[4]

### Ang Pinakamahalaga

"Ang pinakamahalaga ay halos palaging kinabibilangan ng mga tao sa paligid natin. Madalas akala natin na *dapat* ay alam nila na mahal natin sila. Ngunit huwag na huwag nating ipagpalagay na ganito; dapat nating ipaalam ito sa kanila. Isinulat ni William Shakespeare, 'Hindi nagmamahal ang hindi nagpapakita ng pagmamahal.' Hindi natin kailanman panghihinayangan ang magigiliw na salitang sinabi o ang ipinakitang pagmamahal. Sa halip, makadarama tayo ng panghihinayang kung hindi natin nagawa ang mga bagay na ito sa mga taong pinakamahalaga sa atin."[5]

PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE

## Higit na Ilapit ang Langit

"Sana ay mapuspos ng pag-ibig ang ating mga mag-anak at tahanan: pag-ibig sa bawat isa, pag-ibig sa ebanghelyo, pag-ibig sa kapwa-tao, at pag-ibig sa [ating] Tagapagligtas. Bunga nito, magiging mas malapit ang langit dito sa lupa.

"Sana ay magawa natin ang ating mga tahanan na mga kanlungan kung saan ang mga miyembro ng mag-anak ay magnanais palagi na bumalik."[6]

## Isang Dalangin para sa mga Pamilya

"Dahil ang pamilya ay sinasalakay ngayon sa mundo, at maraming bagay na matagal nang itinuturing na sagrado ang pinagtatawanan, hinihiling namin sa Inyo, aming Ama, na ipantay kami sa mga pagsubok na kinakaharap namin, upang matatag naming mapanindigan ang katotohanan at kabutihan. Nawa'y maging lugar ng kapayapaan, pagmamahal at espirituwalidad ang aming mga tahanan."[7] ■

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

"Sa isang uri ng aktibidad ng pag-aaral inilalahad ng guro ang isang tanong o situwasyon at binibigyan ang mga mag-aaral ng maikling panahon upang malayang magmungkahi ng mga solusyon o ideya" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 212–13). Kapag binasa ninyo ang artikulong ito sa pamilya, hilingin sa kanila na pakinggan ang payo o mga ideyang umaantig sa kanila. Pagkatapos ay maaari nang magpalitan ng mga ideya ang mga miyembro ng pamilya kung paano mapag-iibayo ang pagmamahalan sa kanilang tahanan. Isiping iparepaso sa pamilya ang mga ideyang ito sa susunod na family home evening.

MGA TALA

1. "Isang Kanlungan mula sa Mundo," *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Peb. 9, 2008, 29.
2. "Joy in the Journey" (Brigham Young University Women's Conference, Mayo 2, 2008), http://ce.byu.edu/cw/womensconference/archive/transcripts.cfm.
3. "Lubos na Pinagpala," *Liahona,* Mayo 2008, 112.
4. "Hanggang sa Muli Nating Pagkikita," *Liahona,* Mayo 2009, 113.
5. "Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paglalakbay," *Liahona,* Nob. 2008, 86.
6. "Isang Kanlungan mula sa Mundo," 30–31.
7. Panalangin ng paglalaan para sa The Gila Valley Arizona Temple, Mayo 23, 2010; sa "The Gila Valley Arizona Temple: 'Wilt Thou Hallow This House,'" *Church News,* Mayo 29, 2010, 5.



## MGA KABATAAN

### Iniligtas Kami ni Inay

Ni Patricia Auxier

Noong anim na taong gulang ako, pinanood namin ng kapatid kong mas bata sa akin ang basketball game ni Ate. Umalis si Itay, at maya-maya ay nagpasiya kaming sumabay sa kanya pauwi, kaya't hinabol namin siya sa gitna ng ulan. Nang hindi namin siya makita, bumalik kami sa gym para sumabay kay Inay pauwi, ngunit pagpasok namin sa gym, wala nang tao.

Naaalala ko na sumiksik kami sa may pintuan, sa pagsisikap na hindi kami mabasa ng ulan ng kapatid ko, habang nagdarasal na sana ay may sumundo sa amin. Pagkatapos ay naaalala ko na narinig kong sumara ang pinto ng pulang sasakyan namin, at tinakbo namin ang pinagmulan ng tunog na iyon. At nangyari ang isa na ngayon sa mga pinakamalilinaw na alaala noong bata pa ako: niyakap kami ni Inay "tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak" (3 Nephi 10:4). Iniligtas kami ng aking ina, at sa sandaling iyon lamang ako napanatag nang husto.

***Napanatag lang ako nang husto nang sandaling yakapin ako ng aking ina.***

Kapag iniisip ko ang kanyang impluwensya sa akin, nakikita ko na itinuro sa akin ng buhay ng aking ina ang Tagapagligtas at ipinakita sa akin ang kahulugan ng "itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina" (D at T 81:5). Umasa siya kay Jesucristo, "sa gawad [Niyang] lakas" na higit kaysa kanya ("Panginoon, Kayo'y Laging Susundin," *Mga Himno,* blg. 164).

## MGA BATA

### Pagbuo ng Maligayang Tahanan

Nagmungkahi si Pangulong Monson ng mga paraan para makabuo tayo ng maligayang tahanan. Basahin ang artikulo upang makita ang mga bagay na magagawa ninyo at ng inyong pamilya para magkaroon ng maligayang tahanan.

Sa tuwing makakakita kayo ng isang bagay na magagawa ninyo, isulat ito sa isa sa mga puwang na nakalaan. Matapos ninyong makita ang unang bagay, idrowing ang bahagi ng tahanang nakalista sa tabi ng linya. Maghanap ng hindi kukulangin sa limang paraan na makabubuo kayo ng maligayang tahanan at magdrowing ng buong bahay kung saan naroon ang inyong pamilya.

1. Mga dingding ____________________
2. Bubong ____________________
3. Pintuan ____________________
4. Mga bintana ____________________
5. Pamilya ____________________

# Isang Samahan ng Banal na Kababaihan

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang binibisita ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang kababaihan sa inyong lugar at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Itinuro ni Eliza R. Snow, ang ikalawang pangkalahatang pangulo ng Relief Society, na: "Ang Apostol na si Pablo ay nagsalita noon tungkol sa mga babaeng banal. Tungkulin ng bawat isa sa atin na maging babaeng banal. Magkakaroon tayo ng mga dakilang hangarin, kung tayo ay mga babaeng banal. Madarama natin na tinawag tayo upang gampanan ang mahahalagang tungkulin. Walang malilibre dito. Walang kapatid sa Simbahan ang lubhang mabubukod, at napakaliit ng impluwensya kundi malaki ang magagawa niya sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa lupa."[1]

Mga kapatid, hindi tayo mabubukod ni maliit ang ating impluwensya. Sa pagtanggap sa kaloob na pagiging aktibo sa Relief Society, nagiging kabilang tayo sa sinabi ni Propetang Joseph na isang samahang "malayo sa lahat ng kasamaan ng mundo—hinirang, marangal, at banal."[2]

Ang samahang ito ang nagpapalakas sa ating pananampalataya at nagpapaunlad sa ating espirituwalidad sa pagbibigay sa atin ng mga pagkakataong mamuno, maglingkod, at magturo. Sa ating paglilingkod may nadaragdag na aspeto sa ating buhay. Umuunlad ang ating espirituwalidad, at mas nadarama nating kabilang tayo, nagkakaroon tayo ng pagkakakilanlan, at nadaragdagan ang pagpapahalaga natin sa sarili. Nauunawaan natin na ang buong layunin ng plano ng ebanghelyo ay bigyan tayo ng pagkakataong maabot ang ating buong potensyal.

Tinutulungan tayo ng Relief Society na maghandang tanggapin ang mga pagpapala ng templo, tuparin ang mga tipang ginawa natin, at makibahagi sa layon ng Sion. Tinutulungan tayo ng Relief Society na pag-ibayuhin ang ating pananampalataya at sariling kabutihan, patatagin ang mga pamilya, at hanapin at tulungan ang mga nangangailangan.

Ang gawain ng Relief Society ay banal, at ang paggawa ng kabanalan ay nagpapabanal sa atin.

***Silvia H. Allred, unang tagapayo sa Relief Society general presidency.***

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Exodo 19:5; Mga Awit 24:3–4; I Mga Taga Tesalonica 4:7; Kay Tito 2:3–4; Doktrina at mga Tipan 38:24; 46:33; 82:14; 87:8; Moises 7:18

## *Ano ang Magagawa Ko?*

1. Paano ko tinutulungan ang kababaihang pinangangalagaan ko na magkaroon at magtamo ng "mga dakilang hangarin"?

2. Ano ang ginagawa ko para maging "hirang, marangal, at banal" ang aking buhay?

Para sa iba pang impormasyon, puntahan ang www.reliefsociety.lds.org.

**MGA TALA**

1. Eliza R. Snow, "An Address," *Woman's Exponent,* Set. 15, 1873, 62.
2. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:570.
3. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:605, 606.
4. Lucy Mack Smith, sa Relief Society, Minute Book Mar. 1842–Mar. 1844, entry para sa Mar. 24, 1842, Church History Library, 18–19.

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Nang magsalita siya sa Female Relief Society ng Nauvoo, binigyang-diin ni Propetang Joseph Smith ang kabanalan, at ipinaliwanag na kapag naging dalisay at banal ang kababaihan, magiging kapansin-pansin ang impluwensya nila sa mundo. Paliwanag niya: "Kaamuan, pagmamahal, kadalisayan—ang mga bagay na ito ang dapat mag-angat sa inyo. . . . Ang Samahang ito . . . [ay] magkakaroon ng kapangyarihan na atasan ang mga reyna sa kanilang kalipunan. . . . Ang mga hari at reyna ng mundo ay magtutungo sa Sion, at magbibigay-galang." Ang kababaihan ng Relief Society na tumutupad sa kanilang mga tipan ay iginagalang hindi lamang ng mararangal na tao, kundi "kung magiging marapat kayo sa inyong pribilehiyo," pangangako ni Joseph sa kababaihan, "hindi mapipigilan ang mga anghel na makihalubilo sa inyo."[3]

Nang makibahagi ang kababaihan sa paglilingkod at pagliligtas sa iba, napabanal nila ang kanilang sarili. Ibinahagi ni Lucy Mack Smith, ina ng propeta, ang mabuting magagawa ng Relief Society: "Kailangan nating pakamahalin ang isa't isa, pangalagaan ang isa't isa, aliwin ang isa't isa at maturuan, upang makaupo tayo nang magkakasama sa langit."[4]




PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*“Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay” (Alma 37:6).*

**ANG KASAYSAYAN NG SIMBAHAN SA IBA’T IBANG PANIG NG DAIGDIG**





*Kaliwa: si Kim Ho Jik (kanan) kasama si Elder Harold B. Lee (gitna) ng Korum ng Labindalawang Apostol, na dumalaw noon sa Korea. Itaas: Ang Seoul Korea Temple, inilaan noong 1985.*







## South Korea

Ang unang gawaing misyonero sa Korea ay nagsimula noong Korean War sa unang bahagi ng mga 1950s, ngunit si Kim Ho Jik, isa sa mga unang Korean na naging miyembro, ay nabinyagan sa Estados Unidos. Si Kim ay nag-aaral noon para sa kanyang doctorate degree nang sumapi siya sa Simbahan sa Pennsylvania noong 1951. Kabilang ang dalawa sa kanyang mga anak sa unang apat na taong nabinyagan sa Korea, noong Agosto 3, 1952. Si Brother Kim ay naging lider sa pamahalaan ng Korea kalaunan at malaki ang naging impluwensya niya sa pagtulong sa mga misyonero na makapasok sa South Korea.

Noong 1962, binuo ang Korean Mission, at ang Aklat ni Mormon ay nailimbag sa wikang Korean noong 1967. Ang unang stake sa South Korea, na siya ring unang stake sa lupain ng Asia, ay inorganisa sa Seoul noong Marso 8, 1973. Ang Seoul Korea Temple, na unang templo sa lupain ng Asia, ay inilaan noong 1985.

Noong 2001 si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagbigay ng kopya ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” sa prime minister ng South Korea na si Lee Han-Dong.

| ANG SIMBAHAN SA SOUTH KOREA | |
|---|---|
| Bilang ng mga Miyembro | 81,251 |
| Mga Mission | 3 |
| Mga Stake | 17 |
| Mga ward at branch | 142 |
| Mga Templo | 1 |

KALIWANG ITAAS: LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; RETRATO NG SEOUL KOREA TEMPLE NA KUHA NI WILLIAM FLOYD HOLDMAN; LARAWAN NG MAPA © ISTOCK

# Quiz

## Mga Asawa ng mga Propeta

Mula kay Emma Smith hanggang kay Frances Monson, ang mga asawa ng mga Pangulo ng Simbahan ay nanatiling matatapat na katuwang ng kanilang mga asawa. Sa kanila at sa iba pang matatapat na kababaihan, sinabi ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Panginoon ay hindi kailanman nagpapadala ng mga apostol at propeta at matwid na kalalakihan para mamuno sa kanyang mga tao nang hindi sila binibigyan ng kababaihang makakasama sa buhay na kapantay nila ang espirituwalidad."[1] Tutulungan kayo ng quiz na ito na malaman ang ilang nakatutuwang detalye tungkol sa mga matatag na asawa ng walong propeta sa mga huling araw.

*Nasa kabilang pahina ang mga sagot.*

1. Ang babaeng ito ay bininyagan noong 1834 at kalaunan ay naglakbay nang 1,000 milya (1,600 km) nang mag-isa para makasama ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Kirtland, Ohio, USA. Nangako siya sa kanyang ina na babalik siya kapag nalaman niyang hindi totoo ang Simbahan, ngunit nanatili siya sa piling ng mga Banal sa mga Huling Araw sa nalalabing panahon ng kanyang buhay.

2. Ang dalagang ito ay pinahanga ng kanyang magiging asawa noong mga tinedyer pa sila nang ayusin ng lalaki ang bakuran ng kanyang mga magulang para makapaghanda ng salu-salo na kasingrangya ng inihahanda ng ibang mas mayayamang binata sa kanilang lugar.

3. Mahilig magbasa ang dalagang ito noon pa mang bata siya, madalas siyang magbasa sa mga oras na inaakala ng iba na tulog na siya, nagliligpit ng higaan, o nagpapraktis sa organo.

4. Noong walong taong gulang siya, nagpunta sa kakahuyan ang batang ito para magdasal. Ipinagdasal niya ang kanyang ama, na hindi matibay ang pananampalataya kay Cristo. Nang magpunta sa kakahuyan ang kanyang ama para mangaso, narinig nito ang dalangin ng kanyang anak. Lumambot ang puso ng ama, at siya ay naging mas matapat.

5. Sa unang pakikipagdeyt ng dalagang ito sa kanyang mapapangasawa, hinagkan ng kanyang ama't ina ang kanyang kadeyt sa pisngi. Nang hanapin ng binata ang kadeyt, ito lang ang sinabi ng dalaga, "Kukunin ko lang ang pangginaw ko."[2]

6. Nag-aral ang babaeng ito sa University of Utah at sa Cincinnati College of Music, kung saan siya natuto ng mga kasanayan sa pamamahay. Nakahiligan niya ang panitikan, drama, at ang sining at naging mahusay sa musika.

7. Bilang estudyante sa kolehiyo, ginampanan ng dalagang ito ang papel ng bida na si Viola sa *Twelfth Night* ni Shakespeare at naging tagapangulo ng junior prom committee, pangulo ng Girls' Athletic Club, at pangalawang pangulo ng student body.

8. Napakahusay magbasa ng babaeng ito noong nasa Primary pa siya, kumpleto sa tamang pagbigkas at paggalaw. Sinabi ng kanyang asawa kalaunan tungkol sa isa sa kanyang mga pagbabasa, "Hindi ko alam kung ano ang ginawa nito sa akin, pero hindi ko na ito nalimutan kailanman. At lumaki siya na isang magandang dalaga, at hindi ako nagkamali na pinakasalan ko siya."[3]

**MGA TALA**

1. Bruce R. McConkie, *Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo (1966–73), 3:302.
2. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Lubos na Pinagpala," *Liahona,* Mayo 2008, 111.
3. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley: Stalwart and Brave He Stands," *Liahona,* Hunyo 1995 ,17.




*Emma Hale Smith*



*Flora Amussen Benson*



*Marjorie Pay Hinckley*



*Phoebe W. Carter Woodruff*



*Lucy Woodruff Smith*



*Frances Johnson Monson*



*Camilla Eyring Kimball*




*Emma Ray McKay*

## Edukasyon: Dinaragdagan ang Ating Kakayahang Maglingkod

"Ang Panginoon at ang Kanyang Simbahan ay palaging hinihikayat ang mga tao na mag-aral upang dagdagan ang ating kakayahan na maglingkod sa Kanya at sa mga anak ng ating Ama sa Langit. Para sa bawat isa sa atin, anuman ang ating mga talento, may nakalaan Siyang paglilingkod na dapat nating ibigay. At upang maisagawa ito nang mabuti palaging kailangan ang pag-aaral, hindi lamang minsan o sa limitadong panahon, kundi patuloy na gawin ito."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Education for Real Life,"** ***Ensign,*** **Okt. 2002, 17.**



## Mga Mungkahi sa Tuluy-tuloy na Pag-aaral

- Magbasa ng magandang aklat.
- Pumili ng libangan na noon pa man ay gusto mo nang subukan.
- Dumalo sa makabuluhang mga pagtatanghal ukol sa kultura.
- Pag-aralan ang ibinigay na mensahe sa pangkalahatang kumperensya o kabanata sa manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* para sa mga aralin sa Linggo.
- Bisitahin ang mga museo at makasaysayang lugar.
- Pagmasdan ang mundo sa iyong paligid: maglakad-lakad sa inyong kapitbahayan, masdan ang mga bituin, masdan ang mga hayop sa inyong lugar.
- Gawin ang gawain sa family history.
- Mag-aral ng bagong kasanayan o kaya'y isport.
- Bisitahin ang aklatan upang saliksikin ang isang nagugustuhang paksa.

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa* Tapat sa Pananampalataya *(2004), "Edukasyon," 23–25.*

## MGA SAGOT SA QUIZ

### MGA ASAWA NG MGA PROPETA

1. Phoebe W. Carter Woodruff, asawa ni Wilford Woodruff
2. Lucy Woodruff Smith, asawa ni George Albert Smith
3. Camilla Eyring Kimball, asawa ni Spencer W. Kimball
4. Emma Hale Smith, asawa ni Joseph Smith
5. Frances Johnson Monson, asawa ni Thomas S. Monson
6. Emma Ray McKay, asawa ni David O. McKay
7. Flora Amussen Benson, asawa ni Ezra Taft Benson
8. Marjorie Pay Hinckley, asawa ni Gordon B. Hinckley

## PANAWAGAN PARA SA MGA KUWENTONG PAMBATA

Ang *Liahona* ay naghahanap ng mga kuwentong batay sa tunay na buhay na **isinulat ng mga nasa hustong gulang** at batay sa mga karanasan ng mga bata mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang mga kuwento ay kailangang batay sa tunay na mga pangyayari; gayunman, ang mga pangalan, diyalogo, at maliliit na detalye ay maaaring idagdag o baguhin para mabuo ang kuwento.

Dapat makita sa mga kuwento na natututuhan at iniaangkop ng mga bata ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang buhay, lalo na kapag natutulungan sila ng ebanghelyo na madaig ang mga tukso at problema sa buhay. Dapat ilahad sa mga kuwento ang mga iniisip at nadarama ng batang ikinukuwento.

Ang mga karanasan ninyo noong bata pa kayo, ng inyong mga anak, o ang mga pangyayaring nasaksihan ninyo sa buhay ng mga bata sa inyong paligid ay magandang pagkunan ng mga ideya para sa kuwento.

Ang ilan sa mga ideya ay kinabibilangan ng pananampalataya, binyag, katapatan, pagpapatawad, patotoo, family home evening, pagsunod sa propeta, pagtulong sa kapwa, pagsunod kay Jesucristo, ang Espiritu Santo, o alinman sa mga alituntunin sa Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo.

Dapat isama sa mga isinumite ang pangalan ng may-akda, tirahan, numero ng telepono, e-mail address (kung mayroon), ward o branch, at stake o district. Mag-e-mail ng mga kuwento sa liahona@ldschurch.org o ipadala ang mga ito sa:

Stories for Children
*Liahona,* Rm. 2420
50 E. North Temple St.
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY

# MAAARI MO BA AKONG BASBASAN?

**Ni Jennifer Rose Maddy**
Mga Magasin ng Simbahan



### AYON SA KANILANG PANANAMPALATAYA

"Tanging ang mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang maaaring mangasiwa sa maysakit o nasaktan. Karaniwang dalawa o mahigit pang maytaglay ng priesthood ang nangangasiwa sa maysakit, ngunit maaaring gampanang mag-isa ng isang tao kapwa ang pagpapahid ng langis at pagbabasbas kung kinakailangan. . . .

"Dapat mangasiwa ang kalalakihan sa maysakit kung hihilingin ng maysakit o ng mga taong lubhang nagmamalasakit upang ang basbas ay maging ayon sa kanilang pananampalataya."

***Handbook 2: Administering the Church*** **(2010), 20.6.1.**

Napakalakas ng pag-ulan ng niyebe habang dahan-dahan akong nagmamaneho paakyat ng burol. Makarating lang ako sa tuktok, naisip ko, ligtas na akong makauuwi. Ngunit nang paliko ako sa isang kurbada, nakita ko ang isang kotseng pababa na pagewang-gewang ang takbo at papunta sa akin. Ang nagawa ko lamang ay sumigaw bago ako nabangga, at nawalan ako ng malay.

Hindi ko alam kung ilang oras na ang lumipas nang tangkain kong magmulat ng mga mata. Humahampas ang niyebe sa mukha ko mula sa basag na bintana. Pinilit kong alalahanin ang mga nangyari, gaya ng saan ako papunta bago ang aksidente. Nag-iisa at takot, napasigaw ako sa kumikirot na sakit sa balikat at dibdib ko. Nagsumamo ako sa Ama sa Langit na sana'y hindi malubha ang mga pinsala ko at maging maayos nawa ang kalagayan ko.

Ilang sandali kalaunan naramdaman kong may humawak sa kamay ko. Agad ko iyong sinunggaban. Nagmulat ako ng mga mata at nakita ko ang isang lalaking naka-amerikanang itim at sumbrero na nakatayo sa labas ng wasak na kotse ko. Nakita raw ng asawa niya ang banggaan mula sa bahay nila, at nagpunta siya para tingnan kung ano ang maitutulong niya. Hinawakan niya ang kamay ko at sinabing magiging OKEY ako.

Sinikap kong itanong sa lalaki kung Latter-day Saint siya, ngunit ang naibulong ko lang ay, "Maaari mo ba akong basbasan?"

Oo ang sagot niya at ipinasok niya ang kanyang mga kamay sa basag na bintana at ipinatong sa ulo ko.

Hindi ko maalala kung ano ang sinabi niya. Ngunit naaalala ko na inisip ko na magiging maayos ang kalagayan ko dahil nabasbasan ako. Nakadama ako ng kapayapaan at kapanatagan.

Pagdating ng ambulansya, hindi ko na nakita ang lalaki. Pagkaraan ng ilang oras nilisan ko ang ospital na may baling tadyang at maraming bukol at gasgas ngunit walang malubhang sugat o pinsala.

Nang umagang iyon nagdasal ako na makapaglakbay ako nang ligtas, at noong una ay inakala ko na hindi sinagot ng Ama sa Langit ang aking panalangin. Ngunit hindi nagtagal natanto ko na sinagot Niya ito at hindi Niya ako iniwanang mag-isa. Sinagot ang aking panalangin sa pamamagitan ng isang handang maytaglay ng priesthood na ilang hakbang lamang ang layo ng tirahan mula sa pinangyarihan ng aksidente, isang aksidente na maaari sanang nagdulot ng mas malubhang pinsala sa akin.

Hindi ko makikilala ang mukha ng lalaking ito kung madaraanan ko siya sa kalsada. Hindi ko maaalala ang boses niya kung maririnig ko siyang bumati. Ngunit nagpapasalamat ako sa estrangherong ito na karapat-dapat at handang magbigay ng basbas ng priesthood nang kailanganin ko ito. ■

PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL

# Pagtataglay ng Kanyang Pangalan

## SA AKING SARILI

**Ni Jacob F. Frandsen**

*"Walang ibang pangalang ibinigay kung saan ang kaligtasan ay darating; kaya nga, nais kong taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo" (Mosias 5:8).*

Ilang linggo pa lang ako sa misyon, nalungkot na ako at nangulila sa pamilya ko. Gustung-gusto kong maging misyonero, ngunit mas mahirap pala ang gawain kaysa inasahan ko. Nangulila ako sa mga kaibigan at pamilya ko, at sa lahat ng pamilyar na bagay na naiwan ko sa amin. Sa personal na pag-aaral ko isang umaga, nakaupo ako nang tahimik, at ipinihit-pihit ko ang missionary name tag ko na hawak ko, na iniisip kung gaano ang pag-asam ko sa kapaligirang pamilyar sa akin. Kahit marinig ko man lamang sana ang isang tao na tawagin ako sa pangalan ko.

Habang nakatingin ako sa name tag ko, napansin ko na bagaman wala ang pangalan ko sa tag, nakita ko ang apelyido ko, ang pangalan ng Simbahan, at ang pangalan ng Tagapagligtas na nakaukit doon. Bigla kong naunawaan ang isang bagay na nagpabago kapwa sa aking pananaw at pag-uugali. Natanto ko na bilang misyonero naroon ako hindi para katawanin ang sarili ko. Sa halip naglilingkod ako upang katawanin ang pamilyang naiwan ko sa bahay at, higit sa lahat, kinakatawan ko ang aking Tagapagligtas at ang Kanyang Simbahan. Inilagay ko ang name tag sa bulsa ng polo ko, sa ibabaw mismo ng puso ko. Nang gawin ko ito, ipinangako ko sa aking Tagapagligtas na mas lubos ko Siyang isasapuso't isipan.

Hindi ko na hinangad na marinig ang pangalan ko nang umagang iyon. Mula noon nagtrabaho ako at naglingkod sa abot ng makakaya ko, at may pagmamalaking suot ko ang name tag ko araw-araw. Sa mga panahong pinanghinaan ako ng loob, tinitingnan ko ang name tag ko, at naalala ko ang responsibilidad kong sundin ang halimbawa ni Jesucristo.


Sinikap kong taglayin ang Kanyang pangalan sa aking sarili nang mas lubusan at maging higit na katulad Niya. Nang gawin ko ito, mas minahal ko ang aking mga kompanyon at ang mga taong pinaglingkuran ko, lumakas ang aking patotoo, at nagalak ako sa gawaing misyonero. Kinalimutan ko ang aking sarili at nagtuon ako sa paglilingkod sa Panginoon.

Ilang taon na akong nakauwi buhat sa aking misyon, ngunit may pagkakataon pa rin akong taglayin ang pangalan ng

### UNAHIN ANG PANGINOON

Sa pagtanggap natin ng sakrament, nangangako tayong tataglayin ang pangalan ng Tagapagligtas sa ating sarili (tingnan sa D at T 20:77). Ipinaliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Ibig sabihin dapat nating ituring ang ating sarili na pag-aari Niya. Uunahin natin Siya sa ating buhay. Gugustuhin natin ang gusto Niya sa halip na ang gusto natin o ang itinuturo ng mundo na gustuhin natin" ("Maging Isa," *Liahona,* Set. 2008, 5).

SA PAG-ALAALA SA AKIN, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



Tagapagligtas sa aking sarili. Katunayan, bilang mga miyembro ng Simbahan, lahat tayo ay nangangakong tataglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo tuwing araw ng Sabbath kapag tumatanggap tayo ng sakrament. Sa paggawa nito, nangangako tayo na kakatawanin natin ang ating Tagapagligtas sa abot ng ating makakaya at sisikapin nating maging higit na katulad Niya. Tulad ng itinuro ni Haring Benjamin: "Nais kong taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo. . . . Sinuman ang gagawa nito ay matatagpuan sa kanang kamay ng Diyos, sapagkat malalaman niya ang pangalang itatawag sa kanya; sapagkat siya ay tatawagin sa pangalan ni Cristo" (Mosias 5:8–9). Sa pagtataglay ng Kanyang pangalan sa ating sarili, makakakita tayong lahat ng higit na layunin at galak sa ating misyon dito sa lupa. ■

Malugod naming tatanggapin ang inyong personal na karanasan sa ebanghelyo na may kaugnayan sa ministeryo at misyon ng Tagapagligtas. Mangyaring limitahan ang inyong mga isusumite sa 500 salita, pamagatan ang mga ito ng *We Talk of Christ,* at ipadala ang mga ito sa e-mail sa liahona@ldschurch.org.

***Pinasimulan ng Tagapagligtas ang sakrament sa Kanyang mga Apostol. Pinagputul-putol Niya ang tinapay at ibinigay sa kanila, na sinasabi, "Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin. Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo" (Lucas 22:19–20).***

**ANO ANG IBIG SABIHIN NG TAGLAYIN SA ATING SARILI ANG PANGALAN NI JESUCRISTO?**

Tumulong si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pagsagot sa tanong na ito sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na pinamagatang "Taking upon Us the Name of Jesus Christ" (*Ensign,* Mayo 1985, 80).

1. Sa pagtanggap natin ng sakrament, handa tayong sariwain ang tipang ginawa natin sa binyag—na alalahanin ang Panginoon at sundin ang Kanyang mga utos.
2. Maipapahayag natin sa iba ang ating paniniwala sa Kanya (tingnan sa D at T 18:21).
3. Mapaglilingkuran natin Siya sa pamamagitan ng paggawa ng gawain ng Kanyang kaharian (tingnan sa Sa Mga Hebreo 6:10).

***Isiping ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo sa family home evening, sa testimony meeting, o sa isang taong iba ang relihiyon.***

# IPINADALA TAYO NG DIYOS SA LUPA BILANG MIYEMBRO NG ISANG Pamilya

May plano ang ating Ama sa Langit para sa atin, at ang pagsusugo sa atin sa lupa bilang mga miyembro ng isang pamilya ay bahagi ng planong iyan. Sina Eva at Adan ang unang pamilya sa lupa; ikinasal sila ng ating Ama sa Langit at inutusan silang magkaroon ng mga anak (tingnan sa Genesis 1:28). Nais ng Diyos na magkaroon ng katawang pisikal ang Kanyang mga espiritung anak. Kapag nagsisilang ang mga magulang ng mga anak sa mundong ito, tinutulungan nila ang ating Ama sa Langit na isakatuparan ang Kanyang plano ng kaligtasan. Magiliw nilang tinatanggap sa kanilang pamilya ang bawat bagong silang na sanggol bilang anak ng Diyos.

Alam ng ating Ama sa Langit na ang pagiging miyembro ng isang pamilya ang naglalaan sa bawat isa sa atin ng pinakamagandang pagkakataong mahalin at mapangalagaan habang narito tayo sa mundo. Ang mga pamilya ay nagtutulungan upang matuto ng disiplina sa sarili, sakripisyo, katapatan, at kahalagahan ng paggawa. Pinagsisikapan din nilang matutong magmahal, magbahagi, at maglingkod sa isa't isa (tingnan sa Mosias 4:14–15). Ang mga bata ay natututong magpakita ng pagmamahal sa kanilang mga magulang, nagiging masunurin, at sinisikap na mamuhay sa paraang magdudulot ng karangalan sa kanilang apelyido.

Kapag hinihikayat at pinupuri ng mga miyembro ng pamilya ang isa't isa, nag-iibayo ang pagtitiwala at pagmamahal nila. Ang matatagumpay na pamilya ay nagpapakita ng pag-asa at kasigasigan sa pagsuporta sa bawat kapamilya sa kani-kanyang mga pangangailangan at sa pagtulong sa isa't isa na matuto at magtulungan nang may pagmamahal. Ang mithiin nila ay maging isang masaya at walang hanggang pamilya. ■

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 245–51; at M. Russell Ballard, "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," *Liahona,* Nob. 2005, 41–44.

*"Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos. . . . Ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,"* Liahona, *Nob. 2010, 129).*



**Narito ang ilang aktibidad na tutulong sa atin na magkaroon ng masaya at matagumpay na pamilya:**

*Magkasamang manalangin bilang mag-asawa.*



*Magkaroon ng panalangin ng pamilya tuwing umaga at gabi (tingnan sa 3 Nephi 18:21).*



*Dumalo sa mga pulong ng Simbahan tuwing Linggo (tingnan sa D at T 59:9–10).*






*Ituro ang ebanghelyo sa mga anak sa lingguhang mga family home evening.*



*Regular na pag-aralan ang mga banal na kasulatan bilang pamilya.*



*Matutong maging mabait, matiyaga, at mapagmahal sa kapwa (tingnan sa Moroni 7:45–48).*



*Sama-samang gawin ang mga bagay-bagay bilang pamilya, tulad ng pagkain ng hapunan, pagtatrabaho, pamamasyal, at paggawa ng desisyon.*

MGA PAGLALARAWAN NINA DAVID STOKER, CRAIG DIMOND, JOHN LUKE, MATTHEW REIER, ROBERT CASEY, AT FRANK HELMRICH

# ISANG MATATAG NA PIONEER, MARAMING PINAGPALANG HENERASYON

*Noon pa mang mga unang araw ng Simbahan, inusig at nilibak na ang mga miyembro dahil sa kanilang mga paniniwala. Isang dalagitang naharap sa gayong pag-uusig si Sara Elvira Eriksen. Isinilang siya sa Drammen, Norway, noong 1895. Matapos magkaroon ng patotoo, naging tapat siya sa ebanghelyo—katapatan na mas malawak ang epekto kaysa kaya niyang wariin sa buong buhay niya. Dahil sa kanyang tapang at pananampalataya, pinagpala ng ebanghelyo ang buhay ng kanyang mga inapo ngayon.*

*Tulad ni Sara, maaari tayong maharap sa mga balakid sa buhay kung saan kakailanganin nating manindigan para sa ating patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Ang pasiya nating manindigan sa ating mga paniniwala nang may katatagan ay makaiimpluwensya sa buhay ng iba, tulad ng ginawa ni Sara. Narito ang kanyang kuwento.*



LARAWAN SA KAGANDAHANGLOOB NI JANET BYLUND

Noong 15 taon ako, naglakad-lakad kami ng tatay ko isang Linggo ng gabi. Biglang huminto ang tatay ko at nagmungkahing magpunta kami sa Simbahang Mormon. Nagulat ako, pero sumama ako sa kanya para mag-usisa. Kinakanta noon ng koro ang isang magandang himno. Noon lang ako nakarinig ng pagkanta na nakaaantig.

Pagkatapos ng kanta, tumayo ang isang misyonero at nagsalita tungkol sa Panguluhang Diyos. Kalaunan ay kinausap niya kaming mag-ama sa loob ng ilang minuto.

Hindi na ako nagbalik sa simbahan hanggang sa lumipas ang isang taon nang magpaturo ako ng Ingles sa mga misyonero. Pagkatapos ng klase sa Ingles, napunta sa relihiyon ang usapan namin. Itinuro sa akin ng mga misyonero ang tungkol sa ebanghelyo at kung paano manalangin sa Diyos Ama sa pangalan ni Jesucristo. Ikinuwento nila sa akin ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ang paglabas ng Aklat ni Mormon, at marami pang ibang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Lahat ng ito ay bago sa akin, subalit mukhang pamilyar ito. Pinag-aralan ko nang husto ang mga banal na kasulatan at taimtim akong nanalangin para maliwanagan, na ibinigay naman sa akin.

Napansin ng tatay ko ang pagbabago sa aking pagkatao. Ngunit nang malaman niya na nagiging seryoso na ako tungkol sa Simbahan, nagalit siya at binawalan akong magsimba. Nagsimba pa rin ako. Madalas niya akong ipasundo sa kapatid ko sa gitna ng mga pulong ng Simbahan.

Noong ika-17 kaarawan ko, itinanong ng tatay ko kung ano ang gusto kong regalo. Sinabi ko sa kanya na gusto kong payagan niya akong magpabinyag. Napasuntok siya sa mesa at sumigaw, "Hindi maaari!"

Sa panahong ito sumapi ang mga magulang ko sa ibang simbahan. Pinapunta ng tatay ko ang pastor ng simbahan at ang iba pa para kausapin ako, pero matatag ang patotoo ko sa ebanghelyo. Sinabi sa akin ni Itay na nagdulot ako ng kahihiyan sa pamilya, at napilitan akong umalis sa aming tahanan. Nakitira ako nang mga isang linggo sa bahay ng isang miyembro ng Relief Society. Sa panahong iyon lumambot ang puso ng tatay ko, at pinayagan akong makauwi.

Sa loob ng ilang buwan natanto ng tatay ko na walang makapagpapaalis sa patotoo ko sa ebanghelyo, kaya pinayagan na niya akong magpabinyag. Kaylaki ng aking galak at kaligayahan kaya natanim ito nang husto sa isipan ng tatay ko. Gusto pa niyang sumama sa akin sa Oslo para dumalo sa binyag ko.

Sa buong panahong ito, walang gaanong sinabi ang nanay ko, pero masasabi ko na naniwala siya na totoo ang ebanghelyo. Maraming oras kaming nag-usap tungkol sa ebanghelyo.

Gayunman, hindi pa tapos ang hindi pagkakasundo sa bahay. Ayaw makinig sa akin ng tatay ko. Naglagay ako ng mga polyeto sa mesa sa tabi ng kanyang kama, dahil lagi siyang nagbabasa sa gabi. Inanyayahan ko nang madalas ang mga misyonero sa bahay namin, at kinausap nila ang tatay ko, ngunit tila walang makatulong.

Isang araw tinanong ako ng tatay ko, "Nagdarasal ka ba?" Sinabi ko sa kanya na ipinagdarasal ko araw-araw na mamulat ang kanyang mga mata sa katotohanan ng ebanghelyo. Sumagot siya na nagmula lahat iyon sa diyablo pero pagkatapos niyon ay sinabi niyang, "Sabay tayong magdasal."

Sabi ko, "Sige po, magdasal kayo sa Diyos ninyo, at magdarasal ako sa Diyos ko, at tingnan natin kung sino ang unang sasagot." Ginawa nga namin iyon.

Hindi nagtagal pagkatapos niyon napansin ko na binabasa niya ang mga polyeto at ang Aklat ni Mormon. Ilang beses siyang sumama sa aking magsimba ngunit hindi namin pinag-usapan kailanman ang tungkol doon at ni hindi siya nagpakita sa akin ng pagbabago sa kanyang mga paniniwala. Gayunman, madalas naming talakayin ang iba't ibang mga alituntunin ng ebanghelyo.

Isang araw, makalipas ang tatlong taon sa ganitong situwasyon, sinabi niyang pupunta siya sa Oslo at gusto niya akong sumama. Pagdating namin sa istasyon, naroon ang isa sa mga elder sa lugar na iyon. Tinanong ko siya kung saan siya pupunta.

Sabi ng elder, "Hindi mo ba alam? Bibinyagan ko ang tatay mo."

Napaiyak ako at napatawa! Pagkaraan ng isang buwan nabinyagan din ang nanay ko at bunsong kapatid kong lalaki. Sumapi sa Simbahan ang kapatid kong babae at ang kanyang asawa pagkaraan ng maikling panahon, tulad ng tatlo pa sa aking mga kapatid na lalaki. ■

*Daan-daan na ngayon ang matatapat na inapo ni Sara Elvira Eriksen sa Simbahan. Ang kuwentong ito mula sa kanyang personal na kasaysayan ay isinumite ng kanyang mga anak na sina Rose Anderson, Betty Farley, Aksel Tanner, at Janet Bylund.*

# TUMULONG UPANG Sumagip



**Ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008)**

*Si Gordon B. Hinckley ay itinalaga bilang ika-15 Pangulo ng Simbahan noong Marso 12, 1995. Siya ang nanguna sa pagtatayo ng maliliit na templo, at ipinaalam ang 79 na mga bagong templo noong kanyang panunungkulan sa panguluhan. Si Pangulong Hinckley ay naaalala rin sa kanyang paglalakbay upang bisitahin ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mahigit 60 mga bansa. Ang kasunod na artikulo ay hango sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na ibinigay niya noong Oktubre 6, 1996. Para sa buong mensahe, puntahan ang conference.lds.org.*

Lahat tayo ay kailangang paalalahanan tungkol sa nakalipas. Sa kasaysayan tayo nakakakuha ng kaalaman na magliligtas sa atin para hindi na natin ulitin pa ang mga pagkakamali at ito ang gawin nating saligan para sa hinaharap. . . .

Ibabalik ko kayo sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1856. Sa Sabado ng kumperensyang iyon si Franklin D. Richards at ilang mga kasamahan niya ay dumating sa [Salt Lake Valley]. Naglakbay sila mula sa Winter Quarters na malalakas ang kanilang mga baka at magagaan ang bagon at nasiyahan sila sa paglalakbay. Kaagad hinanap ni Brother Richards si Pangulong Young. Inireport niya na daan-daang kalalakihan, kababaihan, at mga bata ang nakakalat sa mahabang landas mula sa Scottsbluff papunta sa lambak na ito. Karamihan sa kanila ay may hilang mga kariton. May kasama silang dalawang bagon na inatasang umalalay sa kanila. Narating nila ang lugar na huling tatawiran sa North Platte River. Nasa unahan nila ang isang landas na paakyat sa burol hanggang sa Continental Divide at milya-milya pa ang landas pagkalagpas doon. . . .

Kinaumagahan nagpunta si [Pangulong Young] sa lumang Tabernacle na nakatayo sa [Temple Square]. Sinabi niya sa mga tao:

“. . . Marami sa ating mga kapatid ang nasa mga kapatagan na may hilang mga kariton, at malamang marami ngayon ang pitong daang milya ang layo mula sa lugar na ito, at kailangan silang madala rito, kailangan natin silang mapadalhan ng tulong. . . .

“Iyan ang aking relihiyon; iyan ang dikta ng Espiritu Santo na sumasaakin. Ang iligtas ang mga tao.

“Mananawagan ako sa mga Bishop sa araw na ito. Hindi na ako makapaghihintay pa hanggang bukas, ni sa susunod na araw, para sa 60 mahuhusay na grupo ng mga buriko at 12 o 15 mga bagon. Ayaw kong magpadala ng mga kapong baka. Ang gusto ko’y mahuhusay na kabayo at buriko. Narito na sila sa Teritoryong ito, at kailangang makuha na natin sila. At kailangan din ng 12 tonelada ng harina at 40 mahuhusay magpatakbo ng bagon, bukod sa mga nagpapatakbo sa mga hayop.

“Sasabihin ko sa lahat na ang inyong pananampalataya, relihiyon, at pananalig sa relihiyon, ay hindi makapagliligtas ni isang kaluluwa sa inyo sa Kahariang Selestiyal ng ating Diyos, maliban kung ipamuhay ninyo ang mga tuntuning itinuturo ko sa inyo ngayon. *Humayo kayo at dalhin dito ang mga taong nasa kapatagan.*”[1]

Nang hapong iyon, maraming pagkain, matutulugan, at damit ang tinipon at inayos ng kababaihan.

Kinaumagahan, nilagyan na ng sapatos ang mga kabayo at kinumpuni ang mga bagon at kinargahan ng pagkain at kagamitan.



SIMULA NG PAG-ASA, NI A. D. SHAW

*Ipinakikita ng mga kuwento ng pagliligtas sa kanila ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo.*

Nang sumunod na umaga, Martes, 16 na kabayo at burikong may hilang mga bagon ang tumulak papuntang silangan. Pagsapit ng katapusan ng Oktubre, may 250 kabayo at buriko na ang nasa lansangan upang tumulong.

Magagandang sermon ang naipangaral na mula sa pulpitong ito, mga kapatid. Ngunit walang mas huhusay pa sa mga sinabi ni Pangulong Young sa pagkakataong iyon.

. . . Ang mga kuwento ng pagkasagip sa kanila ay kailangang ulit-ulitin. Ipinakikita ng mga ito ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo. . . .

. . . May ilan sa ating mga miyembro na lumuluha dahil sa hirap at dusa at kalungkutan at pangamba. Tayo ay may malaking tungkulin na lapitan at tulungan sila, bigyang-sigla sila, pakainin sila kung sila ay nagugutom, pangalagaan ang kanilang mga espiritu kung sila'y nauuhaw sa katotohanan at kabutihan.

Napakaraming kabataan ang walang direksiyon ang buhay at sa kasawiang-palad ay nabubuhay sa droga, masasamang barkada, kahalayan, at sa mga problemang kaakibat ng mga bagay na ito. May mga balong naghihintay ng mga kaibigan at mga taong buong pagmamahal na magmamalasakit sa kanila. May mga taong aktibo at puno ng patotoo noon sa Simbahan ngunit ngayon ay nanlamig na. Marami sa kanila ang gustong bumalik ngunit hindi nila alam kung paano gawin ito. Kailangan nila ng mga kaibigan na lalapit at tutulong sa kanila. Sa kaunting pagsisikap, marami sa kanila ang maaaring muling maibalik sa piging ng hapag ng Panginoon.

Mga kapatid, umaasa ako, dumadalangin ako, na bawat isa sa atin . . . ay magpapasiyang hanapin ang mga taong nangangailangan ng tulong, na nasa mapanganib at mahirap na kalagayan, at bigyang-sigla sila sa diwa ng pagmamahal tungo sa Simbahan, kung saan naroon ang malalakas na kamay at mapagmahal na mga puso na malugod na tatanggap sa kanila, na aalo sa kanila, magtataguyod sa kanila, at maghahatid sa kanila sa maligaya at kapaki-pakinabang na buhay.

Iniiwan ko sa inyo minamahal kong mga kaibigan, mga kasamahan ko sa napakagandang gawaing ito, ang aking patotoo sa katotohanan ng gawaing ito, ang gawain ng Makapangyarihan, ang gawain ng Manunubos ng sangkatauhan. ■

*Isinunod sa pamantayan ang pagbabantas at pagbaybay.*

**TALA**

1. Brigham Young, sinipi sa LeRoy R. Hafen and Ann W. Hafen, *Handcarts to Zion* (1960), 120–21.

# DALAWANG PIONEER SA MAGKAIBANG SIGLO

**Ni Allison Ji-Jen Merrill**

Mahal kong Ebenezer, hindi mo ako kilala; hindi kailanman tayo nagkita.

Noong Nobyembre 17, 1830, ipinanganak ka sa Dunblane, Perthshire, Scotland, kina Andrew Bryce at Janet Adams Bryce. Ikaw ay pinangalanan nilang Ebenezer.

Makaraan ang isandaan at apatnapu't tatlong taon, isinilang ako sa Hualien, Taiwan. Pinangalanan nila akong Ji-Jen Hung.

Nagsimula kang magtrabaho sa mga daungan ng barko sa edad na 10. Kalaunan ikaw ay naging isang apprentice at naging napakahusay sa iyong trabaho.

Sa edad na apat sinimulan kong isaulo ang mga times table at Chinese phonetic symbol. Hindi madali, ngunit nakaya ko.

Sa tagsibol ng 1848, nagkaroon ka ng interes sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, bagama't hindi nagkaroon ng gayong interes ang iyong ama, pamilya, at mga kaibigan. Ginawa nila ang lahat ng maaari nilang gawin para hikayatin kang talikuran ang Simbahan. Ikinakandado pa ng iyong ama ang lalagyan mo ng mga damit para hindi ka makadalo sa mga pulong sa Linggo. Ngunit matatag ang iyong pananampalataya. Sa kabila ng pang-uusig patuloy ka pa ring nagsikap.

Noong Disyembre 4, 1986, dalawang Amerikanong misyonero mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kumatok sa pinto ng bahay ng aking ama. Bagama't pinayagan ni Itay na regular na bumisita ang mga misyonero, hindi siya kailanman naging interesado sa mensahe. Makaraan ang ilang buwan hiniwalayan niya si Inay at muling nag-asawa.

Nang ipaalam ni Itay sa mga misyonero ang malungkot na balita ng pagkawasak ng aming pamilya, sinabi din niya sa kanila na huwag nang bumalik.

Iniwan ng mga misyonero ang isang kopya ng Aklat ni Mormon na may address ng pinakamalapit na simbahan na nakasulat sa pabalat sa loob at sinabing, “Mananatili pa rin kaming mga kaibigan mo. Kung mayroon kaming anumang magagawa para sa inyong pamilya, magpunta kayo sa address na ito, at makikita ninyo kami roon.”



Ang pamamaalam sa mga misyonero nang gabing iyon ay mahirap, dahil nadama kong may bagay na mahalaga sa kanilang mensahe.

Tumira na sa amin ang aming madrasta. Naging malupit sila ni Itay, at naging mahirap ang buhay, at ako'y naging balisang tinedyer.

Isang gabi, nang hindi ko na matiis ang malupit na pakikitungong iyon, tumakbo ako palabas sa pintuan na takot na takot at nagtago sa mga palayan, malungkot, at walang pag-asa. Gusto kong tumakas, pero wala akong mapuntahan.

Bigla kong naalala ang sinabi ng mga elder noong huli silang bumisita. “Ang unang gagawin ko bukas, babalik ako para hanapin ang mga kaibigan ko!” ang nasabi ko sa aking sarili, habang nakadarama ng kapayapaan sa aking kalooban sa unang pagkakataon sa loob ng maraming taon.

Maagang-maaga kinabukasan sumakay ako sa aking bisikleta at nagpunta sa bayan patungo sa simbahan, ngunit ang mga elder na bumisita noon sa aking pamilya dalawang taon na ang nakararaan ay nakauwi na. Nang susuko na sana ako, dalawang mabait na babae na may suot ding itim na name tag sa kanilang coat ang lumapit sa akin at nagpakilala.

Mahal kong Ebenezer, sa kabila ng pagtutol ng iyong ama, ikaw ay bininyagan noong Abril 1848, ang tanging nabinyagan sa inyong pamilya.

Isang buwan matapos kong makilala ang mga misyonera, ako ay bininyagan, noong Nobyembre 1988, ang unang miyembro sa aking pamilya.

Ngunit dahil kay Itay at kay Tiya ay nahirapan akong magsimba.

Isang araw pagkauwi ko mula sa isang aktibidad sa Young Women, pumasok si Itay sa silid, minura ako, hinablot ang aking mga banal na kasulatan, at pinagpupunit ito. Lumutang at lumipad sa hangin ang mga puting piraso ng papel, dahan-dahang bumagsak sa sahig, kung saan din tumulo ang aking mga luha.

Isang bangungot iyon na hindi ko matakasan.


Nang tumuntong ako sa edad na 21, nagkaroon ako ng matinding

RETRATO NG MAY-AKDA NA KINUNAN NI DEREK ISRAELSON; RETRATO NI EBENEZER BRYCE SA KAGANDAHANG-LOOB NG UTAH STATE HISTORICAL SOCIETY; RETRATO NG BRYCE CANYON © RUBBERBALL PRODUCTIONS

*Isang batang lalaking taga Scotland. Isang batang babaeng taga Taiwan. Isa't kalahating siglo ang pagitan ngunit pinag-ugnay ng pananampalataya.*

hangarin na maglingkod sa full-time mission. Bilang tugon, itinakwil ako ni Itay. Pagsapit ng gabi ng Chinese New Year, kung kailan karamihan sa mga tao ay umuuwi para makapiling ang kanilang mga mahal sa buhay, pinalayas ako sa aming tahanan.

Mahal kong Ebenezer, nang hindi mo na matiis ang pagpapahirap mula sa iyong pamilya at mga kaibigan, nagpasiya kang mandayuhan sa Amerika mula sa Scotland upang makasama ang mga Banal sa mga Huling Araw at tumawid sa mga kapatagan papuntang Utah. Galit na galit ang iyong ama. Inutusan ka niyang lumagi o manatili, pero ikaw ay isang binatang matatag ang paninindigan. Noong araw na sumakay ka ng barko ay iyon na ang huling araw na nakita mo siya.



Ang buhay bilang isang 17-taong gulang na nandayuhan ay hindi naging madali para sa iyo, Ebenezer, ngunit nakayanan mo. Ang iyong karanasan at husay sa karpinterya, pagtatayo ng gilingan o kiskisan, at paggawa ng barko ay kaagad na nagamit.

*Si Ebenezer Bryce ay tumulong sa pagtatayo ng Pine Valley chapel (ibaba), na natapos noong 1868. Siya rin ang nakatuklas sa canyon na nagtataglay ngayon ng kanyang pangalan, ang Bryce Canyon National Park (kanan), sa katimugang Utah.*



Tinawag ka upang magtayo ng isang kapilya sa Pine Valley, Utah. Kahit hindi ka pa nakapagtayo kailanman ng isang kapilya, hindi ka nag-atubiling tanggapin ang tawag o tungkulin. Ngayon ang gusaling iyan ang pinakamatandang kapilya ng mga Banal sa mga Huling Araw na ginagamit pa rin sa kasalukuyan.

Kalaunan natuklasan mo ang kagila-gilalas na likas na tanghalan na ngayon ay nagtataglay ng iyong pangalan, ang Bryce Canyon National Park.

Noong Hunyo 4, 1994, nagreport ako sa Taiwan Taichung Mission bilang full-time missionary. Ikinabit ko na ang itim na name tag sa aking coat, gaya ng mga elder na dumalaw noon sa aming pamilya. Nakadama ako ng pagpapakumbaba. Ikinarangal ko ito. Ako'y pinagpala.

Pagkatapos ng aking misyon nanirahan ako sa Utah, kung saan ko natagpuan ang aking asawa. Ikinasal kami sa templo para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Sa pamamagitan ng angkan ng aking asawa, nagkaroon ako ng kaugnayan sa iyo.

Mahal kong Ebenezer, hindi mo ako kilala. Hindi tayo kailanman nagkita. Ngunit marami akong narinig na kuwento tungkol sa iyo. Hindi tumigil ang iyong mga paa sa paglalakbay. Hindi tumigil ang iyong mga kamay sa paggawa o pagtatrabaho. Hindi kailanman tumigil sa paniniwala ang iyong puso. Hindi ka kailanman tumigil sa paglilingkod. Pagkaraan ng maraming taon, ang iyong tapat na halimbawa ay nagbibigay-sigla pa rin sa akin. Salamat sa iyo, mahal kong Ebenezer. Salamat! ■





MGA PULO NG APOY AT PANANAMPALATAYA:

# Ang Galápagos

**Ni Joshua J. Perkey**
Mga Magasin ng Simbahan


*Marami ang makikita sa Galápagos Islands bukod sa namuong bato ng lahar, mga ibon, pawikan, at turismo. Ito ay isang sentro ng pananampalataya, kung saan ang paglilingkod at sakripisyo ay nagbunga ng pambihirang pagkakaisa at lakas ng paniniwala.*

Sa banda pa roon ng bitak-bitak na parang ng umitim na namuong bato ng lahar ay nakatayo ang isang malaking haliging bato, isang matatag na moog laban sa tilamsik ng malamig na tubig-alat mula sa karagatan. Kung titingnan nang malapitan, malalaman ng isang tao na ang matutulis na gilid ay totoong mga ulo ng isang dosenang iguanang-dagat, na nagsisiksikang parang mga dragon at naghihintay ng init ng sikat ng araw sa umaga. Ang ilang ligaw na iguana ay mag-isang naghihintay kung saan-saan malapit sa paanan ng bato, ang kanilang malalaking kuko, na kasingtalim ng mga kutsilyo at halos kasinghaba ng mga daliri ng babae, ay mahigpit na nakakapit sa bato.

Ngunit karamihan ay nakatipon sa mga grupo para makaramdam ng init at kaligtasan, ang parang katad nilang katawan ay sumusuporta sa bawat isa laban sa lamig at dilim, nagtutulungan sa iisa nilang pangangailangan. Dito, sa Galápagos, na mga pulong nagmula sa apoy, mahalaga ang kahulugan ng buhay. Isa itong lupain kung saan magkahalo ang siyensya at pananampalataya, kung saan nauunawaan natin na lahat tayo ay bahagi ng iisang sangkatauhan. At dito, nauunawaan ng mga miyembro ng Simbahan, katulad ng mga iguanang-dagat na ito, na ang lakas ay nagmumula sa mahigpit na pagkapit sa kanilang mga tipan habang sumusulong sila sa nagkakaisang landas tungo sa Panginoon sa pananampalataya, paglilingkod, at sakripisyo.

### Paano Nagsimula ang Pagtitipon

Isang madaling-araw nang bumisita sa Quito, Ecuador, napaan ang tour guide at naturalist na si André Degel sa isang meetinghouse ng Simbahan habang naglalakad-lakad sa araw ng Linggo. Iyon ay taong 1997, at bagaman miyembro siya ng Simbahan, matagal na siyang hindi nagsisimba matapos lumipat sa Galápagos Islands. Naalala ni André ang panatag na damdaming makapunta sa simbahan at madalas ay sadya siyang nagdaraan sa isang meetinghouse kapag nasa Ecuador siya. Karaniwan ay hindi siya pumapasok dito. Gusto lang niyang



**_Kaliwa: Ang mga pulo ng Santa Cruz (kaliwa) at Baltra (kanan) sa Galápagos. Itaas: Mahigpit na nakahawak ang mga iguanang-dagat sa isang bato sa Tortuga Bay, Santa Cruz._**

MGA LARAWANG KUHA NI JOSHUA J. PERKEY, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD



*Itaas: Ang baybayin at bayan ng Puerto Ayora, Santa Cruz. Ibaba, mula kaliwa: Sandra at André Degel kasama ang kanilang pamangkin na si Claudine; Mariana Becerra; ang pamilya Palacios; Oswaldo at Rosario Villón.*

mapalapit sa gusali. "Gumaganda ang pakiramdam ko," wika niya, "para akong nakauwi."

Sa araw na ito nagsisimula pa lang ang sakrament miting. Matapos mag-alinlangan sandali, nagpasiyang pumasok si André. Iyon ang desisyon na sa huli ay magpapabago sa tadhana ng daan-daang buhay.

Pagkatapos ng pulong binati ng mga misyonero at miyembro si André. Masaya niyang ginugunita ang pakikipag-usap na iyon, lalo na kung gaano kagulat—at katuwa—silang matuklasan na taga-Galápagos siya.

Noong panahong iyon, walang pormal na organisasyon ng Simbahan sa kapuluan. Katunayan, ni hindi alam ng mga lider ng priesthood sa Ecuador na may mga miyembrong nakatira doon.

Hindi nagsayang ng panahon ang mga misyonero. Ipinakilala nila si André sa Quito Ecuador Mission president at tiniyak na may impormasyon sila kung paano makokontak si André.



Hindi naglaon pagkatapos niyon umuwi na si André sa Puerto Ayora, ang pinakamalaking bayan sa Galápagos, sa pulo ng Santa Cruz. Hindi nagtagal pinadalhan siya ng misyon ng dalawang kahon ng mga materyal ng Simbahan, pati ng mga manwal na pag-aaralan. Ngunit marahil ang pinakamahalaga, nakuha ng mission president ang isang listahan ng mga miyembrong nakatira sa pulo, na magagamit ni André para makatulong sa pagtipon sa mga Banal. Nagulat si André nang mabasa ang listahan.

"May mga tao sa listahan na kilala ko, ngunit hindi ko alam na miyembro sila ng Simbahan," paliwanag niya.

Kasabay nito, naantig ang puso ng ibang mga miyembro sa Santa Cruz sa pagtatatag ng Simbahan doon. Lahat ay naglipatan na sa Galápagos Islands para maghanap ng trabaho. Ngayon ay hinahanap nila ang isa't isa.

### Ang Panawagang Magtipon

Para kay Mariana Becerra, mahirap ang buhay bago itinatag ang Simbahan doon. Dalawang taon pa lang siyang miyembro ng Simbahan nang magpunta siya sa kapuluan noong 1990.

"Walang Simbahan pagdating ko roon," sabi ni Mariana. "Dalawa lang kami ng anak



KALIWANG ITAAS: LARAWAN SA KAGANDAHANGLOOB NINA FLOYD AT SUSAN BAUM



kong lalaki. Nagdaos kami ng family home evening at sinikap naming ipamuhay ang ebanghelyo. Ngunit ang ilang miyembrong kilala ko ay hindi namumuhay ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo."

Gayon din ang naranasan nina David at Jeanneth Palacios. Sumapi si David sa Simbahan noong tinedyer siya, at nabinyagan si Jeanneth noong 1993, isang taon lang bago lumipat ang mag-asawa sa Galápagos.

"Nang lumipat kami rito, wala kaming kilalang iba pang mga miyembro. Akala ko kami lang. Napakahirap mabuhay nang wala ang Simbahan," sabi ni Jeanneth.

"Pagkatapos isang araw noong 1997 nagpunta si André sa pinagtatrabahuhan ko at sinabing, 'Hinahanap ko si Jeanneth de Palacios. Miyembro ka ba ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang Simbahang Mormon?'

"Pakiramdam ko ay iniunat ng Panginoon ang Kanyang kamay at tinitipon ang Kanyang mga tupa," pag-alaala ni Jeanneth. "At sinabi kong, 'Oo, oo!' Masayang-masaya ako dahil hindi kami nag-iisa. Mas marami kami!"

Dagdag pa ni Mariana, "Ang sarap ng pakiramdam nang tipunin kami ni André. Napakalalim ng aming pinagsamahan—na higit pa sa pagkakaibigan—bilang mga miyembro ng Simbahan."

### Ang Pagkakaisa sa Loob

Nang makabuo ng sapat na grupo si André, nagsimula silang magpulong nang regular. Noong una'y apat na pamilya lang at mga kaibigan.

"Madalas kaming magpulong, kung minsan araw-araw, karaniwan ay sa bahay ko," sabi ni André. "Pinag-aralan namin ang mga aklat na ipinadala ng misyon sa amin at ang Biblia at Aklat ni Mormon."

"Magandang sandali iyon," sabi Araceli Duran. "Nagkakaisa kami. Nagtitipon kami linggu-linggo para mag-aral."

"Isang bagay iyon na hinding-hindi ko malilimutan," sabi ni Jeanneth, "dahil may diwa ng pagkakaisa, at nadama namin na mahal kami ng Ama sa Langit at alam namin na ngayon kami kailangang magkasama-sama."

Umasa sila sa isa't isa, tinuruan ang isa't isa, at sama-samang pinatatag ang kanilang pananampalataya. Hindi nagtagal ay kinilala ang kanilang mga pagsisikap, at isang opisyal na branch ang inorganisa noong mga unang buwan ng 1998.

Sa pagdaan ng panahon lumago ang branch, at kinailangan ng mga miyembro ng mas malawak na lugar. Umupa sila ng maliit na bahay at pagkatapos ay lumipat sa mas malaking gusali na dating isang hotel. Sa mas malaking gusaling ito umabot sa halos 100 miyembro ang dumadalo. Bagaman lumago ang branch sa pamamagitan ng pagpapaaktibo at paglipat ng mga miyembro, ang malaking katatagan nito ay nagmula sa mga nabinyagan.





***Ibaba: Daniel at Angela Calapucha; Si Araceli Duran kasama ang kanyang mga anak; mga miyembro ng Galápagos branch na tumulong na maitayo ang bahay ni Elena Cedeño; ang Galápagos Islands Branch meetinghouse.***

Si Oswaldo Villón at ang kanyang asawang si Rosario, ay halimbawa nito. Si Rosario ay nabinyagan noong 2000 at naglingkod bilang Relief Society president, Primary president, at Young Women president. Si Oswaldo, na nabinyagan pagkaraan lamang ng isang taon ay naglilingkod bilang elders quorum president. Para sa kanilang dalawa, ganap na binago ng Simbahan ang buhay nila.

"Iniligtas ako ng Simbahan," paliwanag ni Oswaldo. "Dati, makamundo ang pamumuhay ko. Hindi ako lasenggo, pero parang ganoon ako noon kapag umiinom ako. Nang sumapi ako sa Simbahan, ang 25 kataong ito ang naging pamilya ko. Talagang nagkaisa kami. At nagsikap kami nang husto para mapalago ang branch."









Dahil sa walang pagod na mga pagsisikap ng mga miyembro sa Galápagos, kadalasan ay nasa pagitan ng 100 at 120 miyembro ang dumadalo sa sakrament. Noong Setyembre 2009 biniyayaan sila nang ilaan ang isang kapilya.

### Ang Kapangyarihan ng Paglilingkod


Ilang miyembro ng branch at kanilang mga pamilya ang nakatira sa mapunong kabundukan ng Santa Cruz. Dito ipinasiya ng mga lider ng branch na magdaos ng proyektong paglilingkod noong Setyembre 4, 2010.

"Bilang elders quorum, buwan-buwan ay sinisikap naming magdaos ng isa or dalawang *mingas*," o mga proyektong paglilingkod, sabi ni Oswaldo. "Idinaraos namin iyon para sa taong lubhang kailangang paglingkuran. Sa pagkakataong ito magtatayo kami ng bahay para sa isang kapatid na babae."

Ang totoo, kalahati lang ng bahay. Isang linggo o mahigit pa ang nakararaan, naitayo na ng mga miyembro ang kalahati nito. Sa araw na ito mahigit 20 sa kanila ang gumugol ng anim na oras o mahigit pa sa pagtatayo ng kalahati pa nito, kasama na ang kusina, imbakan ng tubig, at daanan sa paligid ng bahay. Ang abang tahanan ay nagsisilbing tirahan ni Elena Cedeño at ng kanyang mga anak, na hindi mga miyembro ng Simbahan noong panahong iyon. Lahat ay lubos na nagpasalamat sa oras at pagsisikap na ibinigay ng mga miyembro. (Si Sister Cedeño at ang kanyang anak na si Sebastián ay nabinyagan noong Enero 2011).

"Walang ibang mas mainam kaysa paglingkuran ang mga taong nangangailangan nito," sabi ni Oswaldo. At ang sulyap sa kanyang mga mata, gayundin ang sulyap sa mga mata ng iba pang mga miyembro ng branch at ng babaeng pinaglingkuran nila, ay nagpapatotoo sa pagkakaisang bunga ng gayong paglilingkod.








## Ang Tunay na Mahalaga

Ang paglilingkod at pag-asa ng mga miyembro sa Galápagos Islands sa isa't isa na lumikha ng gayong pagkakaisa ay humantong sa saganang mga pagpapala noong 2007. Sa taong iyon sinamahan nina David at Jeanneth Palacios ang limang pamilya ng branch, na halos 25 katao lahat, sa Guayaquil Ecuador Temple.

"Nang makita naming nabuklod ang mga pamilyang iyon, para kaming naiakyat sa langit," sabi ni Jeanneth. "Nadama namin nang matindi ang presensya ng Panginoon. Ang limang pamilyang iyon ay napakaaktibo ngayon."

Sa pagpuntang ito sa templo, nabuklod ang branch president na si Daniel Calapucha at kanyang asawang si Angela, at nabuklod din ang tatlo nilang anak sa kanila. "Tuluyan kang babaguhin ng templo," sabi ni President Calapucha. "Totoong ito ang bahay ng Panginoon. Ang magkasama-sama bilang pamilya sa ebanghelyo ng Panginoon ay nagpapabago ng buhay. Kaya nga ako nananatili sa simbahang ito. Matapos mabuklod bilang pamilya, hindi na ako takot mamatay. Hindi na ako nangangambang mawawala sa akin ang aking pamilya kapag namatay ako.

"Ang templo ay naging pundasyon ng damdamin at kaalaman na naririyan ang ating Ama sa Langit—at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at ang Espiritu Santo. Ito ay isang patotoo na hindi makukuha sa akin ninuman."



### ANG LALAWIGAN NG GALÁPAGOS ISLANDS

Ang mga pulo ang bumubuo ng lalawigan ng Ecuador. Bagama't halos 97 porsiyento ng lupain ang ginawa nang pambansang parke, may malaking bahagi pa rin ng lupain para makapagtrabaho ang 25,000 o mahigit pang mamamayan sa kalakalan, turismo, at agrikultura.

MAPANG GAWA NG MOUNTAIN HIGH MAPS © 1993 DIGITAL WISDOM INC.



nakikipag-ugnayan sa kanilang likas na kapaligiran.

Bilang tour guide at naturalist, ipinaliwanag ni André, "Itinuturo sa atin ng Galápagos na ang ecosystem ay parang buhay na nilalang. Para itong katawan. Ito ay may pressure, mga fluid, at mga organ. Kung masira ang isa sa mga iyon, mahihirapan ang lahat."

Itinuturo din sa atin ng Galápagos Islands ang malawak na karingalan ng mga likha ng Diyos. Walang anumang katutubo sa Galápagos. Lahat ng buhay, mga halaman, hayop, at tao ay inimporta.

"Kung iisipin ninyo," paliwanag ni André, "ang tsansa o pagkakataong sumibol ang buhay rito sa Galápagos ay hindi kapani-paniwala. Una, ang namuong bato ng lahar ay kailangang mapulbos hanggang sa makasuporta ito ng buhay. Pagkatapos ay kailangang magkaroon ng pagmumulan ng malinis na tubig. Pagkatapos ay kailangang dumating ang mga binhi sa kapaligiran na maaaring tumubo ang mga ito. At kailangang magbigayan ng polen ang mga ito.

"Pagkatapos ay kailangang dumating ang mga nilalang, isda man o ibon o anuman ito. At ang magkaibang kasarian ay kailangang sabay na dumating sa iisang lugar at kapaligiran para dumami sila at makakita ng pagkain at inumin. May libu-libong uri ng mga hayop sa Galápagos.

## Ang Itinuturo sa Atin ng Galápagos

Bawat miyembro ng Simbahan sa Galápagos Islands ay makabagong pioneer. Halos lahat ng miyembrong nasa hustong gulang ay binyagan, at marami sa kanila ang sumapi nitong nakaraang ilang taon. At bawat isa ay tumutulong na maitatag ang kaharian ng Diyos sa isang liblib na pulo kung saan kakaunti ang kabuhayan. Karamihan sa pagkain at lahat ng gasolina at mga produktong industriyal at teknolohikal ay kailangang importahin. Ang ekonomiya ng lugar, bagama't medyo sagana, ay umaasa sa pabagu-bagong kabuhayang laan ng turismo.

Marahil ang pinakamatatag na bagay sa kapuluan ay ang katapatan ng mga miyembro sa isa't isa at sa pagtatayo ng kaharian. Ang katapatang iyon ay kapansin-pansing tulad ng pag-asa ng ekolohiya sa kapuluang tinitirhan nila. Ang ecosystem sa Galápagos Islands ay umaasa sa kalusugan ng mga buhay na nilalang—kapwa mga tao at hayop at halaman—na matagumpay na

*Ibaba: Sumapi ang pamilya Fueres sa Simbahan sa Otavalo, Ecuador, at kalaunan ay lumipat sa Galápagos Islands para maghanap ng trabaho. Ibabang kanan: Si Elena Cedeño (kaliwa) kasama ang kapatid na si Maria; sa tulong ni Maria, sumapi si Elena sa Simbahan sa pagsisimula ng taong ito.*





"Tandaan, ang pinakamalapit na lupa ay 600 milya [1,000 km] ang layo. Para maging ganito ang buong kapaligiran ay isang himala ang kailangang mangyari."

At sa walang katapusang karunungan ng Panginoon, iyan mismo ang Kanyang tinutulutang mangyari.

Tulad ng pag-iral ng ecosystem kapag nagkakasundo ang lahat ng bahagi nito, ang mga miyembro ng Simbahan ay bumubuo ng isang uri ng ecosystem na panlipunan at espirituwal. Ang mga miyembro ay mga taong bahagi rin ng mga ecosystem na tinatawag na mga pamilya at ward at branch ng Simbahan. Bawat miyembro ay gumaganap ng mahalagang papel, na nakatutulong sa kaligtasan at kadakilaan ng kanilang sarili, kanilang pamilya, at iba pang mga miyembro ng branch.

Maaaring may walang hanggang epekto ang mga desisyon ng bawat tao, tulad ng desisyon ni André na magsimba sa araw na iyon noong 1997. Ang pinagsama-samang desisyon ng mga miyembro na itayo ang kaharian sa pamamagitan ng hindi makasariling paglilingkod ay parang isang lumang kasabihan lamang sa ilan. Ngunit para sa mga miyembro sa Galápagos Islands, gayong mga desisyon ang gumagawa ng malaking kaibhan sa katatagan ng kanilang paniniwala, lakas ng kanilang pagkakaisa, at pananampalataya nila sa kanilang mga tipan. ■







## ANG YAMAN NG LUPAIN


Karamihan ng lupain sa Galápagos Islands ay binubuo ng matigas at sira-sirang bato ng magagaspang na namuong lahar, na nabiyak nang hindi pantay-pantay sa pagdaan ng hangin at tubig. Ang iba pang mga lugar ay natatakpan ng cactus na peras, mga puno ng palo santo, at kulay tsokolate at abo na mga halaman. Sa mas bagong mga pulo, tulad ng malaking Isabela, pakiramdam mo ay nagbalik ka noong unang panahon.

Ngunit masaya rin naman ang buhay, lalo na sa pulo ng Santa Cruz. Doon, maraming punong bakawan na nakahilera sa gilid ng dalampasigan. Paakyat pahilaga papasok sa lupain, nagiging katamtaman at mahangin ang klima, kung saan laganap ang pagsasaka, pati na ang paglilinang ng mga punong nagbubunga at iba pang pananim.

"Akala ng mga tao lupain lang ng bato, lahar, at mga ibon ang Galápagos," sabi ng branch president na si Daniel Calapucha. Ngunit, gaya ng paliwanag niya, biniyayaan sila ng mga rantso, baka, at punong namumunga.







**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# ANG TRADISYON NG Balanse at Matwid na Pamumuhay

*Nawa'y biyayaan kayo ng Diyos ng kakayahan at pagnanais na maging halimbawa sa mundo at umangkop sa balanse at matwid na buhay na inaasahan Niya sa Kanyang mga anak habang sila ay nabubuhay.*

Sa simula ng di-malilimutang musikal na pagtatanghal na *Fiddler on the Roof,* sinimulan ni Tevye, ang bida, ang kanyang kuwento sa pagsasabing:

"Sa aming munting nayon ng Anatevka, maaari ninyong sabihin na lahat kami rito ay biyolinista sa bubong, na nagpipilit tumugtog ng maganda at simpleng himig nang walang kahirap-hirap. Hindi ito madali. Maitatanong ninyo, bakit kami namamalagi rito sa bubong kung napakadelikado pala? Namamalagi kami dahil ang Anatevka ang aming tahanan. At paano kami nananatiling balanse? Masasabi ko iyan sa inyo sa isang salita—tradisyon!

"Dahil sa aming mga tradisyon, nanatili kaming balanse sa loob ng napakaraming taon. . . . Dahil sa aming mga tradisyon, alam ng bawat isa kung sino siya at ang inaasahan ng Diyos na gawin niya."[1]



Ako at ang iba pang nakatatandang mga miyembro ng Simbahan ay nagkaroon ng pribilehiyong mabuhay sa isang natatanging panahon sa kasaysayan ng Simbahan. Ang panahon ng mga pioneer ay nagbigay sa amin ng magagandang tradisyon. Dahil mismong buhay ng mga pioneer ang nakasalalay rito, nagkaroon sila ng lubos na pagkakaisa. Kabilang ako sa pangatlong henerasyon ng mararangal na pamilyang Mormon pioneer, ngunit mapalad ako na nabiyayaan ako ng modernong tahanan, sasakyan, at nakatapos ng kolehiyo. Gayunman, hindi gaanong kaiba ang buhay ko sa buhay ng pioneer, at patuloy pa rin ang mga tradisyon ng pioneer sa aming pamilya,ward, at komunidad.

Sa tahanang kinagisnan ko kitang-kita na mahal nina Itay at Inay ang isa't isa at bawat isa sa kanilang mga anak. Lubos nilang inilaan ang pinakamahalagang bahagi ng kanilang buhay sa kanilang pamilya. Bilang pamilya, lagi kaming magkakasalong kumain nang tatlong beses sa isang araw. Ang tradisyonal na tahanang kinamulatan ko ay unti-unti nang nawawala ngayon. Kung minsan hinahanap-hanap namin ang "masasayang panahong nagdaan."

LARAWAN © ISTOCKPHOTO; KANAN: PAGLALARAWAN NI JERRY GARNS



Ang aming mga aktibidad na pangkasiyahan ay ginanap sa ward o sa paaralang elementarya sa aming lugar. Pinanood ng buong ward ang sinalihan naming mga laro. Kasali ang buong pamilya kapag may mga sayawan sa ward. Ang mga pagdiriwang na tulad ng Pasko, Araw ng Kalayaan, Pioneer Day, at mga palabas sa bayan ay mga okasyong pangkomunidad na dinaluhan ng buong pamilya.

May mga tradisyon din kami sa pamilya. Ang mga karanasan namin sa mga tradisyong ito ng pamilya ay nagturo sa amin ng mahahalagang alituntunin. May nakatutuwang tradisyon sa aming pamilya na hindi namin malilimutan. Kapag ang mga bata sa pamilya ay umabot na sa isang taong gulang, ipinupuwesto sila sa kabilang dulo ng silid at sa kabilang dulo naman ang pamilya. Sa pinagpuwestuhan ng pamilya, may apat na bagay na inilalagay sa sahig: bote ng gatas, laruan, maliit na alkansya, at mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay pinapagapang ang bata palapit sa mga bagay at pinapipili ng isa sa mga ito.

Pinili ko ang alkansya at naging isa akong financial executive. Pinili ng kapatid kong si Ted ang mga banal na kasulatan, na buong buhay na nahilig sa mga aklat, at naging abogado. Si Bob ang kapatid kong maraming alam sa buhay. Gumapang siya at inupuan ang mga banal na kasulatan, dinampot ang alkansya at inilagay sa paanan niya, at isinubo sa bibig ang bote ng gatas sa isang kamay at hinawakan ang laruan sa kabilang kamay. Naging accountant siya. Balanseng-balanse ang naging buhay niya.

Gamit ang apat na bagay na ito bilang halimbawa, gusto kong talakayin ang pamumuhay nang balanse.

### Ang Ating Katawan ay Isang Templo

Ang bote ng gatas ay kumakatawan sa ating pisikal na kalusugan. Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatunay kung gaano kahalaga ang ating katawan sa ating walang hanggang pag-unlad.

"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?

"Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya'y igigiba ng Dios; sapagka't ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).

Ang Panginoon ay nagtakda ng mataas na pamantayan para sa atin nang sabihin Niyang ituring nating templo ang ating katawan. Nagkaroon ako ng pribilehiyong makasama ang Pangulo ng Simbahan sa paglalaan ng maraming templo. Bago ang serbisyo sa paglalaan, laging gusto ng Pangulo na suriin ang pagkakagawa sa bagong templo, na pinakamataas ang kalidad at maganda ang disenyo. Ang bakuran ng ating mga templo ang laging pinaka-kaakit-akit na lugar sa mga komunidad na pinagtayuan sa mga ito.

Pumunta at tumayo sa harapan ng isang templo. Suriin ninyong mabuti ang bahay ng Panginoon at tingnan kung hindi kayo mahikayat na gumawa ng ilang pagbabago sa pisikal na templong ibinigay sa inyo ng Panginoon upang matahanan ng inyong walang-hanggang espiritu. Ang Panginoon ay bumuo ng ilang pangunahing pamantayan sa pangangalaga ng ating pisikal na katawan. Ang pagsunod sa mga pamantayang ito ay nananatiling kailangan para maorden sa priesthood, mabigyan ng temple recommend, at magkaroon ng tungkulin sa Simbahan.

Kung minsan maaari nating madama na hindi tayo tanggap ng mga tao dahil sa matataas na pamantayang itinakda natin sa ating sarili. Gayunman, may mga bagay na sadyang hindi natin ginagawa. Mayroon tayong Word of Wisdom, na tumutulong para tayo maging mas malusog, isang uri ng buhay na kapaki-pakinabang sa ating pag-unlad at mabuting kapakanan. Tayo ay may mga pamantayan, huwaran, at pamumuhay na kinaiinggitan ng karamihan sa mundo. Nalaman ko na kung namumuhay kayo nang ayon sa nararapat, napapansin kayo ng mga tao at humahanga sila sa inyong mga paniniwala at naiimpluwensiyahan ninyo ang buhay ng iba.

Nagtrabaho ako sa isang department store. Dahil isa ako sa mga namamahala, naging mahalaga sa akin ang makihalubilo sa ibang mga negosyante. Ang mga miting sa karamihan ng mga organisasyong ito ay laging nagsisimula sa cocktail. Ito ang oras para makahalubilo at



*Mayroon tayong Word of Wisdom, na tumutulong para tayo maging mas malusog, isang uri ng buhay na kapaki-pakinabang sa ating pag-unlad at mabuting kapakanan.*

makilala ang mga taong kabilang sa organisasyon. Lagi akong hindi komportable sa ganitong mga pagtitipon. Noong una humingi ako ng lemon-lime soda. Ngunit hindi nagtagal at natuklasan ko na kakulay ng marami sa iba pang mga inumin ang lemon-lime soda. Hindi ko maipapakita sa iba na hindi ako umiinom ng alak samantalang may hawak akong soda. Sinubukan ko ang root beer. Ganoon din ang problema.

Sa huli at nagpasiya ako na kailangan kong pumili ng inuming talagang magpapakita na hindi ako umiinom ng alak. Pinuntahan ko ang bartender at humingi ako ng isang basong gatas. Noon lang may humiling ng gayon sa bartender. Pumunta siya sa kusina at nakahanap ng isang basong gatas para sa akin. Kaya may inumin na ako na talagang ibang-iba sa itsura ng mga alak na iniinom ng iba. Bigla na lang natuon sa akin ang pansin ng lahat. Maraming nagbiro tungkol sa iniinom ko. Pinag-usapan na ang gatas na iniinom ko. Mas marami akong nakilalang negosyante nang gabing iyon kaysa mga dati kong dinaluhang cocktail.

Gatas na ang pinipili kong inumin sa mga cocktail. Hindi nagtagal marami na ang nakaalam na Mormon ako. Talagang ikinagulat ko ang respetong tinanggap ko, pati na ang nakatutuwang pangyayaring naganap. Nakisama na rin sa akin ang iba sa pag-inom ng gatas sa cocktail!

Magkaroon ng lakas-ng-loob na maging kaiba. Ipamuhay ang mga pamantayang itinuturo sa atin sa ebanghelyo.

"Ang pisikal at espirituwal na kalusugan ay makakatulong sa atin na manatili sa makipot at makitid na landas," sabi ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Ibinigay ng Panginoon ang kanyang batas ng kalusugan sa Word of Wisdom, 'isang alituntunin na may lakip na pangako' na patuloy na pinatutunayan ng makabagong siyensya ng medisina. (D at T 89:3.) Lahat ng kautusan ng Diyos, kabilang na ang Word of Wisdom, ay espirituwal. (Tingnan sa D at T 29:34–35.) Kailangan nating espirituwal na pangalagaan ang ating sarili, nang higit pa sa pisikal."[2]

Dapat nating pasalamatan nang husto ang mga turo ng ebanghelyo tungkol sa

PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE



kahalagahan ng pananatiling dalisay at karapat-dapat ng ating katawan para matahanan ng ating walang-hanggang kaluluwa.

### Mga Laruan ng Mundo

Nabubuhay tayo sa kakaibang mundo. Ang paghahangad sa mga laruan o bagay-bagay ng mundo ay napakatindi. Ang mauunlad na bansa ay nagiging lubhang sekular sa kanilang mga paniniwala at kilos kaya ikinakatwiran nila na ang tao ay may ganap na kalayaang pamahalaan ang kanyang sarili. Naniniwala sila na hindi natin kailangang managot kaninuman o sa anuman maliban sa ating sarili at, sa ilang aspeto, sa lipunan na ating ginagalawan.


Nagbabala sa atin ang mga banal na kasulatan, "Hindi nila hinanap ang Panginoon upang itatag ang kanyang kabutihan, kundi ang bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, at alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig, at kung kaninong kaanyuan ay yaong sa diyus-diyusan, na naluluma at masasawi sa Babilonia, maging ang Babilonia na makapangyarihan ay babagsak" (D at T 1:16).

Ang mga lipunang pinagmumulan ng ganitong sekular na pamumuhay ay malaki ang hinihinging kapalit sa kanilang espirituwalidad at moralidad. Ang paghahangad sa tinatawag na mga pansariling kalayaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga batas na itinatag ng Panginoon upang pamahalaan ang Kanyang mga anak sa mundo ay hahantong sa sumpa ng matinding kamunduhan at kasakiman, ng pagbagsak ng moralidad ng lahat at ng sarili, at ng pagsuway sa awtoridad. Sa gitna ng kaguluhan ng sekular na mundo, at kawalang-katiyakang dulot nito, dapat ay may mga lugar na nag-aalok ng espirituwal na kanlungan, panibagong-sigla, pag-asa, at kapayapaan.

Salungat sa sekular na pamumuhay na ito, itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) sa atin ang kahalagahan ng paghahangad ng karunungan mula sa Diyos:

"Sa wastong pagkakasunud-sunod, nauuna

***Ang mortalidad ang panahon para unang matutuhan ang tungkol sa Diyos at sa ebanghelyo at magsagawa ng mga ordenansa.***



KALIWA: PAGLALARAWAN NI FRANK HELMRICH; KANAN: PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE



*Kalakip ng marangal na pagtitiwalang iyan ang reputasyon ng isang taong tapat at may angking integridad. Ito ang mga pag-uugaling titiyak sa pangmatagalan at matagumpay na propesyon.*

riyan ang kaalaman tungkol sa Diyos at sa kanyang layunin, na siyang daan sa buhay na walang-hanggan, kasunod niyan ang kaalaman sa mga sekular na bagay, na [napakahalaga] rin. . . .

"Sina Pedro at Juan ay kaunti lang ang kaalaman sa sekular, at itinuring na mangmang. Subalit alam nila ang mahahalagang bagay sa buhay, na buhay ang Diyos at na ang ipinako sa krus, na nabuhay na [mag-uling] Panginoon ay ang Anak ng Diyos. Alam nila ang landas tungo sa buhay na walang-hanggan. Ito ang natutuhan nila sa iilang dekada ng buhay nila sa lupa. Ang matwid nilang pamumuhay ay nagbukas ng daan sa kanila tungo sa pagka-diyos at sa paglikha ng mga daigdig na walang-hanggan ang pag-unlad. Dahil dito kakailanganin nila marahil, sa bandang huli, ang ganap na kaalaman sa mga siyensya. Datapwa't sina Pedro at Juan ay may ilang dekada lang para matuto at gawin ang espirituwal, mayroon na silang labinsiyam na siglo para matutuhan ang sekular o ang heolohiya, ang soolohiya at pisyolohiya at sikolohiya ng mga nilalang sa mundo. Ang mortalidad ang panahon para unang matutuhan ang tungkol sa Diyos at sa ebanghelyo at magsagawa ng mga ordenansa. Matapos matatag na maitapak ang ating mga paa sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan, makapag-iipon tayo ng maraming kaalaman sa mga sekular na bagay. . . .

"Ang sekular na kaalaman, kahit mahalaga ito, ay hindi kailanman makapagliligtas ng kaluluwa ni makapagbubukas ng kahariang selestiyal ni makalilikha ng daigdig ni magagawang diyos ang isang tao, ngunit lubos na makatutulong ito sa taong iyon na, dahil inuuna ang mga dapat unahin, ay nakatagpo ng daan tungo sa buhay na walang-hanggan at magagamit na ang lahat ng kaalaman bilang kanyang kasangkapan at tagapaglingkod."[3]

Hangarin ang mga bagay ng Diyos, kung saan naghihintay sa inyo ang mga gantimpalang walang-hanggan.

## Pag-asa sa Kagandahang-asal

Ang Tagapagligtas, ayon sa nakatala sa Lucas 14, ay itinuro sa atin ang aral na ito:

"Sapagka't alin sa inyo, ang kung ibig

*Ang personal at taimtim na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay nagbubunga ng pananampalataya, pag-asa, at mga solusyon sa ating mga hamon sa araw-araw.*



magtayo ng isang moog, ay hindi muna uupo at tatayahin ang halagang magugugol kung mayroong maipagtatapos?

"Baka kung malagay na niya ang patibayan, at hindi matapos, ang lahat ng mga makakita ay mangagpasimulang siya'y libakin,

"Na sabihin, Nagpasimula ang taong ito na magtayo, at hindi nakayang tapusin" (Lucas 14:28–30).

Sa paghahanda ninyo para sa hinaharap, dapat ninyong tiyakin na ang karanasang natatamo ninyo sa buhay na ito ay magbibigay-kakayahan sa inyo na makatapos nang may katatagan at makamit ang inyong walang-hanggang gantimpala.

Ang ating mundo ngayon ay bumibilis ang pag-ikot at masalimuot. Laging may mga pagkakataon ang mga tao na kumilos nang mabilis at walang pakundangan. Maraming taong gustong makinabang nang mabilisan at madalas na sinasamantala ang ibang nagsisikap na kumilos ayon sa mga patakarang itinakda ng mabubuting gawi. Ang mundong ito na mabilis ang pag-ikot ay nagpasidhi sa tukso sa mga tao na mabuhay ayon sa sarili nilang mga patakaran.

Gayunman, lagi tayong dapat managot sa batas ng pag-ani. "Sapagkat kung anuman ang inyong itinanim, iyon din ang inyong aanihin; samakatwid, kung kayo ay nagtanim ng kabutihan kayo rin ay aani ng kabutihan bilang inyong gantimpala" (D at T 6:33). Ito ang batas na hindi kailanman mapapawalang-bisa.

"Ang pagkatao ng isang tao ang totoong siya.—Ang kanyang reputasyon ay ang opinyon ng iba tungkol sa kanya.—Ang pagkatao ay nasa kanyang kalooban;—ang reputasyon ay nagmula sa iba—[pagkatao] ang katawan, [reputasyon] ang anino."[4]

Ang mabuting pagkatao ay isang bagay na dapat ninyong likhain sa inyong sarili. Hindi ito maaaring manahin mula sa mga magulang. Hindi ito malilikha sa pagkakaroon ng mga pambihirang kalamangan sa iba. Hindi ito kasama sa pagsilang, yaman, talento, o katayuan. Bunga ito ng inyong sariling pagsisikap. Ito ang gantimpalang nagmumula sa pamumuhay ng mabubuting alituntunin at pagpapamalas ng mabuti at marangal na pamumuhay.

Kalakip ng marangal na pagtitiwalang iyan ang reputasyon ng isang taong tapat at may

PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH

angking integridad. Ito ang mga pag-uugaling titiyak sa pangmatagalan at matagumpay na propesyon. Ang pinakamagandang katangiang maaari ninyong taglayin ay ang reputasyon na maaari kayong pagkatiwalaan.

## Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan Araw-araw

Sa mga isinulat niyang damdamin tungkol sa mga banal na kasulatan, sinabi ni Nephi: "Sa mga ito ay isinulat ko ang mga bagay ng aking kaluluwa, at maraming banal na kasulatan ang nakaukit sa mga laminang tanso. Sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga banal na kasulatan, at ang aking puso ay nagbubulay sa mga yaon, at isinulat ang mga yaon para sa ikatututo at kapakinabangan ng aking mga anak" (2 Nephi 4:15).

Nakikita natin ang saganang pananalig at kaalaman mula sa ating mga banal na kasulatan: sa Biblia, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Makikita natin ang mga inspirasyong tuluy-tuloy na nag-uugnay sa bawat isa sa mga ito. Sa ating pag-aaral madali nating matutukoy ang mga ito.

Itinuturo sa mga banal na kasulatan na si Jesucristo ang Anak ng Diyos. Siya ay buhay at ating Manunubos at Tagapagligtas. Dapat natin Siyang sundin at ipakita na mahal natin Siya sa pamamagitan ng pag-alaala sa Kanya at sa mapagpakumbaba nating pagsunod sa Kanyang mga utos.

Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala maaari tayong magsisi at maging malinis. Tayo ay Kanyang mga pinagtipanang tao at dapat ay lagi nating tuparin ang mga tipang ginawa natin.

Dapat tayong sumampalataya, magsisi, magpabinyag, tanggapin ang Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas.

Ang personal at taimtim na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay nagbubunga ng pananampalataya, pag-asa, at mga solusyon sa ating mga hamon sa araw-araw. Ang madalas na pagbabasa, pagninilay, at pagsasabuhay ng mga aral sa mga banal na kasulatan, na may kasamang panalangin, ay nagiging walang kapantay na bahagi ng pagkakaroon at pagpapanatili ng malakas at masiglang patotoo.

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Kimball ang kahalagahan ng palagiang pagbabasa ng banal na kasulatan nang sabihin niyang: "Natuklasan ko na kapag nagiging mababaw ang pakikipag-ugnayan ko sa kabanalan at kapag tila . . . walang banal na tinig na nagsasalita, na napakalayo ko na. Kapag ibinubuhos kong muli ang sarili ko sa mga banal na kasulatan, kumikitid ang agwat at nagbabalik muli ang espirituwalidad."[5]

Ugaliing pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.

## Isang Halimbawa sa Mundo

Ang aking henerasyon ay mabilis na lumilipas. Handa na kaming ipasa ang responsibilidad sa bago at mas-handang henerasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw. Umaasa kami na kanilang:


1. Pananatilihing dalisay at banal ang kanilang malulusog na katawan bilang mga templo ng Diyos.
2. Uunahin ang espirituwal na pagkatuto at kaalaman mula sa Diyos.
3. Maging isang henerasyon na mapagkakatiwalaan at gamitin ang pundasyon ng mga walang-hanggang katotohanan ng ebanghelyo sa pagbuo ng mga pamantayan at pinahahalagahan.
4. Hangaring matuto mula sa mga walang-hanggang katotohanan na nasa mga banal na kasulatan.

Nawa'y biyayaan kayo ng Diyos ng kakayahan at hangarin na maging halimbawa sa mundo at umangkop sa balanse at matwid na buhay na inaasahan Niya sa Kanyang mga anak habang sila ay nabubuhay. ■

*Mula sa mensaheng ibinigay noong Enero 15, 2010, sa Utah Valley University.*


**MGA TALA**

1. Joseph Stein, Jerry Bock, Sheldon Harnick, *Fiddler on the Roof* (1964), 2–3.
2. Joseph B. Wirthlin, "The Straight and Narrow Way," *Ensign,* Nob. 1990, 65.
3. Spencer W. Kimball, *President Kimball Speaks Out* (1981), 90, 91, 92.
4. Henry Ward Beecher, sa Tryon Edwards, comp., *The New Dictionary of Thoughts* (1944), 67.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 83.



# HINDI PO SANA NILA MAKITA ANG BAHAY NAMIN

Nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, noong ako ay 19 na taong gulang, sinakop ng mga kaaway ang aking bayang-sinilangan sa Europa. Isang gabi nakaupo kami ng aking mga magulang sa tabi ng aming mesa nang makarinig kami ng malakas na ingay. Sumilip kami



sa itim na itim na mga kurtina, na isinabit para hindi matiktikan ng mga nambobomba ang bahay namin sa gabi, para makita ang mga kaaway—at ang kanilang mga motorsiklo, trak, at tangke—papasok sa aming nayon mula sa dalawang magkaibang direksyon. Takot na takot ako noon.

Sabi lang ng aking ama, na lagi nang nananalig, "Huwag kang matakot." Sa gitna ng nangyayari sa labas ng bahay namin, kakaibang pahayag iyan. Alam naming lahat na malamang na pasukin ng mga sundalo ang sambayanan para nakawan ang bahay ng mga tao. Iminungkahi ni Itay na lumuhod kami sa tabi ng sopa at magdasal na protektahan kami ng Ama sa Langit. Ang sabi niya sa dasal, "Ama sa Langit, bulagin po sana ninyo ang mga sundalong iyon. Hindi po sana nila makita ang bahay namin."

Matapos siyang magdasal, ang nanay ko naman ang nagdasal. Pagkatapos ay ako naman ang nagdasal. Pagkatapos nito, nagbalik kami sa mesa at maingat na sumilip sa bintana. Nakita namin ang paglusob ng mga sundalo sa bawat bahay sa kalye namin. Ang bahay namin ang nasa dulo ng kalye. Nilapitan nila ang bahay namin pero nilagpasan ang tarangkahan namin at nagpunta sila sa kabilang kalye. Nakita namin silang pumasok sa bawat bahay na nakikita namin mula sa aming bintana.

Matapos ang halos dalawang oras na paglusob, may pumito nang malakas, at nagbalikan ang mga sundalo sa kanilang mga sasakyan. Nang unti-unti silang magsialis, nakahinga kami nang maluwag at muling lumuhod, at nagpasalamat sa Ama sa Langit sa Kanyang kabaitan at proteksyon.

Kinabukasan nalaman ko sa isang balisang kaibigan na gumawa ng mga kahindik-hindik na bagay ang mga sundalo sa bawat bahay na alam niya. Nang sabihin ko sa kanya na hindi nila kami pinasok, nagulat siya. Sabi niya nakita niya silang papunta sa amin at alam niya na walang bahay sa kalye namin na hindi nila pinasok. Bahay lang namin ang kaisa-isang hindi pinasok ng mga sundalo.

Alam ko na pinakikinggan at sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga pagsamo. Kung minsan tila hindi tayo sasagutin kahit kailan, at nais nating sumagot Siya nang mas maaga. Ngunit alam ko na sa bahay namin 65 taon na ang nakararaan, sumagot Siya kaagad. ■

Alice W. Flade, Utah, USA

***Sumilip kami sa itim na itim na mga kurtina para makita ang mga kaaway na papasok sa aming nayon mula sa dalawang magkaibang direksyon. Takot na takot ako noon.***

MGA PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# GUSTO KONG MADAMANG MULI ANG ESPIRITU

Noong ako ay 16 anyos, sumali ako sa student foreign-exchange program sa loob ng isang taon. Mula sa tahanan ko sa Ukraine, nagpunta ako sa isang munting bayan sa Arizona, USA, kung saan ako nakitira sa isang pamilyang Banal sa mga Huling Araw. Hindi ko pa narinig ang tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw noon.

Hindi pinayagan ng exchange program ang pamilya na turuan ako, at hindi ako pinayagang makipagkita sa mga misyonero. Ngunit pinili kong magsimba kasama ang pamilyang kumupkop sa akin at makibahagi sa lahat ng aktibidad ng Simbahan.

Nadama ko ang Espiritu sa pamilyang iyon, at lubos kong nadama ang pagmamahal sa Simbahan. Sa panahong iyon hindi ko alam na ang nadarama ko ay ang Espiritu, ngunit naantig ang puso ko.

Nang bumalik ako sa Ukraine, gustung-gusto kong madamang muli iyon. Naalala ko ang buhay ko noong nagsisimba ako at namumuhay ayon sa mga turo ng ebanghelyo. Natanto ko ang nawala sa akin, pero walang simbahan at mga misyonero sa lugar na tinitirhan ko, kaya inakala ko na hindi ko na muling madarama iyon kahit kailan.

Gayunman, makalipas ang apat na taon, kumatok sa pintuan ko ang ilang misyonero. Napakasaya ko nang makita ko sila. Habang naghahanap sila ng tuturuan, nakinig sila sa Espiritu, na umakay sa kanila papunta sa bahay ko. Lubos akong nagpapasalamat na sumunod sila. Hindi nagtagal ay nabinyagan at nakumpirma ako.

Mula noon naibuklod na ako sa Stockholm Sweden Temple sa aking asawa, na isang nakabalik nang misyonero na taga-Russia. At ngayon may templo na sa Kyiv. Plano naming regular na dumalo roon.

Ang templo ang pinakakahanga-hangang lugar sa mundo. Ito ang lugar kung saan magiging malapit kayo sa Ama sa Langit. Lubos akong nagpapasalamat na matatanggap natin sa templo ang isa sa mga pinakadakilang kaloob sa atin ng Ama sa Langit: ang mabuklod nang walang hanggan bilang pamilya.

Nagpapasalamat ako sa mga miyembro ng pamilyang iyon na Banal sa mga Huling Araw na tumulong sa akin na madama ang Espiritu, na nagpasimula sa paglalakbay ko na aakay sa akin para magkaroon ng sarili kong pamilya na ibinuklod nang sama-sama magpakailanman. ■

Victoria Mikulina, Russia

*Paalala: Upang makapanood ng isang magandang video tungkol sa kultural na pagdiriwang ng mga kabataan para sa Kyiv Ukraine Temple, bumisita sa LDS.org at hanapin ang "Kyiv Ukraine Temple video."*



***Mabuti na lamang at walang nasaktan sa aksidente. Ngunit ang panghatak ng trailer ay nabaluktot na parang pretzel, lahat ng bintana ay nangabasag, at lahat ng aming kagamitan ay nagkalat.***

# MAGSIMBA KA!

Noong nasa junior high school ako, may nakilala akong babaeng Banal sa mga Huling Araw sa aking art class. Malaki ang naging impluwensya niya sa akin, at nabinyagan ako at naging miyembro ng Simbahan.

Nang makatapos na ako ng high school, nagpasiya sina Itay at Inay na lumipat kami mula sa California at tumira sa Idaho, USA. Ikinabit na namin ang aming trailer sa aming trak at nagbiyahe papuntang hilaga. Kalalampas lang namin sa Lovelock, Nevada, nang simulan kong bilisan ang pagmamaneho pababa sa isang maliit na burol. Dahil walang bakal na sumusuporta sa trailer, nagsimula itong pumaling sa magkabilang panig. Bigla kong tinapakan ang preno, at umigkas ang trailer, at napunta kami sa kanal sa gilid ng kalsada at tumiwarik ang trak sa isang panig at ang trailer naman sa kabilang panig.

Mabuti na lamang at walang nasaktan. Ngunit talagang nawasak ang loob at labas ng trailer. Ang panghatak ng trailer ay nabaluktot na parang pretzel, lahat ng bintana ay nangabasag, at lahat ng aming kagamitan ay nagkalat.

Dumating ang highway patrol at tumawag ng tow truck. Hindi alam nina Inay at Itay ang gagawin. Ang kaunti nilang pera ay napunta sa towing company. Sa sandaling ito ay nadama ko ang matinding pahiwatig na dapat akong magsimba kinabukasan, na araw ng Linggo. Inisip ni Itay, na hindi miyembro ng Simbahan, na nababaliw na ako. Kailangan naming tipunin ang aming mga kagamitan at ayusin ang trailer, at dahil pilay siya at mahina ang katawan, ako ang talagang gagawa o kikilos. Ngunit nagpumilit ang pahiwatig na magsimba ako. Hiniling ko kay Inay na kausapin si Itay para sa akin. Kinausap naman niya, at nagulat ako nang pumayag si Itay.

Pagsapit ng Linggo ng umaga nahanap ko ang meetinghouse sa lugar na iyon at umupo ako sa huling hanay ng upuan ng chapel nang magsisimula na ang sakrament miting. Ipinagdasal ko na gabayan ng Espiritu ang aming pamilya sa mahirap na sandaling ito.

Nang matapos ang miting, isa o dalawang tao ang nagpakilala sa akin, at maikli kong ikinuwento ang nangyari. Pagkatapos ay nagbalik na ako sa lugar na aming tinigilan at ginugol na ang nalalabing araw sa pagtulong sa paglilinis.

Kinaumagahan ng Lunes muli kaming nagsimulang maglinis nang biglang nagdatingan ang mga miyembro ng ward na dinaluhan ko at nag-alok ng tulong. Sinabi ng may-ari ng tindahan ng mga salamin sa lugar na iyon na papalitan niyang lahat ang mga bintana ng trailer nang walang bayad, at nag-alok ang isang welder na ituwid ang panghatak ng trailer nang libre.

Kaunti lang ang nasabi ni Itay at halatang namangha siya, naiyak naman si Inay sa pasasalamat, at nagpasalamat kami ng kapatid kong babae sa tulong. Nang patapos na ang maghapon, handa na kaming magpatuloy sa aming paglalakbay papuntang Idaho.

Bunga ng karanasang ito, nalaman ko na ang mga paramdam ng Espiritu ay tunay. Alam ko rin na ang ating mga dasal ay madalas sagutin ng ibang tao at ang pagtitiwala sa Panginoon ay nagdudulot ng kapayapaan at kagalakan sa ating puso. ■

Dwight LeRoy Dennis, Utah, USA

# DAPAT BA NAMING IPAGBILI ANG PANGARAP NAMING BAHAY?

Noong 1998 hinimok ako ng Espiritu na ipagbili ang pangarap naming bahay, na ipinatayo at nilipatan namin apat na taon pa lamang ang nakararaan. Dahil malapit nang magsipagtapos sa high school ang mas matatanda naming anak at magsasarili na, naging malinaw na mas malaki at mas magastos ang bahay namin kaysa aming kailangan. Kalilipat ko lang ng trabaho at nakita ko kung paano maaapektuhan ang kinikita ko at posibleng mahinto ang pagkita ko ng pera.

Nang dumalo ako sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre, naapektuhan ako sa sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008). Tungkol sa ating pananalapi, ito ang sinabi niya sa mga maytaglay ng priesthood, "Panahon na upang isaayos natin ang ating mga bahay." Pagkatapos ay nagbabala siya, 'May mga palatandaan ng mga maunos na panahong darating na kailangan nating bigyang-pansin."

Maya-maya ay sinabi niya: "Batid ko na maaaring kailangang humiram upang makabili ng bahay. [Ngunit] bumili tayo ng bahay na kaya nating bayaran at nang sa gayon ay mapadali ang pagbabayad ng bayarin na palaging [bumabagabag] sa ating isipan nang walang awa o humpay sa loob ng hanggang 30 taon."[1]

Ikinuwento ko sa asawa ko ang payo ni Pangulong Hinckley, at idinagdag na sa palagay ko ay dapat naming ipagbili ang bahay namin. Nagulat ako nang pumayag siya.

Nang sumunod na ilang buwan, naghanda kaming ibenta ang bahay namin at bumili ng iba. Napakahaba at napakatagal ng paghahandang iyon na kinapalooban ng matinding panalangin at pag-aayuno ng pamilya. Sa huli, pagkaraan ng isang taon ay lumipat kami sa aming bagong bahay, na mas mababa ang buwanang bayad.

Nangyari nga ang sinabi ni Pangulong Hinckley. Nang sumunod na taon umabot sa pinakamataas ang U.S. stock market nang bumagsak ang halaga ng mga kumpanyang nakabase sa internet. Pagkatapos ay sumunod ang ilang taon ng mababang patubo sa utang, na sinamantala namin para mabayaran ang sangla sa bahay namin.

Ngayon ay may bagong krisis sa ekonomiya sa maraming bansa sa buong mundo. Ang sinabi ni Pangulong Hinckley noong 1998 ay totoo pa rin ngayon.

Napakasaya namin na sinunod namin ang payo ng propeta at mga panghihikayat ng Espiritu. Wala na kaming utang sa bahay, at masaya kaming makita na namumuhay ang aming mga anak ayon sa kanilang kinikita.

Inaasam namin ang payo ng mga pinuno ng ating Simbahan sa bawat pangkalahatang kumperensya. Alam namin na pagpapalain kami kung susundin namin ang kanilang tagubilin. ■

Sullivan Richardson, Nevada, USA


**TALA**

1. Gordon B. Hinckley, "Sa mga Batang Lalaki at mga Kalalakihan," *Liahona,* Ene. 1999, 69–70.

***Nang dumalo ako sa sesyon ng priesthood sa pangkalahatang kumperensya, naapektuhan ako sa payo ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na ibinahagi ko sa aking asawa.***



# Itinanong Nga Ba Niya sa Akin *Iyan?*



**Ni Joelyn Hansen**

Nakaupo ako at nakatitig at hindi makapaniwala habang hinihintay ni Brother Jarman, miyembro ng branch presidency, ang sagot ko.

Siguro ang gusto niyang sabihin ay *titser* o *tagapayo*. Pero hindi. Tama ang narinig ko; tinawag niya ako bilang Relief Society president sa maliit naming branch.

Matagal-tagal akong nakaupo nang walang kakilus-kilos at pinag-iisipan ang aking sitwasyon. Ako ay 27 taong gulang lamang at wala pang asawa. Kalilipat ko lang sa lugar at kasisimula sa bagong trabaho bilang journalist o mamamahayag. Limitado ang karanasan ko sa pamumuno. Naglingkod ako sa ilang tungkulin sa nakalipas na mga taon pero hindi katulad nito.

Tahimik kong tinanong ang aking sarili kung sapat na nga ang edad o kaalaman ko o kung may kakayahan nga akong maglingkod. Ano ang maibibigay ko sa kababaihan ng branch?

Umuwi ako noong gabing iyon, lumuhod sa panalangin, at humingi ng patnubay sa Ama sa Langit. Pagkatapos kong manalangin, agad akong nahikayat na tingnan ang aking patriarchal blessing. Nabasa ko ang pahayag na ito: "Gagampanan mo ang isang gawaing itinalaga sa iyo ngayon, kahit bata ka pa."

Nang mabasa ko ang mga salitang iyon, naunawaan ko na hindi ito tungkol sa pagiging dalaga, sa edad, o sa magagawa ko. Ito ay tungkol sa *kailangang* ipagawa sa akin ng Panginoon. Tinanggap ko ang tungkulin.

Sa pamamagitan ng aking tungkulin natulungan ko ang mga tao sa kabila ng pagkakaiba ng aming mga pinagmulan. Ang isang

***Bagama't maaari tayong mag-alinlangan sa mga kakayahan nating maglingkod sa isang tungkulin sa Simbahan, kilala tayo ng Panginoon. Kung handa tayong maglingkod, gagawin Niya tayong karapat-dapat para sa Kanyang gawain.***

MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

babaeng partikular na itinuro sa akin ng Diyos na paglingkuran ay lagpas na sa 25 ang edad, isang inang walang asawa na may dalawang anak. Agad kong nalaman na magkaiba ang uri ng aming pamumuhay. Hindi ko tiyak kung paano ko siya kakaibiganin, ngunit sa huli ay naging magkaibigan kami.

Sa isa pang pagkakataon nakilala ko ang isang babaeng di-gaanong aktibo. Naalala ko na pumasok ako sa kanyang tahanan sa kauna-unahang pagkakataon kasama ang mga misyonero at batid na mayroon siyang patotoo; kailangan lang niya ng kaunting "paghikayat" para mapalakas ito. Habang nakaupo kami sa sala at nakikinig sa kanya, malakas ang Espiritu at hinikayat kaming magpatotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Nang sumunod na mga buwan nagsimba siya paminsan-minsan. Ngunit patuloy akong inakay ng Espiritu at ibinahagi ko sa kanya ang aking patotoo. Ngayo'y aktibo na siya at naglilingkod sa branch.

Iyon ang ilan sa magagandang pangyayari sa tungkulin, ngunit napakaraming hamon. Mahirap madama na sapat na ang ginagawa ko, na mabalanse ang oras para sa simbahan at trabaho, at madaig ang damdamin ng kakulangan.

Sa huli natanto ko na marami akong nagawa dahil sa tulong ng Espiritu. Na-release na ako sa tungkuling iyon at nakalipat sa ibang lugar na malayo sa lungsod na iyon. Ngunit madalas kong pagnilayan kung paano nakaimpluwensya ang tungkuling iyon sa kababaihan—at sa akin. Dahil dito nalaman ko, bilang isang dalagang miyembro, na may maitutulong ako sa iba habang sama-samang kaming umuunlad sa ebanghelyo. Bagama't dama ko na hindi ako karapat-dapat para sa tungkulin, masigasig kong ginampanan ito. At nang gawin ko ito, nadama ko ang patnubay ng Diyos at naging karapat-dapat ako sa Kanyang gawain. ■

## Pinatatag ng Kanyang Pagmamahal

Nang tanggapin ko ang tungkulin bilang lider ng mga aktibidad ng mga estudyante, lubos akong nabahala. Mahiyain ako at alam ko na mahihirapan akong magplano ng mga aktibidad. Damang-dama ko ang kawalan ng tiwala sa sarili, kaba, at panlulumo.

Dahil sa panlulumo bumaling ako sa Ama sa Langit. "Paano ko po ito magagawa?" pagdarasal ko. "Maliit lang ako at mahina."

Agad kong narinig ang payapa at mahinang bulong sa aking puso: "Kaya mo iyan, anak. Mahal kita."

Pinalakas ako ng sagot na iyan ng aking mapagmahal na Ama. Dahil pinalakas ng pahiwatig na iyon, pakiramdam ko ay kaya kong gawin kahit ano. Ang malaman na nagmamalasakit Siya sa akin, na mahal Niya ako, at itataguyod Niya ako ang tanging kailangan ko para magampanang mabuti ang aking tungkulin.


Alam ko na anuman ang ating mga paghihirap, mahal tayo ng Ama sa Langit at pinakikinggan Niya ang ating mga dalangin. Kapag lumapit tayo sa Kanya, maaari tayong tumanggap ng patnubay at panghihikayat habang nagsisikap tayong gampanan ang ating mga tungkulin.

Ye Kyung Koo, Korea

## Kasiyahan sa Pagganap ng Aking Tungkulin

Bilang binata, nalaman ko na nakakatulong ako sa aming ward at nakadarama ng kasiyahan sa paglilingkod ko sa iba't ibang tungkulin sa Simbahan.





### PAGHINGI NG TULONG SA AMA SA LANGIT

"Hihimukin ko tayong lahat na manalangin tungkol sa ating mga tungkulin at hingin ang tulong ng langit, upang magtagumpay tayo sa pagsasagawa ng mga ipinagagawa sa atin. May nagsabi na 'ang pagkilala sa kapangyarihan na mas mataas kaysa kanya ay hindi makabababa nang anuman sa kanya.' Dapat niyang hangaring paniwalaan, pagdasalan, at asahang makikita niya ito. Walang taimtim at mapanalanging pagsisikap na hindi sasagutin: iyon ang tunay na kabuuan ng pilosopiya [ng] pananampalataya. Banal na kabutihan ang darating sa kanila na [mapag] pakumbabang hinahangad ito."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Para Matuto, Para Gawin, Para Maging," *Liahona,* Nob. 2008, 67.**

Kasalukuyan akong naglilingkod bilang pangalawang tagapayo sa Young Men presidency. Ang makabilang sa organisasyon ng Young Men ay nagbigay sa akin ng pagkakataong makasama ang mga deacon upang mangolekta ng mga handog-ayuno, makausap ang mga di-gaanong aktibong miyembro ng ward, at dumalo sa mga kumperensya ng mga kabataan at aktibidad sa Mutual. Nagalak din akong makapunta sa templo kasama ang mga kabataan para magsagawa ng mga binyag para sa mga patay. Habang naglilingkod sa tungkuling ito, sinikap kong tulungan ang mga binatilyo sa kanilang pagbibinata sa pagpapakita na mahal ko sila at pinahahalagahan. Ang mga karanasang ito ay nakatulong sa aking espirituwal na pag-unlad at naging pagpapala sa aking buhay.

Mat Carter, Utah, USA

## Tinawag Upang Makaimpluwensya

Nang tawagin akong maglingkod bilang Mia Maid adviser sa organisasyon ng Young Women, nag-alinlangan ako na baka hindi ko magampanan ang tungkulin. Hindi ko inisip na gugustuhin ako ng mga bata o matututo sila sa akin, lalo na nang malaman ko na ibang-iba ang lahat para sa kanila kaysa noong kaedad nila ako.

Nagbago ang damdaming iyan ilang linggo mula nang tawagin ako nang dumalo ako sa isang kaganapan ng Young Women. Sa kaganapan ipinahayag ng isang ina kung gaano niya pinasasalamatan ang programang Young Women dahil pinalakas nito ang kanyang anak laban sa tukso. Naipaunawa sa akin ng kanyang mga sinabi kung gaano talaga kahalaga ang aking tungkulin.

Natanto ko na ang tungkulin ko ay higit pa sa pagtuturo ng mga aralin tuwing Linggo at pagtulong na magplano ng mga aktibidad. Tungkulin iyon para tulungan ang mga dalagitang ito na maghanda para sa hinaharap—magpunta sa templo, maglingkod sa Simbahan, at maging mabubuting ina. Kinailangan kong tulungan silang maghanda para sa buhay.



***Kapag tinanggap natin ang mga oportunidad na makapaglingkod, makikita natin, tulad ng ipinangako ni Pangulong Monson, na "banal na kabutihan ang darating sa kanila na [mapag] pakumbabang hinahangad ito."***

Ang mga tungkulin sa Simbahan ay nagmumula sa ating mapagmahal na Ama sa Langit. Alam Niya ang mga pangangailangan natin at ng ating mga pinaglilingkuran. Ang kaalamang iyan ay makatutulong sa atin na sumampalataya sa Kanya at magtiwala sa ating sarili, kahit hindi natin nauunawaan kung bakit tayo binigyan ng partikular na tungkulin o hindi tayo nakatitiyak sa kakayahan nating gampanan ang isang tungkulin. Mapasasalamatan natin ang mga pagkakataong maglingkod at

na karapat-dapat tayong magkaroon ng tungkulin, at maaari nating samantalahin ang pagkakataong matuto hangga't kaya natin habang umuunlad tayo sa ebanghelyo.
Georgina Tilialo, New Zealand

## Pagbabahagi ng Aking Patotoo sa Pamamagitan ng Musika

Bagama't pinalaki ako sa Simbahan, hindi na ako gaanong naging aktibo noong 18 taong gulang ako. Kalaunan, noong lumipat na ako sa Frankfurt mula sa silangang Germany, niyaya akong tumira sa isang pamilyang miyembro ng Simbahan. Alam ko na maaaring pagkakataon ko na ito para magkaroon ng bagong simula at maging aktibong muli sa Simbahan.


Hindi nagtagal pagkalipat ko sa Frankfurt, tinawag ako bilang miyembro ng panguluhan ng sentro para sa mga young adult sa aming lugar. Bahagi ng tungkulin ko ang i-coordinate ang mga klase sa institute, family home evening, at iba pang mga aktibidad. Maraming dapat gawin, pero sulit naman dahil malaki ang naitutulong ng sentro sa mga young adult sa lugar.

Dahil sa tungkuling ito, nalaman ko ang tungkol sa koro ng mga young single adult at sumali ako. Pumunta ang koro sa Poland at sa Czech Republic para magtanghal ng konsiyerto. Napakagandang karanasan iyon, at gustung-gusto ko ang pagkakataong ibahagi ang aking patotoo sa pamamagitan ng musika. Lalo pa akong sumaya nang makatanggap ako ng e-mail makaraan ang ilang linggo na nagsasabi sa akin na may sumapi sa Simbahan dahil sa isa sa aming mga konsiyerto.

Dahil sinisikap kong gampanan ang aking tungkulin, nakatulong akong palakasin ang mga patotoo ng iba, at lumakas din ang sarili kong patotoo sa ebanghelyo. ■
Felix Seidl, Germany

### PAGTANGGAP NG TULONG MULA SA IBA PANG MGA PAGKUKUNAN

Maaaring mahirap gawin ang isang bagong tungkulin sa pagsisikap ninyong matutuhan ang inyong mga responsibilidad. Gayunman, marami kayong mapagkukunan ng tulong. Tutulungan kayo ng mga mapagkukunang ito, na nilakipan ng panalanging magabayan at mapatnubayan ng Ama sa Langit, na malaman kung paano gampanan ang inyong tungkulin at pagpalain ang buhay ng iba sa inyong paglilingkod.



- **Mga hanbuk.** Ang mga hanbuk ay tumutulong sa pagpapaliwanag ng mga tungkulin. Kapag natanggap ninyo ang inyong tungkulin, simulang pag-aralan ang impormasyon sa hanbuk para sa inyong partikular na responsibilidad.



- **Ang bishopric, branch presidency, o iba pang mga lider.** Huwag kayong matakot na humingi ng tulong sa mga lider. Mabuting paraan ito para malaman ang kinakailangang gawin.



- **Isang taong dati nang naglingkod sa tungkuling iyan.** Ang mga taong ito ay maaaring may karanasan o payo na makatutulong sa inyo. Ngunit tandaan na sa inyo ang tungkuling iyan ngayon at maaari kayong maghanap ng inspirasyon na tutulong sa inyo na makapaglingkod nang mahusay.



- **Mga website ng Simbahan.** Kasama sa LDS.org ang maraming impormasyon at mapagkukunan. Maaari kayong magsimula sa pagpili sa "Serving in the Church." Mag-klik sa "Handbook 2" at pagkatapos ay piliin ang wika.

# Mga Tanong at mga Sagot

## "Paano ako sasagot kapag sinabi ng mga kaibigan ko na walang taong maaaring makakita sa Diyos?"

Marahil ay nabasa na ng mga kaibigan mo ang ilang talata sa Biblia na nagsasabing hindi maaaring makita ng tao ang Diyos (tingnan sa Exodo 33:20; Juan 1:18; I Kay Timoteo 6:14–16; I Juan 4:12). Ang mga talatang ito ay tila salungat sa iba pang mga talata sa Biblia na nagsasabi na nakita na ng kalalakihan—tulad nina Jacob, Abraham, Moises, at Isaias—ang Diyos (tingnan sa Genesis 18:1; 32:30; Exodo 33:11; Isaias 6:1).

Mabuti na lang at mayroon tayong Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, na naglilinaw sa apat na banal na kasulatang nagsasabi na hindi maaaring makita ng tao ang Diyos. Ipinaliliwanag ng mga binigyang-inspirasyong rebisyon ng Propeta sa mga talatang iyon na hindi maaaring makita ng mga taong *makasalanan* ang Diyos—tanging ang mga nananalig lamang. At magkagayunman, kailangang magbago ang isang matwid na tao—magbagong-anyo—upang makita ang Diyos (tingnan sa D at T 67:11). Sa kuwento sa Mahalagang Perlas na nakita ni Moises ang Diyos, ipinaliwanag ni Moises na ang kanyang espirituwal, hindi likas, na mga mata ang nakakita sa Diyos (tingnan sa Moises 1:11).

Maaari mong ipaalam sa mga kaibigan mo na "naniniwala [tayo] na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8). Maaari ka ring magpatotoo tungkol kay Joseph Smith at sa mga banal na kasulatan sa mga huling araw, na nagpapaunawa sa atin na "ang mga may malinis na puso . . . [ay] makikita ang Dios" (Mateo 5:8).


### Espirituwal Siyang Makita



Itinuro ni Alma na lahat ng aspeto ng kalikasan ay nagpapatunay na may kataas-taasang Lumikha dahil sa walang-hanggang kasalimuotan at kaayusan nito (tingnan sa Alma 30:44). Malaking pagkakataon ito para mapatotohanan mo sa iyong mga kaibigan na nadarama mo ang Kanyang presensya sa buhay mo araw-araw sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Maaari mo ring ipaliwanag na hindi natin kailangang makita ang Diyos para maniwala na nariyan Siya. Kaya nga tayo may pananampalataya. Kung nakikita natin Siya, hindi na tayo gaanong magsisikap na paniwalaan at sundin Siya habang tayo ay nabubuhay. Darating ang panahon na makikita natin Siya sa kabilang-buhay. Hanggang sa sumapit ang panahong iyon, sapat na ang pananalig mo para espirituwal na makita ang patnubay Niya sa iyong buhay.

*Janel E., edad 18, Washington, USA*

### Mahal Ako ng Diyos



Isang kasama ko sa kuwarto ang nagtanong kung paano ko napaniwalaan ang isang bagay na hindi ko nakikita. Sumagot ako na iyon ay dahil nadarama ko ang Espiritu Santo, na nagpapatotoo na kilala ako ng Diyos, at nagpapalakas ito ng aking pananampalataya at pumapayapa sa aking kaluluwa. Hindi ko Siya nakikita, pero alam kong mahal Niya ako dahil sumasampalataya ako at nadarama ko ang Kanyang Espiritu.

*Samuel P., edad 18, Lara, Venezuela*

### Buksan ang Ating Puso

Iilang tao pa lamang ang nakakita sa Diyos nang mabuhay sila sa mundo, pero lahat tayo ay naapektuhan. Nakikita natin ang lahat ng nilikha Niya, lahat ng biyayang ibinibigay Niya, at nadarama nating lahat ang Kanyang pagmamahal. Lubos ko itong nadarama kapag nagpapatotoo ako. Kapag binuksan natin ang ating mga mata at puso, makikita natin ang Diyos sa buong paligid natin, gayundin sa isa't isa, na Kanyang mga anak.

*Katelyn E., edad 16, California, USA*

### Tatayo Tayo sa Kanyang Harapan



Kapag itinatanong ng mga kaeskuwela ko kung bakit ako nananalig sa Diyos gayong hindi ko pa Siya nakita kahit kailan, ipinaliliwanag ko na hindi natin nakikita ang Diyos dahil hindi pa panahon para makita natin Siya. Kapag nabuhay tayong maguli, haharap tayo sa Kanya para hatulan (tingnan sa D at T 137:9). Pagkatapos ay ibinabahagi ko ang aking patotoo at ipinaliliwanag ko na ang ibig sabihin ng sumampalataya ay manalig at magkaroon ng pag-asa. Kung sumasampalataya sila, makikita nila ang Diyos na tulad ng pagkakita ko sa Kanya—sa aking puso.

*Daiana V., edad 18, Santa Cruz, Argentina*



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

### Alam Niyang Totoo Ito



Isang araw tinuruan naming magkompanyon ang isang mag-asawa, at sinabi namin sa kanila na nagpakita ang Ama at ang Anak kay Joseph Smith bilang sagot sa kanyang panalangin. Sinabi ng lalaki na walang taong maaaring makakita sa Diyos. Agad tumunog ang alarma sa relo ko, para ipaalam na kailangan na naming umuwi. Nilisan namin ang kanilang tahanan nang hindi sinasagot ang pahayag na iyon.

Kinabukasan may nabasa akong talata sa Biblia na nagsasabing, "Kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong Panginoon ay pakikilala sa kaniya sa pangitain" (Mga Bilang 12:6). Alam ko na makakatulong ang talatang ito para maniwala ang lalaking ito.

Oras na para bumisita kami ulit, at tinalakay namin ang tungkol sa mga propeta. Ipinakita ko sa kanya ang talatang ito, at nagbago ang kanyang mukha. Napuno ng luha ang kanyang mga mata, at sinabi niyang, "Totoo ito. May mga taong inihanda upang makita ang Diyos." Kalaunan ay tinuruan namin siya tungkol sa mga propeta sa Aklat ni Mormon na nakakita na sa Diyos, at alam niyang totoo ito.

*Elder Diaz, edad 25, Mexico Mérida Mission*

### Pananampalataya na Mayroong Diyos

Karaniwan ay hindi natin nakikita ang Diyos, pero madarama mo ang Kanyang Espiritu. Gusto Niyang makilala mo Siya sa pagbabasa mo ng mga banal na kasulatan at pagsampalataya sa Kanya. Kung sumasampalataya ka sa Kanya, hindi mo na Siya kailangang makita para makilala kung sino Siya at na Siya ay buhay. Ang mga propeta, tulad nina Moises at Joseph Smith, na talagang nakakita sa Diyos ay kinailangang magbagong-anyo upang makita Siya.


*Aaron F., edad 12, Oregon, USA*

### Magpatotoo



Minsan ay itinanong ito ng isang kaibigan ko, at tinanong ko siya kung saan niya nakuha ang ideyang ito. Sinabi niya sa akin na isang lalaki ang nagpakita nito sa kanya sa Biblia. Pagkatapos ay naalala ko ang Juan 1:18, kung saan sinabi niya na walang taong maaaring makakita sa Panginoon. Sa tulong ng seminary, naalala ko ang iba pang mga talata sa Biblia na nagsasabi na ang kalalakihang tulad nina Moises at Jacob, na puspos ng Espiritu Santo, ay nakita ang Diyos. Kaya nasagot ko ang kaibigan ko nang may tiwala at nagpatotoo ako.

*Luis M., edad 17, Mato Grosso, Brazil*



### HINDI MAIKAKAILANG KAALAMAN NA SIYA AY BUHAY

"Magkaroon ng masigasig na hangarin na malaman na buhay ang Diyos.

"Ang hangaring ito ay aakay sa atin na pag-isipang mabuti ang mga bagay ng langit—hayaang maantig ang ating puso ng mga katibayan ng Diyos na nasa ating paligid.

"Taglay ang pinalambot na puso handa tayong pakinggan ang panawagan ng Tagapagligtas na 'saliksikin ninyo ang mga kasulatan' (Juan 5:39) at mapagpakumbabang matuto mula sa mga ito.

"Pagkatapos ay handa na tayong magtanong nang may matapat na puso sa ating Ama sa Langit, sa pangalan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, kung ang mga natutuhan natin ay totoo. Karamihan sa atin ay hindi makikita ang Diyos gaya ng mga propeta, ngunit ang marahan at banayad na paramdam ng Espiritu—ang mga kaisipan at damdaming dulot ng Espiritu Santo sa ating mga isipan at puso—ay magbibigay sa atin ng hindi maikakailang kaalaman na Siya ay buhay at mahal Niya tayo."

**Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hangaring Makilala ang Diyos, na Ating Ama sa Langit, at ang Kanyang Anak na si Jesucristo,"** ***Liahona,*** **Nob. 2009, 32.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Sinisira ng pornograpiya ang aking buhay. Ano ang magagawa ko para makapagsisi at maitigil ang pagkalulong?"

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Setyembre 15, 2011, sa:


*Liahona,* Questions & Answers 9/11
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA
O mag-e-mail sa: **liahona@ldschurch.org**

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para iakma ang haba o palinawin pa.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# ANG TANGING TUNAY AT BUHAY NA SIMBAHAN

*Ano ang ibig sabihin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tanging tunay na Simbahan?*

Ang una nating tungkulin at layunin ay magpatotoo kay Jesucristo sa isang mundong walang nalalaman tungkol sa Kanyang banal na misyon. Bilang tugon ko sa malaking responsibilidad na iyan, magsasalita ako tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang tanging tunay at buhay na Simbahan. Sa paggawa nito alam kong nagsasalita ako laban sa malakas na puwersa ng tinatawag na "tanggap ng lipunan."

Ang karaniwang opinyon ng panahong ito ay na lahat ng simbahan ay totoo. Sa katunayan, ang ideya na lahat ng simbahan ay magkakapareho ay doktrina ng anti-Cristo, na inilarawan ng salaysay ng Aklat ni Mormon tungkol kay Korihor (tingnan sa Alma 30). Ang kuwento ay ibinigay upang bigyan tayo ng isang mahalagang aral sa ating panahon.

Isang paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph Smith noong 1831, pagkatapos kaagad na maorganisa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang nagbanggit tungkol sa mga taong binigyan ng "kapangyarihang maitatag ang saligan ng simbahang ito." Pagkatapos ay tinukoy ng Panginoon ang Simbahan bilang "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo, na kung saan ako, ang Panginoon, ay labis na nalulugod" (D at T 1:30).

Dahil sa pahayag na ito ng Panginoon, tinutukoy natin ito, na Kanyang Simbahan—ating Simbahan—bilang "tanging tunay na Simbahan." Kung minsan ginagawa natin ito sa paraan na nakasasakit nang labis sa kalooban ng mga taong kabilang sa ibang mga simbahan o naniniwala sa ibang pilosopiya. Ngunit walang itinuro sa atin ang Diyos na dapat magpadama sa atin na nakahihigit tayo kaysa sa ibang tao. Tunay na lahat ng simbahan at pilosopiya ay may mga elemento ng katotohanan sa mga ito, ang ilan ay mas nakahihigit kaysa sa iba. Tunay na mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga anak. At tiyak na ang Kanyang plano ng ebanghelyo ay para sa lahat ng Kanyang mga anak, lahat batay sa Kanyang takdang panahon.

Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tanging tunay na Simbahan?

Tatlong katangian—(1) kabuuan ng doktrina, (2) kapangyarihan ng priesthood, at (3) patotoo kay Jesucristo—ang nagpapaliwanag kung bakit ito sinabi o ipinahayag ng Diyos at bakit sinasabi natin, na Kanyang mga lingkod, na ito ang tanging tunay at buhay na Simbahan sa balat ng lupa.

### 1. Kabuuan ng Doktrina

Noong si Jesucristo ay nasa mundo, itinuro Niya ang kabuuan ng Kanyang doktrina, na siyang plano ng ating Ama sa Langit na ibinalangkas para sa walang-hanggang pag-unlad ng Kanyang mga anak. Kalaunan, marami sa mga katotohanang ito ng ebanghelyo ang nangawala dahil nahaluan ito ng mga prinsipyo o pilosopiya na namamayani noon sa mundo kung saan ipinangaral ang Kristiyanismo at sa pamamagitan ng manipulasyon ng mga lider ng pulitika. Ang pagkawalang ito ng kabuuan ng katotohanan ay tinatawag nating Apostasiya.

Maraming denominasyon ng simbahan o pilosopiyang umiiral sa daigdig ngayon ang nagtataglay, ng mas marami o mas kaunti, ng mga

DETALYE MULA SA *ANG LABINDALAWANG ITO'Y ISINUGO NI JESUS*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



***Ang awtoridad ng priesthood ay kinailangang ibalik ng mga nabuhay na mag-uling nilalang na iyon na nagtaglay nito noon sa mortalidad. Ang awtoridad na iyon ng priesthood, kasama ang mga susing kailangan upang pangasiwaan ang paggamit nito, ay nasa Simbahang ito at wala sa iba.***

katotohanang inihayag ng Diyos noong una, na nahaluan ng mga pilosopiya o manipulasyon ng mga tao. Naniniwala tayo na karamihan sa mga lider at tagasunod ng relihiyon ay tapat na naniniwala na nagmamahal sa Diyos at nakauunawa at naglilingkod sa Kanya sa abot ng kanilang makakaya. May utang-na-loob tayo sa kalalakihan at kababaihan na nagpanatiling buhay sa liwanag ng pananampalataya at kaalaman sa paglipas ng mga siglo hanggang sa panahong ito. Nais natin sa lahat ng nagsisiyasat sa ating simbahan mula sa ibang mga simbahan o sistema ng paniniwala na ingatan ang lahat ng kabutihang nasa kanila at tingnan kung paano natin madaragdagan ang kanilang pag-unawa sa katotohanan at ang kanilang kaligayahan sa pagsunod nila dito.

Dahil marami ang nawala sa Apostasiya, kinailangang ipanumbalik ng Panginoon ang kabuuan ng Kanyang doktrina. Nagsimula iyan sa tinatawag nating Unang Pangitain ni Joseph Smith.

Ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo ay nagsimula sa katiyakan na nabuhay tayo bilang mga espiritu bago tayo naparito sa lupa. Pinagtitibay nito na ang buhay na ito sa lupa ay may layunin. Itinuturo nito na ang pinakamataas nating mithiin ay maging katulad ng ating mga magulang sa langit. Ginagawa natin ito sa pagiging karapat-dapat sa maluwalhating selestiyal na kalagayan at ugnayan na tinatawag na kadakilaan o buhay na walang-hanggan, na magkakaloob sa atin ng kapangyarihan upang ipagpatuloy ang ating mga kaugnayan sa pamilya sa buong kawalang-hanggan.

Ang doktrina ni Jesucristo, kapag naunawaan sa kabuuan nito, ay ang plano kung saan tayo ay maaaring maging mga anak ng Diyos na siyang dapat nating kahinatnan. Ang walang bahid-dungis at perpektong kalagayan na ito ang magiging bunga ng patuloy na paggawa ng mga tipan, ordenansa, at mga hakbang; ng kabuuan ng mga wastong pagpili; at patuloy na pagsisisi. "Ang buhay na ito ang panahon para sa mga tao na maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 34:32). Ginawa itong posible sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Kanyang ebanghelyo.

Ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nauunawaan, panlahatan, may awa, at totoo. Kasunod ng mahalagang karanasang mabuhay sa lupa, lahat ng anak ng Diyos sa huli ay mabubuhay na mag-uli at mapupunta sa isang kaharian ng kaluwalhatiang mas maganda kaysa mauunawaan ng sinumang tao. Maliban sa iilang eksepsyon, maging ang pinakamasasama sa huli ay mapupunta sa isang kagila-gilalas—bagama't mas mababang—kaharian ng kaluwalhatian. Lahat ng ito ay mangyayari dahil sa dakilang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng Kanyang anak, at ginawang posible ito ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, "na siyang lumuluwalhati sa Ama, at inililigtas ang lahat ng gawa ng kanyang mga kamay" (D at T 76:43).

## 2. Kapangyarihan ng Priesthood

Ang pangalawa at pinakamahalagang katangian ng "tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" ay ang awtoridad ng priesthood.

Malinaw na nakasaad sa Biblia na kailangan ang awtoridad ng priesthood at na ang awtoridad na ito ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga taong mayhawak nito. Ang awtoridad ng priesthood ay hindi nagmula sa hangaring maglingkod o mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Nang mawala ang awtoridad na iyon ng priesthood dahil sa apostasiya, ibinalik ito ng mga nabuhay na mag-uling nilalang na nagtaglay nito noon sa mortalidad at isinugo upang magkaloob nito. Nangyari iyan bilang bahagi ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo, at ang awtoridad na iyon ng priesthood, kasama ang mga susing kailangan upang pangasiwaan ang paggamit nito, ay nasa Simbahang ito at wala sa iba.

Bilang bunga ng pagkakaroon ng kapangyarihan ng priesthood, ang mga lider at ang may karapatang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay binigyan ng karapatang magsagawa ng kinakailangang mga ordenansa ng priesthood, tulad ng binyag, ang kaloob na

*PAGPAPANUMBALIK NG MELCHIZEDEK PRIESTHOOD*, NI WALTER RANE © IRI; *ANG MGA HANGARIN NG AKING PUSO*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM



*Hindi tayo nakasalig sa karunungan ng mundo o sa mga pilosopiya ng tao gaano man ito katatag o iginagalang. Ang patotoo natin kay Jesucristo ay nakabatay sa mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta at sa bawat isa sa atin.*

Espiritu Santo, at pangangasiwa ng sakrament.

Ang mga susi ng priesthood, na hawak ng pinakamamahal nating propetang si Pangulong Thomas S. Monson, at ng bawat propeta at Pangulo ng Simbahan, ay nagbibigay karapatan sa kanya na makatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan. Ang Simbahang ito ay "buhay" dahil may mga propeta tayo na patuloy na nagbibigay sa atin ng salita ng Panginoon na kailangan para sa ating panahon.

### 3. Patotoo kay Jesucristo

Ang pangatlong dahilan kung bakit tayo ang tanging tunay na Simbahan ay dahil nasa atin ang inihayag na katotohanan tungkol sa likas na pagkatao ng Diyos at sa ating kaugnayan sa Kanya, at dahil dito ay kakaiba ang ating patotoo kay Jesucristo. Ang mahalaga, ang ating paniniwala sa likas na katangian ng Diyos ang siyang nagpapaiba sa atin sa mga kinikilalang doktrina ng karamihan ng mga simbahang Kristiyano.

Ang Saligan ng Pananampalataya, ang ating tanging pormal na pahayag ng paniniwala, ay nagsisimula sa ganitong paraan: "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo." Naniniwala tayo sa Panguluhang Diyos tulad ng iba pang mga Kristiyano, ngunit para sa atin iba ang kahulugan nito kaysa batid ng karamihan. Naniniwala tayo na ang tatlong miyembrong ito ng Panguluhang Diyos ay tatlong magkakahiwalay at magkakaibang nilalang at ang Diyos Ama ay hindi isang espiritu kundi isang niluwalhating nilalang na may katawan, tulad ng Kanyang nabuhay na maguling Anak na si Jesucristo. Kahit magkakahiwalay sa katauhan, iisa ang Kanilang layunin.

Nakita sa Unang Pangitain ni Joseph Smith na ang mga umiiral na konsepto noon ng likas na katangian ng Diyos at ng Panguluhang Diyos ay hindi totoo at hindi maaakay ang mga nananalig dito sa tadhanang hangad ng Diyos para sa kanila (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–19). Ang sumunod na pagbuhos ng makabagong paghahayag ay nagpalinaw sa kahalagahan ng pangunahing katotohanang ito at nagbigay din sa atin ng Aklat ni Mormon. Ang bagong aklat na ito ng banal na kasulatan ang pangalawang saksi ni Jesucristo. Pinagtitibay nito ang mga propesiya at turo sa Biblia tungkol sa likas na katangian at misyon ni Cristo. Pinalalawak nito ang ating pag-unawa sa Kanyang ebanghelyo at mga turo nang magministeryo Siya sa lupa. Marami rin itong itinuturo kung paano natin malalaman ang katotohanan ng mga bagay na ito.

Hindi tayo nakasalig sa karunungan ng mundo o sa mga pilosopiya ng tao—gaano man katatag o iginagalang ang mga ito. Ang patotoo natin kay Jesucristo ay nakabatay sa mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta at sa bawat isa sa atin. (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:1–5; 2 Nephi 28:26.)

Kung gayon, ano ang pinatitibayan natin sa ating patotoo kay Jesucristo?

Si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Diyos Amang Walang Hanggan. Siya ang Tagapaglikha ng mundong ito. Sa pamamagitan ng Kanyang walang-katulad na ministeryo sa lupa, Siya ang ating guro. Dahil sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, lahat ng nabuhay ay ibabangon mula sa mga patay. Siya ang Tagapagligtas, na kung kaninong nagbabayad-salang sakripisyo ay nagbayad para sa kasalanan ni Adan at nagbukas ng pintuan para tayo mapatawad sa ating mga kasalanan para malinis tayo upang makabalik sa piling ng Diyos, na ating Amang Walang Hanggan. Ito ang buod ng mensahe ng mga propeta sa lahat ng panahon.

Taimtim kong pinagtitibay ang aking patotoo kay Jesucristo at sa katotohanan ng Kanyang ebanghelyo. Siya ay buhay, at ang Kanyang ebanghelyo ay totoo. Siya ang Ilaw at ang Buhay ng Sanlibutan (tingnan sa D at T 34:2). Siya ang Daan tungo sa kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan (tingnan sa Juan 14:6). Para sa akin, ang himala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay hindi kayang maintindihan. Ngunit binigyan ako ng Espiritu Santo ng patotoo tungkol sa katotohanan nito, at nagagalak ako na maaari kong iukol ang buhay ko sa pagpapahayag nito. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay noong Hunyo 25, 2010, sa isang seminar para sa mga bagong mission president.*

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

# Isang **Awitin** at Isang **Panalangin**

*Nang hindi maabot ni Dillon ang mataas na nota, lalo pa siyang sumamo sa itaas para sa tulong na kailangan niya.*

May malaking problema si Dillon: ang pinakamahusay niyang talento ang pinakamalaki rin niyang pangamba. "Gustung-gusto kong kumanta," sabi ng 16-na taong gulang na Tongan, "pero hindi sa harap ng maraming tao. Masyado akong takot."

Para na ninyong nakita ang magkahalo niyang damdamin nang ibalita ng Simbahan sa Tonga ang awdisyon para sa mga bokalista upang irekord ang bersiyon sa Tongan ng Old Testament seminary soundtrack. Kapwa siya nasasabik at nangangamba.

Tatlo sa mga awitin sa soundtrack ang nangangailangan ng isang male vocalist. Pagkatapos kantahin ni Dillon ang awitin kung saan siya nag-awdisyon, ginulat siya ng producer nang pakantahin siya ng isa pa sa mga awitin na nasa soundtrack. Kahit kabado siya, ginawa niya ito, at sinabi ng producer, "Natagpuan na natin ang kakanta."

Sa kanyang pananabik—at pangamba—inalok si Dillon ng pagkakataon na irekord lahat ang tatlong awitin.

## Ang Talento ni Dillon, ang Pangamba ni Dillon

Si Dillon, na miyembro ng Maʻufanga Ward, Nukuʻalofa Tonga Stake, ay mahusay sa paaralan. Isa siya sa mga 10 porsiyento ng mga estudyanteng Tongan na napiling mag-aral sa paaralan ng gobyerno. Masaya din siya sa seminary. "Maaga niya *kaming* ginigising para makapunta siya sa seminary," sabi ng kanyang inang si Malenita Mahe.

Ngunit ang pagkanta ang gustung-gusto niyang gawin—bagama't hindi ito alam ng kanyang pamilya hanggang sa nang minsan ay hilingan siyang kumantang mag-isa sa isang programa sa Primary.

"Mahiyain talaga si Dillon," ang sabi ng kanyang ina.

Napakahusay ng pagkanta niya sa programa ng Primary kaya't hinilingan siyang kumanta sa isang kumperensya ng Nukuʻalofa Tonga Stake. Pagkatapos niyon ay palagi na siyang pinakakanta.

Sinabi niya sa kanyang ina, "Balang-araw gagamitin ko po ang talento para sa Diyos." Pagkatapos siyang mapiling kumanta sa soundtrack, sinabi niya sa kanyang ina, "Inay, nagamit ko na po ang talento ko."

Sinabi ng kuya ni Dillon na si Sione na sinisikap niyang hikayatin si Dillon na kumanta. "Gugustuhin kong magkaroon ng talentong tulad ng sa kanya," sabi niya. "Gusto ng lahat na ibahagi niya ito."

"Gustung-gusto ko kapag kumakanta siya," sabi ng kapatid niyang babae na si Pea.

"Gusto kong makakantang tulad niya balang-araw," sabi ng kanyang siyam na taong gulang na kapatid na lalaking si Paula.

Nagpapasalamat si Dillon sa suporta ng kanyang pamilya. "Mahal ko ang pamilya ko," sabi niya. "Natitiyak ko na sa tulong nila, magiging kalakasan ko ang aking mga kahinaan."

## Abutin ang Mas Mataas

Habang nakikipagtulungan si Dillon sa sound crew sa pagrekord ng mga awitin, nahirapan siya sa isang nota. "Hindi ko maabot ang nota," sabi niya. "Maraming oras kaming nagpraktis."

Sa huli, pagod na at pinanghihinaan ng loob, umuwi na siya nang gabing iyon, nalalaman na kinabukasan ay kailangan na niyang irekord ang awitin.

"Dumiretso ako sa aking silid at nagdasal sa aking Ama sa Langit na tulungan ako," sabi niya.

Ang naiisip lang niya ay kung gaano kahalaga ang soundtrack sa 50,000 miyembro ng Simbahan sa Tonga, gayundin sa libu-libong iba pa na nakapagsasalita ng Tongan sa buong mundo.

"Isa iyon sa mga pinakamahabang gabi ng buhay ko," sabi niya.

Matapos ang mahabang gabi ng panalangin at kaunting pagtulog, lumakad na si Dillon papasok sa recording studio at naabot niya ang nota.

"Aleluyah," ang naaalala niyang sinabi niya. "Napakasaya ko."

## Huwag Matakot

Isa sa mga paboritong talata ni Dillon ang Josue 1:9: "Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti;



LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON; BACKGROUND © PHOTOSPIN

Upang marinig ang isa sa mga awitin ni Dillon mula sa Old Testament seminary soundtrack, puntahan ang liahona.lds.org.



huwag kang matakot at manglupaypay: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasa iyo saan ka man pumaroon."

Sinubukan ni Dillon ang pangako, at nalaman niyang totoo ito. "Sinikap kong gawin ang lahat ng magagawa ko. Ginawa ko ang lahat at ibinuhos ko ang puso ko sa mga awitin para madama ng mga makikinig ang Espiritu."

Sa pagkapawi ng pangamba ni Dillon at pagtuon sa kanyang mga talento, nalaman niya na marami siyang natatanggap na tulong—hindi lamang mula sa kanyang pamilya kundi mula sa kanyang Ama sa Langit.

"Alam ko," sabi niya, "na sinagot ng Diyos ang mga dasal ko." ■



# Pag-awit sa Singapore

*Nalaman ng mga kabataan ng Singapore Stake ang mga pagpapalang dulot ng sakripisyo at kasipagan sa paghahanda ng isang produksyong musikal.*

**Nina Michelle Hsieh at Cerys Ong**

Pagtunog ng alarm nang alas-5:00 n.u., nagbangon ang 17-taong-gulang na si Yee Mun Lim at naghanda para sa araw na iyon. Umalis siya ng bahay nang alas-5:20 para mag-seminary. Pagsapit ng alas-6:30 n.u. nagmamadali siyang pumasok sa paaralan, at nanatili roon hanggang alas-7:00 n.g. para sa mga klase at co-curricular activity. Pagkatapos ay nagmamadali siyang sumakay papunta sa stake center upang magpraktis para sa produksyong musikal ng stake.

Ito ang karaniwang ginagawa ng karamihan sa mga kabataan sa Singapore Stake tuwing Biyernes sa loob ng limang buwan. Kung minsan pagod at hapo na sila, ngunit sa buong paghahanda para sa produksyong musikal na, *When a Prophet Speaks [Kapag Nagsalita ang Propeta],* walang mga reklamo o panghihinayang, dahil dama ng mga kabataan na makabuluhan ang mga sakripisyo nila. "Ito ang kaganapang pinakakahanga-hanga, kamangha-mangha, nagpapasigla sa espiritu, nakakatuwa, at nagpapasaya sa puso na sinalihan ko," sabi ni Yee Mun, ng Singapore Second Ward.

### Paano Ito Nagsimula

"Ang pangunahin naming layunin ay magkaisa ang mga kabataan," sabi ni Kate Loreto, ang stake Young Women president. "May mga kabataan kami sa walong iba't ibang ward at nagmula sa iba't ibang kultura.

Mahirap para sa kanila ang makihalubilo sa isa't isa. Kaya naisip namin, bakit hindi gumawa ng isang musikal para mapagsama-sama sila?"

Pumili ang mga lider ng musikang binigyang-inspirasyon ng listahan ng mga M ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008).[1] Pinili ang musikang ito "upang tumimo sa mga kabataan ang titik ng mga awit, madama ang Espiritu, at maipamuhay ang mga pamantayan," sabi ni Connie Woo, ang direktor ng buong pagtatanghal. "Gusto naming maisali ang mas maraming kabataan hangga't maaari," sabi ni Sister Woo. Sa kabuuan, 78 kabataan ang nagtanghal.

Marahil hindi lahat ng kabataang sumali ay iisa ang motibo sa simula, ngunit halos lahat sila ay patuloy na dumating sa praktis dahil nasiyahan sila sa pagkakaibigan, pag-awit, at, higit sa lahat, sa Espiritu.

***Lumakas ang mga patotoo at pagkakaibigan nang sama-samang magtanghal ang mga kabataan ng Singapore Stake.***


tumulong na tiyaking maayos ang bawat praktis. Kabilang sa mga responsibilidad niya ang mag-atas ng magdarasal, tipunin at yayain ang mga kabataan sa mga praktis at laro, at ipaalam kung saan uupo sa entablado. "Hinilingan din akong patulungin ang ilang binatilyo sa pag-aayos at pagliligpit ng mga gamit at pamahalaan ang mga kabataan sa pagganap sa kanilang mga tungkulin," sabi niya. "Nadama ko na nakabuti ang responsibilidad na ito sa mga kabataan. Sana'y naipaunawa nito sa kanila na tumatawag ng mga lider ang Panginoon ngayon, hindi lamang mula sa matatanda. Makakaya at dapat nilang itaguyod ang kanilang mga lider anuman ang edad o karanasan ng mga ito."

Si Kandace Lim, edad 18, ng Woodlands Ward ay tumulong sa pagtanggap ng mara-


Amanda Ho


Olivia Hoe


Michael Lee


Yee Mun Lim


Canden Petersen

**Pakikibahagi**

Matapos piliin ang tema at maiskedyul ang praktis, inilagay ang mga kabataan sa iba't ibang bahagi ng produksyon at sa iba't ibang komiteng akma sa kanilang mga talento.

Si Ally Chan, edad 18, ng Singapore Second Ward ay nagboluntaryong tumulong sa costume committee. "Kinailangan naming pumili ng disenteng kasuotan, na napakahalaga, at kinailangang maging mura ito, angkop sa kabataan, at maganda ring tingnan sa entablado," sabi niya. Hindi lang siya natutong magdesisyon batay sa mga pamantayan ng ebanghelyo at makipagtulungan sa iba, kundi masaya rin siya sa naging hitsura ng mga kabataan.

Si Canden Petersen, edad 15, ng Singapore First Ward ay itinalagang choir president para

ming tungkulin, kabilang na ang pagiging miyembro ng costume committee, choreography committee, photography committee, at maging sa pag-awit nang solo. Tungkol sa marami niyang responsibilidad, sabi niya, "Si Inay ang naghikayat sa aking tanggapin ang mga tungkuling ito. Itinuro niya sa akin na kung may pagkakataong maglingkod, gawin ito. Kung tatanggapin mo ang gawain at magiging masigasig dito, tiyak na tutulungan ka ng Panginoon na malagpasan ang anumang hirap na daranasin mo."

Bukod pa rito sa mga responsibilidad sa pangangasiwa, kinailangan din ng mga gaganap. Si John Lee, edad 17, ng Clementi Ward ay isa sa malalakas ang loob na nagboluntaryong mag-solo. Simple lang ang kanyang dahilan:

MGA LARAWANG KUHA NI DANIEL SOH

"Gusto ko lang kumanta! At nadarama kong espesyal ako dahil dito."

Si Ezra Tadina, edad 17, ng Woodlands Ward ay hindi nadama na kaya niyang kumanta, kaya naghanap siya ng ibang paraan para makatulong. "Pinili kong sumali," sabi niya, "at ako talaga ang nagsalaysay ng tungkol sa pakikibahagi. Dama ko ang mensahe dahil alam kong totoo ito."

### Malaking Sakripisyo

Ang mga praktis ay nagsimula noong Nobyembre 2009 hanggang Marso 2010. Sa panahong ito, nagtipon ang mga kabataan sa stake center para magpraktis tuwing Biyernes ng gabi, maliban kung pista-opisyal. Ang panahon at katapatan ng mga kabataan na dumalo ay malaking sakripisyo, kung iisipin na nakakapagod ang iskedyul ng karaniwang kabataang Singaporean.

Pinili ng first-year junior college student na si Olivia Hoe ng Bedok Ward na sumali dahil "gaano man kalaki ang mga problema ko sa buhay, pagkatapos ng maghapon, ang ebanghelyo ang nagpapatatag at tumutulong sa akin na malagpasan ang mga ito. Ang kaalaman na may Isang nagbabantay at lubos na nagmamahal sa akin ay nagpapanatag nang husto sa akin, at sa palagay ko sobra na iyan para magpatuloy ako sa araw-araw."

Marami sa mga kabataan ang may iba pang gagawin, ngunit alam nila na naglaan ng daan ang Panginoon para sa kanila. Ganyan ang nangyari sa 16-na taong-gulang na si Amanda Ho ng Singapore Second Ward. "May praktis ako sa sayaw, na nasabay sa ilang praktis para sa musikal na ito, pero himalang nagpalit ng iskedyul ang paaralan, kaya nakapunta ako sa mga praktis," paliwanag niya.

### Oras Na para Magtanghal

Pagkaraan ng maraming buwang pagpapraktis, handa na ring ipalabas ang pagtatanghal. Salamat sa masigasig na promosyon ng mga kabataan, mahigit 700 katao ang nanood sa kanila sa tatlong pagtatanghal. Nang ibahagi ng mga kabataan ang kanilang mensahe sa mga awit, sayaw, tugtog, at sarili nilang patotoo, marami sa mga manonood ang naantig.


*Kandace Lim*


*Ezra Tadina*


*Ally Chan*


*Cerys Ong*


*John Lee*

Naging hamon din sa grupo ang pag-aanyaya ng mga kaibigang di-miyembro na panoorin ang kanilang pagtatanghal at gawin itong isang oportunidad para sa gawaing misyonero. Sineryoso ni Michael Lee, edad 18, ang hamong ito. "Anim ang inanyayahan kong kaibigan, at tatlo sa mga kaeskuwela ko at isang guro ang pumunta," sabi niya. Ang kanilang pagtatanghal ay hinangaan lalo na ng kanyang guro. "Sinabi niya na ito ay isang napakagandang karanasan. Humingi pa siya ng kopya ng buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Sinabi niya na nadama niya ang sigla sa maraming umaasang puso ng mga kabataan."

Ang unang layunin ng mga lider na pagsama-samahin ang mga kabataan ay talagang natupad. "Habang nakaupo ako at nakatingala sa bawat isa sa kanila sa pagtatanghal, napuspos ng galak ang puso ko," sabi ni Sister Woo. "Hindi ito dahil sa napakaganda nilang tingnan, napakahusay nilang kumanta at tumugtog, o napakahusay nilang magsalaysay. Hindi ito dahil sa paaralan o bansang kanilang pinanggalingan. Sila ay nagkaisa."

### Ang Mensahe sa Musika

Nakatulong ang musikal na magkaroon ng mas malakas na patotoo ang marami. Sinasabi ng ilan na hinihimig nila ang tono at kinakanta ang mga titik ng mga awitin saanman sila naroon, at nakakatulong ang mensahe sa mga awitin na malagpasan nila ang mga hamon sa kanilang araw-araw na buhay. Marami sa kanila ang hindi lamang naging mabubuting magkaibigan kundi mga espiritu-wal na suportang kayang pasiglahin ang isa't isa kapag nahihirapan. Matutulungan nila ang isa't isa na manatili sa makitid na landas at espirituwal na umunlad. ■

**TALA**

1. Ang siyam na M ay maging mapagpasalamat, maging ismarte, makibahagi, maging malinis, maging tapat, maging positibo, magpakumbaba, maging payapa, maging madasalin; tingnan sa Gordon B. Hinckley, *Way to Be!* (2002); tingnan din sa "Payo at Panalangin ng Isang Propeta para sa Kabataan," *Liahona,* Abr. 2001, 33.

# PAGIGING MGA Makabagong PIONEER



*Itinuro sa atin ng mga pinuno ng Simbahan ang kahalagahan ng mga kontribusyong ginagawa natin ngayon.*

### Tayong Lahat ay mga Pioneer

"Wala akong mga ninunong kabilang sa mga pioneer noong ikalabingsiyam na siglo. Gayunman, simula pa noong mga unang araw ko sa Simbahan, nakadama na ako ng malapit na kaugnayan sa mga pioneer noon na tumawid sa kapatagan. Sila ang aking mga espirituwal na ninuno, gayundin ng bawat miyembro ng Simbahan, anuman ang ating bansang pinagmulan, wika, o kultura. . . .

"Sa pagtanggap ngayon ng mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa buong mundo, tayong lahat ay mga pioneer sa ating kani-kanyang lugar na ginagalawan at kalagayan."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Pakikinig sa Tinig ng mga Propeta," *Liahona,* Hulyo 2008, 3.**

### Lahat ay Pinagpapala ng Unang Henerasyon

"Dahil kayo ang unang tumanggap ng ebanghelyo sa inyong pamilya, kayo ang naging unang henerasyon, isang piling henerasyong nagiging tulay upang mapagpala ang nakalipas, kasalukuyan, at darating na henerasyon. . . .

". . . Nababasa at nababanggit natin sa Simbahan ang tungkol sa mga pioneer sa simula ng kasaysayan ng Simbahan. Sila ay mga unang henerasyong miyembro na katulad ninyo. . . .

"Ang kanilang pamana ay mapapasainyo bilang kapwa unang henerasyong miyembro. Maging matapat, maglingkod sa kapwa, pagpalain ang inyong pamilya, at gumawa ng mga tamang pagpapasiya. Kayo ang unang henerasyon, isang piling henerasyon na magpapala sa nakalipas, sa kasalukuyan, at sa darating na mga henerasyon."

**Elder Paul B. Pieper of the Seventy, "Ang Unang Henerasyon," *Liahona,* Nob. 2006, 11, 13.**

### Lahat Tayo ay Kailangan

"Lahat tayo ay kailangan para matapos ang gawain na pinasimulan ng mga pioneer na Banal mahigit 175 taon na ang nakalilipas at isinagawa sa nakalipas na mga dekada ng matatapat na Banal ng bawat henerasyon. Kailangan nating manalig tulad nila. Kailangan nating gumawa tulad nila. Kailangan nating maglingkod tulad nila. At kailangang magtagumpay tayo tulad nila. . . .

". . . Hindi tayo inuutusan ng Panginoon na kargahan ang handcart o kariton; inuutusan Niya tayong palakasin ang ating pananampalataya. Hindi Niya tayo inuutusang tawirin ang isang kontinente; inuutusan Niya tayong tumawid sa kabilang kalsada para dalawin ang ating kapitbahay. Hindi Niya tayo inuutusang ibigay lahat ang ating ari-arian para magtayo ng templo; inuutusan Niya tayo na magbigay mula sa ating kabuhayan at ating panahon sa kabila ng kahirapan ng modernong pamumuhay para patuloy na makapagtayo ng mga templo at pagkatapos ay regular na dumalo sa mga templong naitayo na. Hindi Niya tayo inuutusang mamatay bilang martir; inuutusan Niya tayong mamuhay tulad ng isang disipulo.


"Ito ay isang dakilang panahon para mabuhay, mga kapatid, at tayo na ang bahalang magpatuloy ng mayamang tradisyon ng matapat na pangako na siyang natatanging katangian ng naunang mga henerasyon ng mga Banal sa mga Huling araw." ■

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol "Ang Katotohanan ng Diyos ay Magpapatuloy," *Liahona,* Nob. 2008, 83–84.**

PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



*Ibinahagi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang ilang ideya tungkol sa paksang ito.*

# Ano ang matututuhan ko mula sa mga banal na kasulatan?

Ang pangunahing layunin ng lahat ng banal na kasulatan ay puspusin ang ating mga kaluluwa ng pananampalataya sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

*Mula sa "Ang Pagpapala ng Banal na Kasulatan,"* Liahona, *Mayo 2010, 33–35.*



Ang mga banal na kasulatan ay nagpapalawak sa ating alaala sa pamamagitan ng pagtulong sa atin na laging alalahanin ang Panginoon at ang kaugnayan natin sa Kanya at sa Ama. Ipinapaalala nito sa atin ang alam natin noon sa buhay bago tayo isinilang.

Ang mga kuwento ng pananampalataya ng iba sa mga banal na kasulatan ay nagpapalakas sa ating sariling pananampalataya.

Ang mga salita ng mga propeta, na tinatawag ng Panginoon na banal na kasulatan, ay dumarating sa atin nang halos palagian sa telebisyon, radyo, Internet, satellite, CD, DVD, at kahit sa mga babasahin. Tiyak na sa pagpapalang ito sinasabi sa atin ng Panginoon na mas kailangan natin ngayon ang mga banal na kasulatan kaysa rati.

Itinuturo sa atin ng banal na kasulatan ang mga alituntunin at kagandahang-asal. Sa banal na kasulatan, natatagpuan natin ang malilinaw na pagpapakita ng mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa mga tunay na alituntunin.

PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

# MGA LARAWAN

*"Sa Dios ay inilagak ko ang aking tiwala" (Mga Awit 56:4).*

**Ni Sheila Kindred**

Batay sa tunay na buhay

Isinabit ko ang bag ko sa kabinet at nakita ko ang buong larawan ko sa malaking salamin sa pinto nito. Tumigil ako at tiningnan ko ang maluwag na pagkatali ng buhok ko, ang gusot kong damit, at nakalaylay kong medyas. Naalala ko ang sinabi ng titser ko sa Primary: "Ikaw ay isang espesyal na anak ng ating Ama sa Langit. Marami Siyang pagpapalang nakalaan para sa iyong hinaharap."

Dumukwang ako at inaninag ko ang salamin, sa hangad na makita ko ang hinaharap. Ano kaya ang hitsura ko kapag 12 o 22 anyos na ako? Maganda kaya ako? Ismarte kaya ako? Ikakasal kaya ako sa templo? Magkakaroon kaya ako ng magagandang anak? Ito ang mga pangarap ko, pero ito ba ang mga pagpapalang inilaan sa akin ng Diyos?

"Ano ang tinitingnan mo?" Malambing na tinig iyon ni Inay.

Sa larawan sa salamin nakita ko si Inay na nakatayo sa likuran ko sa may pintuan.

"Ako po," sabi ko. "Ako lang po sa salamin."

Lumapit si Inay at tumingin mula sa likuran ko. "'Ikaw lang' ay isang taong napakaespesyal," sabi niya.

"Iyan po ang sabi ng titser ko sa Primary. Sinabi niya na maraming pagpapalang nakalaan ang Ama sa Langit para sa akin. Ano ang nakalaan sa buhay ko?"

"Halika sa kuwarto ko. May ipapakita ako sa iyo," sabi ni Inay.

Sa kanyang silid-tulugan binuksan ni Inay ang isang maliit na kahon at inilabas ang isang maliit na salaming may pilak na hawakan.

"Ang ganda," sabi ko, na hinahaplos ang letrang *B* na nakaukit sa likod nito.

"Salamin ito ng lola ko," sabi ni Inay. "Kapag pinupunasan ko ang salaming ito, para kong nakikita ang nakita ni Lola Beatrice nang tumingin siya rito. Siguro noong una nakita niya ang isang batang babae, katulad mo, na nangangarap ng kanyang hinaharap.

"Para kong nakikita ang kislap ng kaligayahang nakita niya sa kanyang mga mata nang tingnan niya ang mahaba niyang tirintas sa salamin bago siya bininyagan. Alam mo ba na nabinyagan lamang siya pagtuntong niya ng 18 taong gulang?"

Umiling ako. "Hindi po."


"At matapos siyang maikasal kay Lolo, nagkaroon siya ng anak na babaeng dalawang araw lang nabuhay. Para kong nakikita na ang mga matang nakita niya sa salaming ito noon ay namumugto sa kaiiyak.


"Maraming taon pagkaraan niyon, nakita na niya siguro ang kanyang masayang larawan sa salamin habang naghahanda siyang magpunta sa templo para ibuklod sa kanyang asawa at tatlong anak.

"At nang tumanda na siya, maaaring ginamit niya ang salaming ito para isuot ang



PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH





"Saliksikin ang inyong pinagmulan. Mahalagang makilala, hangga't maaari, ang mga nauna sa atin. Nakatutuklas tayo ng ilang bagay tungkol sa ating sarili kapag nakikilala natin ang ating mga ninuno."

**Pangulong Thomas S. Monson, "Mga Di Nagbabagong Katotohanan sa Pabagu-bagong Panahon," *Liahona,* Mayo 2005, 21.**

sumbrero bago magpunta sa mga pulong ng Relief Society.

"At sa huli, noong biyuda na siyang lola, maaaring nakita niya ang matapang na determinasyon sa kanyang mga mata nang mabuhay siyang mag-isa nang maraming taon ngunit naging tapat hanggang sa huli."

"Pinagpala po ba ng Ama sa Langit si Impo?" tanong ko.

"Oo, pinagpala nga Niya," sabi ni Inay.


"Naging masaya ba si Impo sa buhay niya?"

"Oo. Hindi iyon ang eksaktong ipinlano niya. Ang ilan doon ay napakahirap, ngunit nagtiwala siya sa Diyos, at ang mga karanasang iyon ay nakatulong sa kanya na maging higit na katulad Niya."

"Siguro po hindi ko na kailangang makita ang hinaharap," sabi ko, habang maingat na ibinabalik ang salaming pilak sa kahon nito. "Magtitiwala na lang ako sa Ama sa Langit at susundin Siya."

"Tiyak ko na may magandang buhay na nakalaan ang Diyos para sa iyo," sabi ni Inay. "At kung susundin mo Siya, hanggang wakas, ang mukhang mababanaag mo sa salamin ay larawan Niya. At talagang magiging pangarap iyan na natupad." ■

# **Ang** Ating **Pahina**




***Gusto ni Jazzive V., edad 7, mula sa South Carolina, USA, na bumisita sa templo kasama ang kanyang mga magulang, at mahal na mahal niya si Jesucristo. Nais niyang pag-aralan ang mga Saligan ng Pananampalataya bago siya binyagan.***


## NADAMA KO ANG ESPIRITU



Isang gabi, tulad ng bawat gabi, lumuhod ako sa tabi ng aking kama bago matulog at nagdasal. Pero nang gabing iyon pagkatapos kong magdasal, mas masaya ang pakiramdam ko kaysa rati. Alam ko na nadama ko ang Espiritu Santo nang gabing iyon.
**Lisa E., edad 12, Germany**



***Gusto ni Daniela M., edad 8, na taga-Costa Rica, na magkaroon ng family home evening at makakuwentuhan ang kanyang pamilya. Gusto niyang nakikipaglaro sa kanyang kapatid na si Rodolpho. Ang paborito niyang kulay ay fuchsia.***




***Gusto ni Rodolpho M., edad 6, na basahin ang mga banal na kasulatan tungkol sa pagsilang ni Jesucristo. Ang paborito niyang kulay ay asul. Mahal niya ang kanyang mga magulang dahil siya ay inaalagaan at mahal nila.***

**MAAARI AKONG MAGING MASAYA**



Kapag may ginawa akong mali, nagsasabi ako ng sori at nagsisikap na magpakabuti. Kapag ginagawa ko ang tama, pinasasaya ako ng Espiritu Santo. Gusto kong maging maganda palagi ang pakiramdam ko. Sa Aklat ni Mormon, nang makagawa ng masama si Nakababatang Alma, nagsisi siya at ginawa niya ang tama. Naging mabuti siyang halimbawa.
**Jared Y., edad 5, West Malaysia**



*Fynn S., edad 10, Germany*



*Valery R., edad 11, Switzerland*



*Juan G., edad 6, Ecuador*

Kung gusto ninyong magsumite ng artikulo para sa Ang Ating Pahina, i-e-mail ito sa liahona@ldschurch.org, na nakasulat ang "Our Page" sa subject line. Sa bawat isusumite ay kailangang kasama ang buong pangalan ng bata, kasarian, at edad (dapat ay mula 3 hanggang 12 taong gulang) pati na pangalan ng magulang, ward o branch, stake o district, at sulat-kamay na pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail) na gamitin ang retrato at isinumite ng bata. Ang mga isinumite ay maaaring iedit para linawin o paikliin.

KANAN: ANG MGA DROWING NINA JUAN AT FYNN AY MULA SA CHILDREN'S ART EXHIBIT

**Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito upang marami pang matutuhan tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.**

# Ang Aking Katawan ay Templo ng Diyos



*"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? . . . Ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).*

**Ni Vicki F. Matsumori**

Ipikit ang inyong mga mata at isipin ang isang templo. Ano ang kulay nito? Gaano kalaki ito? May mga bintana ba ito? May mga tore ba? Ilan?

Lahat ng mga templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay magkakaiba. Ang Salt Lake Temple sa Utah ay may pader na kulay abo na yari sa granito at may anim na tore. Iba ang hitsura nito sa Cardston Alberta Temple sa Canada, na bato ang mga dingding o pader ngunit walang mga tore. Kahit na iba ang hitsura ng bawat templo, lahat ay magaganda at iisa ang layunin ng pagkakatayo. Ang mga ito'y lugar kung saan nagaganap ang mga espesyal na ordenansa na kailangan natin upang makabalik sa Ama sa Langit.

Kayo ay katulad ng templo. Kaiba kayo sa ibang tao, ngunit kayo man ay isang bahay para sa Espiritu ng Diyos—ang Espiritu Santo. Sinabi ni Apostol Pablo: "Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? . . . Ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17). Ang inyong katawan ay templo para sa inyong espiritu.

Gaya ng paggalang na ipinakikita ninyo sa mga templo, dapat ninyong igalang ang inyong katawan. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagsunod sa Word of Wisdom (tingnan sa D at T 89), sa pananamit nang disente, at sa pagpapanatiling malinis ng inyong katawan. Dapat din ninyong panatilihing malinis ang inyong puso't isipan sa pamamagitan ng pagbabasa, pakikinig sa, at panonood ng "mga bagay lamang na nakakalugod sa Ama sa Langit" (tingnan sa Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo).

Kapag malinis ang inyong isipan at katawan, makatatanggap kayo ng malalaking pagpapala. ■


## Aktibidad

Hanapin ang daan palabas sa maze. Kapag nakarating kayo sa karatula o larawan, piliin ang landas na Oo o Hindi batay sa kung aling larawan ang nakatutulong sa inyo na ituring ang inyong katawan na tulad ng templo ng Diyos. Ang pagpili sa mga tamang landas ay hahantong sa templo.

Magdrowing ng apat pang mga bagay na makabubuti para sa inyo. Gupitin at ipatong ang inyong mga larawan sa mabubuting pagpili sa maze.

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER


Hindi
Oo
Disenteng Damit
Oo
Hindi
Pag-aaral ng Banal na Kasulatan
Hindi
Oo
Hindi Angkop na Palabas sa Telebisyon
Tinapay at mga Butil
Hindi
Oo
Hindi
Oo
Hindi
Oo
Simula
Alak at
Tabako
Mga prutas at Gulay



# Binasbasan ni Jesus ang mga Bata



Ni Diane L. Mangum



## JAIRO

Si Jairo ay isang kilalang tao sa Capernaum. Siya ay pinuno ng sinagoga kung saan pumupunta ang lahat ng Judio sa lugar para sumamba.

Nag-aalalang umupo si Jairo at ang kanyang asawa sa gilid ng kama ng kanilang anak. Palala nang palala ang sakit ng kanilang anak habang lumilipas ang oras, at nangangamba sila na baka mamatay siya. Isa lang ang alam nilang makakatulong sa kanya.

Lumabas si Jairo sa mga kalsada ng Capernaum para hanapin si Jesus ng Nazaret. Alam ni Jairo na nakapagpagaling si Jesus ng mga tao. Siguro darating si Jesus at pagagalingin ang kanyang anak.

Sa dalampasigan nagtipon ang mga tao sa pinagbabaan ni Jesus mula sa bangka. Sumiksik si Jairo sa mga tao hanggang sa makalapit siya sa Panginoon. Lumuhod si Jairo at sinabi kay Jesus na maysakit at naghihingalo ang kanyang anak.

“Ipinamamanhik ko sa iyo, na ikaw ay pumaroon at ipatong mo ang iyong mga kamay sa kaniya, upang siya’y gumaling, at mabuhay,” pagsamo ni Jairo.

Pumayag si Jesus, at sinundan sila ng maraming tao.

Nagmamadali silang sinalubong ng isang lalaki at sinabi nito kay Jairo na patay na ang kanyang anak. Huli na para pumunta pa si Jesus at tumulong. Sabi ni Jesus kay Jairo, “Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.”

Nang makarating sila sa bahay ni Jairo, nagkakagulo at nananangis ang mga tao. Maraming tao sa bahay, na humahagulgol sa lungkot.

Pumasok si Jesus sa bahay at sinabi sa kanila na huwag tumangis, dahil hindi patay ang bata kundi natutulog lang. Pinagtawanan ng ilang tao si Jesus. Alam nila na patay na ang bata.

Pagkatapos ay pinalabas ni Jesus ang maiingay na tao. Isinama niya si Jairo at ang asawa nito, pati ang Kanyang mga Apostol na sina Pedro, Santiago, at Juan, sa silid





## PAGTANGIS

Kapag may isang namatay noong panahon ni Jesus, nagbabayad ang mga pamilya ng mga tagatangis na pupunta sa kanilang mga tahanan at iiyak nang malakas at magpapatugtog ng malulungkot na himig sa plauta. Ililibing ang tao sa loob ng 24 na oras mula nang siya ay mamatay.

KALIWANG ITAAS: DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; IBA PANG MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

kung saan nakahiga ang bata.

Hinawakan ni Jesus sa kamay ang bata at sinabi, "**Dalaga**, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka."

***Ang ibig sabihin ng dalaga ay batang babae o dalagita.***

Bumangon ang dalaga. Namangha at nagalak ang kanyang mga magulang. Buhay ang kanilang anak!

May iba pang mga pagkakataon na pinagaling at binasbasan ni Jesus ang mga bata. Isang araw sa Perea, maraming tao ang nakapalibot sa Tagapagligtas, nakikinig habang Siya ay nagtuturo. Dinala ng ilang tao ang kanilang mga anak para makita si Jesus at mabasbasan Niya.

Nakita ng mga disipulo ni Jesus ang mga bata at tinangkang paalisin sila. Abala si Jesus sa maraming tao, at parang hindi mahalaga ang mga bata. Ngunit sinabi ni Jesus sa mga disipulo, "Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan; sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios."

At isa-isang kinalong ni Jesus ang mga bata. Ipinatong Niya ang Kanyang mga kamay sa ulunan ng bawat isa at binasbasan sila. Sinabi ni Jesus sa matatanda na kailangan nilang maging mapagpakumbaba tulad ng mga bata. ■

*Mula sa Marcos 5:21–24, 35–43; 10:13–16.*



# Paghahanap ng mga Taong Tuturuan

Sa pagdarasal ng mga misyonero, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagbabahagi ng kanilang patotoo, ipinapakita nila ang kanilang pagkamasunurin at nagiging karapat-dapat silang tumanggap ng tulong ng Panginoon. Gamitin ang mga direksiyon sa susi upang tulungan ang mga misyonerong ito na makahanap ng pamilya na gustong makaalam tungkol sa ebanghelyo. Halimbawa, kapag nakikita ninyong nagdarasal ang mga misyonero, lumipat sa larawan na nasa kanan. ■

Simula



Tapos






KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

NAPAKAGANDANG IDEYA

**“Nawa [tayo’y] maging . . . mabubuting kapwa sa ating komunidad, na tumutulong sa mga miyembro ng ibang pananampalataya at sa mga kamiyembro rin natin.”**

**Pangulong Thomas S. Monson**
***Mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2011***



PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS

# Isang Barya Lamang

**Ni Chad E. Phares**
Batay sa tunay na buhay

*"Kahit ikapu ko'y maliit, pananalig at pasasalamat sa Panginoon pa rin ang hatid" ("I Want to Give the Lord My Tenth,"* Children's Songbook*, 150).*












MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK


# Paano **Ginagamit** ang **Ikapu**

Ang ikapu ay ginagamit upang tumulong sa gawaing misyonero, magtayo ng mga templo at meetinghouse, maglathala ng mga banal na kasulatan, at marami pang ibang paggagamitan. Tingnan ang mga drowing ng ilan sa mga bagay na binabayaran ng ikapu. Bilugan ang drowing sa bawat hanay na kakaiba sa iba pa.

**Gawaing Misyonero** | **Mga templo** | **Mga meetinghouse** | **Mga banal na kasulatan**




KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI JOE FLORES



KANAN: PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

**ANG PAMUMUHAY AYON SA WORD OF WISDOM AY PAGPAPAKITA NG PAGGALANG SA AKING KATAWAN**

"Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo? . . . Ang templo ng Dios ay banal, na ang templong ito ay kayo" (I Mga Taga Corinto 3:16–17).

# **Mga Balita** sa Simbahan

## Nakatuon sa Aklat ni Mormon ang Isyu ng ***Liahona*** at ***Ensign*** sa Oktubre

Ang mga magasin ng Simbahan ay naglalathala paminsan-minsan ng isyu na nakatuon sa isang mahalagang paksa. Sa taong ito ang isyu ng *Liahona* at *Ensign* sa Oktubre ay nakalaan sa Aklat ni Mormon.


Ang isyu ay magtutuon sa tatlong mahahalagang tanong: Ano ang Aklat ni Mormon? Bakit tayo may Aklat ni Mormon? Ano ang kabuluhan ng Aklat ni Mormon sa akin?

Ang isyu ay kabibilangan ng kasaysayan ng Aklat ni Mormon, mga personal na karanasan dito ng mga miyembro, mga mungkahi sa pag-aaral ng banal na kasulatan, at impormasyon kung paano ito naaangkop sa ngayon. Ang mga patotoo at pananaw tungkol sa Aklat ni Mormon mula sa 15 buhay na propeta at apostol, gayon din mula sa lahat ng nagdaang Pangulo ng Simbahan, ay isasama sa buong isyu.

"May lakas sa mga patotoo ng mga namumuno sa Simbahan," sabi ni Jenifer Greenwood, assistant managing editor ng *Liahona*. "Ang kanilang patotoo ay batay sa Aklat ni Mormon, ang saligang bato ng ating relihiyon. Malaki ang hangad naming madama ng mga miyembro ang mga patotoong iyon."

Hinihikayat ang mga miyembro na gamitin ang isyu sa dalawang paraan, sabi ni Elder Paul B. Pieper ng Pitumpu, Executive Director ng Curriculum Department.

"Una, dapat itong pag-aralang muli ng mga miyembro at misyonero para sa kanilang ikabubuti at upang mapalakas ang kanilang patotoo sa Aklat ni Mormon," wika niya. "Pangalawa, dapat nilang ibahagi ang magasin sa iba, pati na sa di-gaanong aktibong mga miyembro at hindi miyembro ng Simbahan."




***Ang isyu ng* Liahona *at* Ensign *sa Oktubre ay magtutuon sa Aklat ni Mormon.***

"Hangad namin na ang isyung ito ang maging unang hakbang para talagang basahin ng mga tao ang Aklat ni Mormon mismo at muling ituon ang kanilang sarili rito," sabi ni Sister Greenwood. "Magandang pag-usapan ang Aklat ni Mormon, magbasa tungkol sa Aklat ni Mormon, at malaman ang mga bagay-bagay tungkol sa Aklat ni Mormon, ngunit ang Aklat ni Mormon mismo ang nagpapabago, na mas naglalapit sa mga tao sa Diyos."

Ang Aklat ni Mormon ay nakalagpas sa mga pagsubok, at siyang pundasyon ng ebanghelyo ni Jesucristo.

"Inihanda ang isyung ito sa pag-asang magdudulot ito ng inspirasyon sa mga pamilya at indibiduwal kapag hinangad nilang maunawaan, ipamuhay, at ibahagi sa iba ang mga turo ng Aklat ni Mormon," sabi ni Elder Pieper.

Ang isyu sa Oktubre ay makukuha sa 42 wika. Hinihikayat ang lahat ng miyembro na maging pamilyar sa nilalaman nito. May 39 na wika pang tatanggap ng Mensahe ng Unang Panguluhan at Mensahe sa Visiting Teaching mula sa isyu. Ang buong isyu ay makukuha rin online sa maraming wika sa mga web page ng *Liahona* at *Ensign*.

Ang mga miyembrong nais kumuha ng suskrisyon, magregalo ng suskrisyon, o magkaroon ng mga ekstrang kopya ng isyu tungkol sa Aklat ni Mormon ay maaaring puntahan ang kanilang pinakamalapit na Distribution Services store o bisitahin ang store.lds.org. ■

# Mga Bagong Mission President
## na Tinawag na Maglingkod

Inilahad ng Simbahan ang mga pangalan ng 127 bagong mission president nitong mga unang buwan ng taon. Karamihan ay nagsimula na sa kanilang tatlong-taong panunungkulan noong Hulyo ng taong ito.


| Mission | Bagong President |
|---|---|
| **Alaska Anchorage** | N. Warren Clark |
| **Albania Tirana** | Andrew M. Ford |
| **Alpine German-Speaking** | Richard L. Miles |
| **Argentina Buenos Aires West** | Douglas B. Carter |
| **Argentina Mendoza** | Sergio E. Avila |
| **Argentina Resistencia** | Raymond S. Heyman |
| **Argentina Rosario** | Hugo L. Giuliani |
| **Argentina Salta** | Juan J. Levrino |
| **Arizona Phoenix** | R. Scott Taylor |
| **Arizona Tucson** | Roger E. Killpack |
| **Arkansas Little Rock** | Daniel Bay Gibbons |
| **Baltic** | Jeffrey G. Boswell |
| **Benin Cotonou** | Robert F. Weed |
| **Bolivia Cochabamba** | Dan L. Dyer |
| **Brazil Brasilia** | Helcio L. Gaertner |
| **Brazil Florianopolis** | J. Joel Fernandes |
| **Brazil Fortaleza** | Francisco A. Souza |
| **Brazil Maceió** | Mauricio G. Gonzaga |
| **Brazil Manaus** | H. Moroni Klein |
| **Brazil Recife** | Rubens C. Lanius |
| **Brazil Rio de Janeiro** | Geraldo Lima |
| **Brazil Salvador** | James W. Hart |
| **Brazil São Paulo Interlagos** | R. Pacheco Pinho |
| **Brazil São Paulo North** | Marcus H. Martins |
| **Brazil São Paulo South** | John S. Tanner |
| **Brazil Vitória** | J. Araújo Bezerra |
| **California Anaheim** | Bradford C Bowen |
| **California Arcadia** | Jorge T. Becerra |
| **California Fresno** | Larry Gelwix |
| **California Riverside** | Paul F. Smart |
| **California Roseville** | John G. Weston |
| **California Sacramento** | H. Benson Lewis |
| **California San Diego** | Paul N. Clayton |
| **California San Jose** | W. Lincoln Watkins |
| **California Ventura** | Fernando R. Castro |
| **Canada Vancouver** | Karl M. Tilleman |
| **Cape Verde Praia** | Roberto F. Oliveira |
| **Chile Concepción South** | Osvaldo Martinez Carreño |
| **Chile Osorno** | John E. Rappleye |
| **Chile Santiago North** | Fred D. Essig |
| **Colombia Cali** | Jonathan M. Prince |
| **Colorado Colorado Springs** | J. Patrick Anderson |
| **Colorado Denver North** | Jerry M. Toombs |
| **Côte d'Ivoire Abidjan** | Z. Dominique Dekaye |
| **Democratic Republic of Congo Kinshasa** | Brent L Jameson |
| **Dominican Republic Santo Domingo East** | Heriberto Hernandez |
| **Dominican Republic Santo Domingo West** | Raul Rodriguez Morel |
| **Ecuador Guayaquil North** | Lizardo H. Amaya |
| **Ecuador Quito** | Bruce E. Ghent |
| **El Salvador San Salvador** | David L. Glazier |
| **El Salvador Santa Ana/ Belize** | I. Poloski Cordon |
| **England Manchester** | Robert I. Preston |
| **Fiji Suva** | Kenneth D. Klingler |
| **Finland Helsinki** | Douglas M. Rawlings |
| **Florida Fort Lauderdale** | Donald E. Anderson |
| **France Paris** | Franck Poznanski |
| **Georgia Atlanta North** | Mark A. Wolfert |
| **Germany Frankfurt** | Lehi K. Schwartz |
| **Ghana Accra** | Daniel K Judd |
| **Ghana Cape Coast** | Jeffrey L. Shulz |
| **Guatemala Guatemala City Central** | M. Joseph Brough |
| **Guatemala Guatemala City North** | Edward D. Watts |
| **Guatemala Guatemala City South** | Larry Stay |
| **Guatemala Quetzaltenango** | Lewis Bautista |
| **Honduras Tegucigalpa** | Carlos A. Hernandez |
| **Japan Kobe** | Richard G. Zinke |
| **Japan Sapporo** | Eric C. Evans |
| **Japan Sendai** | Gary D. Rasmussen |
| **Kentucky Louisville** | W. Richards Woodbury |
| **Korea Busan** | Lynn A. Gilbert |
| **Louisiana Baton Rouge** | Jim M. Wall |
| **Mexico Mexico City North** | J. Dana Call |
| **Mexico Mexico City Southeast** | Raymundo Morales Barrera |
| **Mexico Oaxaca** | Enrique Leyva Jimenez |
| **Mexico Puebla** | Robert C. Reeves |
| **Mexico Tijuana** | Armando Carreón Rivera |
| **Mexico Torreón** | David Flores Villaseñor |
| **Mexico Tuxtla Gutiérrez** | Juan G. Cardenas Tamayo |
| **Mexico Veracruz** | Carlos W. Treviño |
| **Michigan Lansing** | Stephen H. Hess |
| **Micronesia Guam** | Stephen F. Mecham |
| **Minnesota Minneapolis** | Jordan W. Clements |
| **Missouri Independence** | Donald J. Keyes |
| **Mongolia Ulaanbaatar** | Jay D. Clark * |
| **Nevada Las Vegas** | Michael A. Neider |
| **New Jersey Morristown** | Jon M. Jeppson |
| **New Zealand Auckland** | Paul N. Lekias |
| **New Zealand Wellington** | Michael L. Kezerian |
| **Nigeria Lagos** | Edward K. B. Karkari |
| **Nigeria Port Harcourt** | Philip K. Xaxagbe |
| **Ohio Columbus** | Robert T. Nilsen |
| **Oregon Eugene** | Mark A. Young |
| **Oregon Portland** | C. Jeffery Morby |
| **Pennsylvania Pittsburgh** | Clinton D Topham |
| **Peru Chiclayo** | Eduardo C. Risso |
| **Peru Lima East** | Nelson Ardila Vásquez |
| **Philippines Angeles** | David C. Martino |
| **Philippines Cebu** | Evan A. Schmutz |
| **Philippines Davao** | Ferdinand Pangan |
| **Philippines Manila** | Lyle J. Stucki |
| **Philippines Olongapo** | Roberto B. Querido |
| **Philippines Quezon City North** | Dennis R. Sperry |
| **Philippines San Pablo** | George E. Peterson |
| **Philippines Tacloban** | Jose V. Andaya |
| **Romania Bucharest** | Ned C. Hill |
| **Russia Novosibirsk** | Steven M. Petersen |
| **Russia St. Petersburg** | Jon Beesley |
| **Russia Yekaterinburg** | E. Kent Rust |
| **Samoa Apia** | Johnny L. Leota |
| **Slovenia/Croatia** | Edward B. Rowe |
| **South Africa Cape Town** | Mark I. Wood |
| **South Africa Johannesburg** | S. Craig Omer |
| **South Carolina Columbia** | Monte Holm |
| **Sweden Stockholm** | Gregory J. Newell |
| **Tahiti Papeete** | Benjamin T. Sinjoux |
| **Tennessee Knoxville** | Richard A. Irion |
| **Tennessee Nashville** | William L. McKee |
| **Texas Dallas** | Devin G. Durrant |
| **Texas Houston** | John C. Pingree |
| **Texas Houston East** | Thomas J. Crawford |
| **Texas Lubbock** | Arnold R. Augustin |
| **Ukraine Donetsk** | Vladimir Campero |
| **Ukraine Kyiv** | Jörg Klebingat |
| **Venezuela Caracas** | Vianey R. Villamizar |
| **Washington Tacoma** | Douglas W. Weaver |
| **West Virginia Charleston** | Bruce G. Pitt |
| **Zambia Lusaka** | Mikele R. Padovich ■ |

* Nagsimulang maglingkod noong Disyembre 2010

# Mga Tungkulin ng mga **Bagong Pamunuan sa Area**

Ibinalita ng Unang Panguluhan ang mga pagbabago sa mga tungkulin ng mga pamunuan sa area simula Agosto 1, 2011. Bilang bahagi ng mga pagbabago, si Elder Tad R. Callister ay tinawag sa Panguluhan ng Pitumpu. Lahat ng miyembro ng mga Area Presidency ay mga miyembro ng Una o Pangalawang Korum ng Pitumpu. ■

### Panguluhan ng Pitumpu



Ronald A. Rasband
**Tumutulong sa Lahat ng Area**

Steven E. Snow
**1. Utah North**
**2. Utah Salt Lake City**
**3. Utah South**


Walter F. González
**4. North America Southeast**

L. Whitney Clayton
**5. North America Northwest**
**6. North America West**


Jay E. Jensen
**7. North America Northeast**

Donald L. Hallstrom
**8. Idaho**
**9. North America Central**

Tad R. Callister
**10. North America Southwest**




### 11. Mexico




Benjamín De Hoyos
**Unang Tagapayo**

Daniel L. Johnson
**Pangulo**

Octaviano Tenorio
**Pangalawang Tagapayo**

### 12. Central America




James B. Martino
**Unang Tagapayo**

Enrique R. Falabella
**Pangulo**

Carlos H. Amado
**Pangalawang Tagapayo**

### 13. Caribbean




Wilford W. Andersen
**Unang Tagapayo**

Francisco J. Viñas
**Pangulo**

J. Devn Cornish
**Pangalawang Tagapayo**

### 14. South America Northwest




Juan A. Uceda
**Unang Tagapayo**

Rafael E. Pino
**Pangulo**

W. Christopher Waddell
**Pangalawang Tagapayo**

### 15. Brazil




Carlos A. Godoy
**Unang Tagapayo**

Claudio R. M. Costa
**Pangulo**

Jairo Mazzagardi
**Pangalawang Tagapayo**

### 16. Chile




Jorge F. Zeballos
**Unang Tagapayo**

Lawrence E. Corbridge
**Pangulo**

Kent F. Richards
**Pangalawang Tagapayo**

### 17. South America South




Marcos A. Aidukaitis
**Unang Tagapayo**

Mervyn B. Arnold
**Pangulo**

Bradley D. Foster
**Pangalawang Tagapayo**

### 18. Middle East/Africa North



Bruce D. Porter

Paul B. Pieper

**Pinangangasiwaan mula sa Headquarters**

## 19. Europe



Gérald Caussé
**Unang Tagapayo**

Erich W. Kopischke
**Pangulo**

José A. Teixeira
**Pangalawang Tagapayo**

## 20. Europe East



Larry R. Lawrence
**Unang Tagapayo**

Gregory A. Schwitzer
**Pangulo**

Randall K. Bennett
**Pangalawang Tagapayo**

## 21. Asia



Kent D. Watson
**Unang Tagapayo**

Anthony D. Perkins
**Pangulo**

Gerrit W. Gong
**Pangalawang Tagapayo**


## 22. Asia North




Michael T. Ringwood
**Unang Tagapayo**

Gary E. Stevenson
**Pangulo**

Koichi Aoyagi
**Pangalawang Tagapayo**




## 23. Africa West



Joseph W. Sitati
**Unang Tagapayo**

John B. Dickson
**Pangulo**

LeGrand R. Curtis Jr.
**Pangalawang Tagapayo**

## 24. Africa Southeast



Ulisses Soares
**Unang Tagapayo**

Dale G. Renlund
**Pangulo**

Carl B. Cook
**Pangalawang Tagapayo**

## 25. Philippines




Brent H. Nielson
**Unang Tagapayo**

Michael John U. Teh
**Pangulo**

Ian S. Ardern
**Pangalawang Tagapayo**

## 26. Pacific



Kevin W. Pearson
**Unang Tagapayo**

James J. Hamula
**Pangulo**

F. Michael Watson
**Pangalawang Tagapayo**

MAIIKLING BALITA SA **BUONG MUNDO**

# Binago ng Simbahan ang **mga Hangganan ng Mission**

Upang mas maitugma ang mga mapagkukunan sa pabagu-bagong mga pangangailangan, lumikha ng limang bagong mission ang Simbahan at isinama ang iba sa kalapit na mga mission nitong 2011. Ang bilang ng mga mission sa buong mundo ay 340.

Nilikha ng Simbahan ang sumusunod na mga mission:

Ang Benin Cotonou Mission—na binubuo ng Benin at Togo—ay nilikha mula sa bahagi ng dating Ivory Coast Abidjan Mission.

Ang Mexico Mexico City Southeast Mission ay binuo mula sa pagbabago ng mga hangganan ng Mexico Mexico City East, Mexico Mexico City Northwest, at Mexico Mexico City South Missions.

Ang Peru Chiclayo Mission ay binuo mula sa Peru Piura at Peru Trujillo Missions.

Ang pagkakahati ng Philippines Manila at Philippines Quezon City Missions ay lumikha ng Philippines Quezon City North Mission.

Ang Zambia Lusaka Mission ay inihiwalay sa Zimbabwe Harare Mission at makakabilang ang bansa ng Malawi.

Ang sumusunod na mga mission ay pinagsama:

Ang Canada Toronto East at Canada Toronto West ay pinagsama upang maging Canada Toronto Mission.

Ang Connecticut Hartford Mission ay isinama sa Massachusetts Boston Mission.

Binago ang hangganan ng Florida Jacksonville, Florida Tallahassee, Georgia Atlanta, at South Carolina Columbia Missions at binago upang mapaghati-hatian ng bawat isa ang dating Georgia Macon Mission.

Ang Portugal Porto Mission ay naging bahagi ng Portugal Lisbon Mission.

Binago ang hangganan ng France Paris at France Toulouse Missions upang makabilang ang Switzerland Geneva Mission area. (Dagdag pa rito, ang headquarters ng France Toulouse Mission ay inilipat sa Lyon, at ang pangalan ng mission ay pinalitan ng France Lyon.)

Binago ang mga hangganan ng El Salvador San Salvador East at El Salvador San Salvador West/Belize Missions. Ang East mission ay El Salvador San Salvador Mission na ngayon, at ang West ay El Salvador Santa Ana/Belize Mission na ngayon. ■

***Para makita ang mga mapa ng mga bagong mission, bisitahin ang lds.org/church/news/2011-mission-boundary-changes.***

### Patuloy ang Simbahan sa Pagbibigay ng Tulong sa Japan


Kasunod ng mapangwasak na lindol na may 9.0-magnitude na tumama sa Japan noong Marso 11, 2011, patuloy ang Simbahan sa pagbibigay ng mga suplay at tulong sa buong bansa.

Mahigit 150 tonelada ng mga suplay mula sa mga tulong ng Simbahan ang naipamahagi: pagkain, tubig, mga kumot, kobrekama, hygiene kit, damit, at panggatong. Mahigit 7,000 miyembro ng Simbahan ang nagbigay ng mahigit 60,000 oras sa pagtulong.

### Siyam na Milyong Talaan mula sa Hungary ang Nadagdag sa FamilySearch

Sa 11.5 milyong bagong talaan mula sa ibang mga bansa na nadagdag sa FamilySearch noong Marso, 9 na milyon ang nagmula sa Hungary.

Ang siyam na milyong talaang na-index na ang una sa tatlong talaang ibinigay ng Hungary na ilalathala sa susunod na taon. Bukod pa sa mga talaang ito, makukuha na ngayon sa FamilySearch ang mga bagong proyekto mula sa Hungary para ma-index ng mga boluntaryo. ■



MOUNTAIN HIGH MAPS © 1993 DIGITAL WISDOM, INC.

# KOMENTARYO

### Nasa *Liahona* ang mga Sagot

Malaking pagpapala ang *Liahona* sa akin, sa aking pamilya, at sa lahat ng tao na nagkaroon ako ng pagkakataong makausap tungkol sa Simbahan. Kapag kailangan ko ng payo, binabasa ko ang *Liahona,* at lagi kong natatagpuan ang sagot na kailangan ko. Maganda rin ang *Liahona* sa Internet—nakakatulong ito sa akin sa paghahanda ng mga mensahe at aralin dahil madali akong makapagsaliksik.

**Maurilio Braz Santana, Brazil**

### Isang Gabay para sa mga Naghahanap

Buwan-buwan kapag binabasa ko ang *Liahona,* nadaragdagan ang mga nalalaman ko. Ipinaaalala nito ang pagmamahal sa akin ng Tagapagligtas at tinutulungan akong magpakabuti. Alam ko na ang magasing ito ay isang gabay para sa mga tunay na naghahanap ng patnubay.

**Ange-Loraine Kouadio, Côte d'Ivoire**

### Nadarama ang Espiritu sa mga Tinig ng mga BHA

Paganda nang paganda ang *Liahona* bawat buwan. Nagagalak ako tuwing natatanggap ko ito, dahil tiyak ko na makakakita ako rito ng mga mensaheng nagpapasigla. Gustung-gusto ko lalo na ang mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nadarama ko ang Espiritu kapag binabasa ko ang tungkol sa mga taong nadaraig ang mga paghihirap at tukso dahil sa halimbawa at mga turo ng Manunubos.

**Sheila Uamba, Mozambique**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

# MGA IDEYA PARA SA **FAMILY HOME EVENING**

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Isang Matatag na Pioneer, Maraming Pinagpalang Henerasyon,"** pahina 16: Sa pagbabahagi ninyo ng artikulong ito sa inyong pamilya, isiping talakayin kung paano nakaimpluwensya ang halimbawa ni Sara sa kanyang ama. Talakayin kung paano makaiimpluwensya ang inyong halimbawa sa mga nakapaligid sa inyo sa kabutihan o kasamaan. Magtakda ng mithiin na maging isang "matatag na pioneer" araw-araw.

**"Itinanong Nga Ba Niya sa Akin *Iyan?*",** pahina 42: Habang pinag-aaralan ang artikulong ito, tukuyin at ihambing ang mga alalahaning nadama ng mga miyembro ng Simbahan tungkol sa kanilang mga tungkulin. Basahin ang sinabi ni Pangulong Monson at pagkatapos ay talakayin ang mga paraan upang matamo ang tulong ng Ama sa Langit sa pagganap sa inyong mga responsibilidad. Isiping pag-aralan ang mga mapagkukunang nakalista sa ilalim ng "Pagtanggap ng Tulong mula sa Iba pang mga Pagkukunan."

**"Ang Tanging Tunay at Buhay na Simbahan,"** pahina 48: Isiping ilista ang tatlong katangiang binanggit ni Elder Oaks na nagpapatunay na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tanging tunay at buhay na Simbahan sa mundo. Talakayin ang bawat katangian at kung paano nito pinagpapala ang inyong pamilya. Maaari ninyong isadula kung paano mapatototohanan ng inyong pamilya ang mga katangiang ito sa mga taong iba ang relihiyon.



**"Mga Larawan,"** pahina 60: Matapos ninyong basahin nang sama-sama ang artikulo, paharapin sa salamin ang bawat kapamilya at ipasabi kung ano ang nakita niya. Ipaunawa sa bawat isa na ang tinitingnan niya ay isang anak ng Ama sa Langit. Maaari ninyong talakayin at patotohanan kung gaano Niya kamahal ang bawat isa sa atin at gaano kahalaga na magtiwala tayo sa Kanya. Maaari ninyong basahin nang sama-sama ang Mga Awit 56:4 at I Mga Taga Corinto 2:9.

### Isang Aralin tungkol sa Patotoo

Nang ikasal kaming mag-asawa, nag-alala ako na ang family home evening na dadalawa kami ay magiging asiwa o paulit-ulit. Akala ko mauubusan kami ng ituturo sa isa't isa. Pero sinorpresa ako ng asawa ko sa una naming Lunes ng gabi sa pagsasabing, "Gusto kong magpatotoo." Nagpatuloy siya sa pagpapatotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa kasal. Pagkatapos niyang magpatotoo, ako naman ang nagbahagi. Isang gabi iyon na lagi kong itatangi. Bagama't hindi niya alam ang inaalala ko tungkol sa family home evening, sinagot niya ito, at nalaman ko na bawat family home evening ay isang espirituwal na karanasang maaasam.

Mula noon nanatiling tradisyon ang pagbabahagi ng patotoo sa aming family home evening. Kahit ngayong may anak na kami at iniaakma namin ang mga aralin sa kanya, hindi rin namin ito tinatapos nang hindi kami nagpapatotoo. Nasasabik ako sa araw na maririnig ko ang patotoo ng aking mga anak at maituturo ko sa kanila kung bakit mahalaga ang patotoo. ■

**Heidi Icleanu, Kentucky, USA**

# ANG TALINGHAGA NG PUNO NG SAGING



**Ni Anton T. Kumarasamy**

Ayon sa pagkakasalaysay kay Linda J. Later

Maraming mga puno ng saging sa tinitirhan ko sa Sri Lanka. Malambot ang katawan ng mga ito, kaya't madaling hiwain gamit ang kutsilyo, ngunit hindi pinuputol ng sinuman ang puno ng saging dahil mainam na prutas ang bunga nito.

Maraming taon na ang nakaraan noong maliit pa ako, nagkaroon ng napakalakas na bagyo. Nang matapos ito, lumabas ako at nakita ko na natumba sa unos ang isa sa aming mga puno ng saging; nabunot ito at natanggal ang mga dahon. Naisip ko na nakatutuwang putulin ang katawan ng sirang puno, kaya't pumasok ako sa bahay at nakakita ako ng kutsilyo. Ngunit nang puputulin ko na, pinigilan ako ng aking lolo.

"Hindi mo dapat saktan ang puno ng saging," sabi niya.

"Pero bakit po?" tanong ko. "Wala na po itong silbi, at nakakatuwang putulin."

Wala nang sinabi pa ang aking lolo ngunit sumenyas na sumunod ako sa kanya. Nagpaputol siya sa akin ng isang kahoy. Pagkatapos ay ibinalik niya ako sa bakuran kung saan nakatumba ang puno ng saging. Kahit mukhang wala na itong silbi, nagtulong kami upang hilahin ito patayo. Nang tuwid na ang katawan nito, nilagyan namin ng suhay ang mahinang puno.

"Anton," sabi ng aking lolo, "Gusto kong tingnan mo ang puno ng saging na ito sa bawat araw at tiyaking laging tuwid ito. Araw-araw kailangan mo itong diligan at pangalagaan."

Kaya't tuwing umaga ay tinitingnan ko ang puno ng saging upang matiyak na tuwid ang katawan nito. Araw-araw ay pinupuno ko ng tubig ang isang timba at maingat na ibinubuhos ito sa paligid ng mga ugat. Buong tiyaga kong pinangalagaan ang puno.

*Ang puno ng saging na sinira ng bagyo ay parang mamamatay na. Ngunit sa pamamagitan ng kaunting pagmamahal, pagmamalasakit, at araw-araw na pangangalaga, hindi lamang ito nakabangong muli kundi nagkaroon pa ng bunga.*

Hindi nagtagal may mga bulaklak na ito at, pagkatapos ay may mga saging na. Nang mahinog na ang prutas, binigyan ni Lolo ng isang saging ang bawat miyembro ng pamilya. Tuwang-tuwa akong nakamasid habang binabalatan at kinakain nila ito. Walang kasing-sarap ang mga saging na iyon, at nagalak ako na makitang nasisiyahan ang aking pamilya sa mga ito.

Nangyari iyan maraming taon na ang nagdaan, bago ko pa natagpuan Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ngunit ang mga aral na natutuhan ko habang pinangangalagaan ko ang puno ng saging ay angkop pa rin sa buhay ko ngayon. Sa mga tungkulin ko sa Simbahan gayundin sa larangan ko sa medisina, madalas akong makakita ng mga taong nasa mahihirap na kalagayan. Gaya ng puno ng saging na iyon, ang mga taong ito ay pinabayaan, nawalan ng kagandahan, at wala nang patutunguhan—maging sa sarili nilang paningin. Kapag naiisip kong gusto ko nang sumuko sa kanila, naaalala ko ang matamis na bunga ng puno ng saging na iyon at nagkakaroon ako ng lakas-ng-loob na tulungan silang tumayo, lagyan sila ng suhay, pangalagaan sila, at malasakitan sila sa araw-araw gaya ng gagawin ng Tagapagligtas.

Ang mga saging na masayang kinain ng aking pamilya ay matatamis, ngunit may iba pang prutas na binabanggit sa Aklat ni Mormon —isang prutas na "napakatamis" at "kanais-nais sa lahat ng iba pang bunga" (tingnan sa 1 Nephi 8:11–12). Magkakaroon tayo ng kagalakan sa pagtulong sa mga taong nahihirapang mahanap ang daan palabas sa abu-abo ng kadiliman at sa paggabay sa kanila upang makakain ng prutas o bunga na pinakamatamis sa lahat—ang bunga ng buhay na walang-hanggan. ■

LARAWAN NG © SUPERSTOCK



*Unang Pamumulaklak,* ni Annie Henrie

*"Sinabi nga sa kanila ni Jesus, Kaunting panahon na lamang sasagitna ninyo ang ilaw. Kayo'y magsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw, upang huwag kayong abutin ng kadiliman: at ang lumalakad sa kadiliman ay hindi nalalaman kung saan siya tutungo.*

*"Samantalang nasa inyo ang ilaw, ay magsisampalataya kayo sa ilaw, upang kayo'y maging mga anak ng ilaw" (Juan 12:35–36).*



**Ano ang dahilan ng pagiging balanse ng buhay?**

Nagmungkahi ng apat na paraan si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol para makalikha ng balanse at matwid na buhay ang mga Banal sa mga Huling Araw:

1. Panatilihing dalisay at banal ang kanilang malulusog na katawan bilang mga templo ng Diyos.

2. Unahin ang espirituwal na pagkatuto at kaalaman mula sa Diyos.

3. Maging isang henerasyon na mapagkakatiwalaan at gamitin ang pundasyon ng mga walang-hanggang katotohanan ng ebanghelyo upang makabuo ng mga pamantayan at pinahahalagahan.

4. Hangaring matuto sa mga walang-hanggang katotohanan na nasa mga banal na kasulatan.

**Tingnan sa "Ang Tradisyon ng Balanse at Matwid na Pamumuhay," p. 30.**

TAGALOG
4 02096 88893 5